


Tumutulong sa bawat residente ng Washington
na mamuhay, magtrabaho, at umunlad.

WASHINGTON GABAY NG DRIVER



Para sa lahat
ng Serbisyo!



I-scan ako



WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF
LICENSING

dol.wa.gov

Puwede ba ang ID mo sa paliparan?

REALID

HANDA KA
NA BA?



Ang REAL ID ay isang batas na nag-aatas na makatugon ang mga lisensya sa pagmamaneho at ID sa ilang partikular na pamantayan sa seguridad para matanggap para sa domestic na transportasyon sa himpapawid o magkaroon ng access sa ilang pasilidad ng pederal. Hindi kwalipikado ang mga karaniwang lisensya sa pagmamaneho at ID.



Ang mga pinagandang lisensya at ID ay ilan sa mga opsyong nakakasunod sa REAL ID. Nasa iyo na ba ang mga kailangan mo?



I-scan ang QR code o pumunta sa dol.wa.gov/real-id para matuto pa.

BATAS NG
ESTADO

**TUM
ABI
BAGALAN
ANG TAKBO**



*Ligtas na
makakauwi
ang lahat.*

BATAS NG
ESTADO

**TUM
ABI**

BAGALAN
ANG TAKBO




**Tumabi nang 200 talampakan
bago at matapos ang pangyayari.**

**Bagalan at gawing 10 mph na mas
mababa sa nakapaskil na
limitasyon sa bilis ang takbo mo.**

Mga banggaang ng sasakyan ang pangunahing sanhi ng pagkamatay at pinsala sa mga batang driver sa America.

ALAMIN KUNG MALAKI ANG POSIBILIDAD NA MAGKAROON NG BANGGAAN para sa mga edad na 16 hanggang 25



Mga Basang Kalsada

Kawalan ng Karanasan

Hindi Pagsusuot ng Seatbelt

Pagmamaneho sa Gabi

Bilis | Pagkahapo

Droga at Alak

Mga Teenager na Pasahero

Distracted na Pagmamaneho

- Ilang tao ang namamatay sa mga kalsada ng America bawat taon?
- Ano ang dapat maging layunin ng Washington sa pagkamatay sa kalsada?



**TARGET
ZERO**

520-394 (N/4/25)
Tagalog (Tagalog)



WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF
LICENSING

dol.wa.gov

Washington Driver Guide | 520-394 | Tagalog (Tagalog) | 25)



TALAAN NG MGA NILALAMAN

Kami ang Washington

Panimula

Mga Nilalaman

Pagkakapantay-pantay para sa lahat ng customer

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

1 | Mga Lisensya

Pagpapasyang magmaneho1.0

**Itinalagang numero ng Washington
(numero WDL)1.1**

License Express1.2

Mga tanggapan para sa paglilisensya at sasakyan1.3

Mga residente ng Estado ng Washington1.4

Mga bagong residente1.5

Mga bagong residente: 18+ taong gulang1.5

Mga bagong residente: 16-17 taong gulang1.5

Ang iyong pagkakakilanlan1.5

Tulong para sa walang matirhan1.5

Pagkakakilanlan at mga lisensya sa pagmamaneho ...1.6

REAL ID1.7

Pagkuha ng personal na lisensya sa pagmamaneho 1.8

Permit sa pagtuturo1.8

Pagkuha sa iyong personal na lisensya

sa pagmamaneho: edad na 16 hanggang 17 taon1.8

Pagkuha sa iyong personal na lisensya

sa pagmamaneho: edad na 18+1.8

Intermediate na lisensya sa pagmamaneho1.8

Mga permit sa agrikultura	1.8
Mga liham ng paunang babala.....	1.8
Kalusugan	1.9
Mga screening sa paningin	1.9
Donor ng organ.....	1.9
Mga medikal na pagtatalaga	1.9
Mga pag-eendorso.....	1.10
Mga may edad nang driver.....	1.11
Mga eksaminasyon para sa personal na lisensya sa pagmamaneho	1.12
Dalawang eksaminasyon.....	1.12
Pagkuha sa mga eksaminasyon	1.12
Edukasyon sa pagsasanay sa pagmamaneho	1.13
Mahigit 18.....	1.13
Para sa mga tagapangalaga ng mga bagong driver	1.14
Pagpapanatili sa iyong lisensya	1.15
Pagpapalit sa iyong lisensya sa pagmamaneho.....	1.15
Pag-renew sa iyong lisensya sa pagmamaneho	1.15
Nag-expire nang lisensya.....	1.15
Pagbawi sa iyong mga pribilehiyo sa pagmamaneho	1.15
Mga paglabag kaugnay ng alak, droga, at baril	1.15
Pagmamaneho nang nasa impluwensya (DUI)	1.15
Open container law	1.15
Mga karagdagang serbisyo	1.16
Pagpapalit ng address o pangalan	1.16
Pagpaparehistro ng botante	1.16
Pagpaparehistro sa selective service.....	1.16
Registry para sa mga kambal.....	1.16

2 | Mga Sasakyan

Mga serbisyo sa sasakyan	2.0
Certificate ng pagmamay-ari (titulo)	2.0
Pagpaparehistro	2.0
Address ng sasakyan.....	2.0
Pag-uulat ng benta	2.1
Sa pagitan ng mga indibidwal.....	2.1
Sa pagitan ng dealership at indibidwal	2.1
Mga plaka ng sasakyan	2.2
Kinakailangan ng insurance.....	2.3
Maging pamilyar sa sasakyan mo.....	2.4
Mga function	2.4
Mga adjustment.....	2.4
Teknolohiya para sa kaligtasan ng sasakyan	2.4
Pagmementina ng sasakyan	2.5
Mga gulong	2.5
Mga surface na gawa sa glass	2.5
Mga headlight.....	2.5
Mga brake light	2.5
Mga turn signal	2.5
Mga senyas gamit ang kamay	2.5
Mga hazard warning light.....	2.5
Upan ng driver.....	2.5
Proteksyon ng occupant.....	2.6
Mga seat belt at proteksyon ng occupant.....	2.6
Mga child seat	2.6
Mga airbag	2.6
Pagmamaneobra	2.7
Pagmamaneobrang hand-to-hand	2.7
Pagmamaneobrang hand-over-hand.....	2.7
Pagmamaneobra gamit ang isang kamay.....	2.7

Pagpreno	2.8
Pressure sa pagpreno.....	2.8
Mga anti-lock braking system	2.8
Pagpapabilis ng takbo	2.9
Balanseng bigat	2.10
Pitch	2.10
Roll.....	2.10
Yaw.....	2.10
Mga reference point ng sasakyan	2.11
Ang iyong mga blind zone	2.12
Mga blind zone ng ibang sasakyan	2.13
Pag-oobserba	2.13
Bago ka umalis	2.13

3 | Mga Driver

Ikaw sa likod ng manibela.....	3.0
Kalusugan	3.0
Kalusugan ng pangangatawan	3.0
Pangingin.....	3.0
Pangingin sa gabi	3.0
Pandinig.....	3.0
Impaired driving	3.1
Alak at pagmamaneho.....	3.1
Cannabis at pagmamaneho	3.1
Mga gamot at pagmamaneho.....	3.1
Polydrug use at pagmamaneho.....	3.1
Pagkahapo at pagmamaneho nang inaantok.....	3.1
Kalusugan ng pag-iisip	3.1
Agresibong pagmamaneho	3.1

Pakikipagkarera at mga demonstration sa kalye	3.1
Road rage	3.1
Kung nakakaranas ka ng road rage.....	3.1
Kung biktima ka ng road rage.....	3.1
Pag-uulat ng road rage.....	3.1
Mga may kabatirang pasya sa kalsada.....	3.2
Bakit mahalaga ang mga may kabatirang pasya	3.2
Gumawa ng maiinam na pasya.....	3.2
Paglutas ng problema sa kalsada	3.3
Pag-iwas sa distracted driving	3.4
Mga batas sa distracted driving ng Washington	3.4
Matatalinong driver	3.5
Ituon ang atensyon	3.5
Mag-obserba.....	3.5
Paggalang at responsibilidad.....	3.6
Mga paunawa sa trapiko	3.6
Kalat.....	3.6
Ang kapaligiran.....	3.6
Pagtatasa sa sarili	3.6

4 | Mga Kalsada

Kabatiran at kooperasyon.....	4.0
Kapag may mga tao.....	4.1
Kapag may mga school bus	4.2
Kapag nasa likod ka ng bus.....	4.2
Kapag nasa harap ka ng bus	4.2
Kapag may mga pampublikong bus	4.3
Kapag may malalaking sasakyan.....	4.4
Mga snowplow.....	4.4

Kapag may mga motorsiklo	4.5
Ligtas na distansya	4.5
Mga lane	4.5
Pagliko.....	4.5
Surface ng Kalsada.....	4.5
Mga ilaw.....	4.5
Kapag may mga nagbibisikleta	4.6
Pangkalahatang gabay.....	4.6
Pag-overtake sa isang nagbibisikleta.....	4.6
Mga bike lane.....	4.6
Kapag may mga tren	4.7
Mahalalagang paalala sa kaligtasan	4.7
Kailan dapat humingi ng tulong	4.7
Light rail.....	4.7
Kapag may mga sasakyang pang-agrikultura.....	4.8
Kapag may mga sasakyang pag-emergency.....	4.9

Mga panuntunan ng kalsada

Mga batas trapiko	4.10
Pangkalahatang gabay sa pagmamaneho.....	4.10
Mga device sa pagkontrol ng trapiko.....	4.10
Mga sirang ilaw o signal.....	4.10
Mga traffic light signal	4.11
Mga ramp meter sa freeway	4.11
Mga karatula	4.12
Mga karaniwang karatula.....	4.12
Mga karatula sa lugar ng trabaho	4.12
Mga karatula para sa serbisyo.....	4.12
Mga karatula para sa paglilibang	4.12
Mga karatula para sa destinasyon.....	4.12
Iba pang karatula sa trapiko.....	4.12

Mga karaniwang intersection 4.13

Pagliko 4.14

Mga U-turn 4.14

Iba pang intesection..... 4.15

Mga rotonda 4.15

Mga diverging diamond..... 4.15

Hindi kontroladong intersection..... 4.15

Mga marka sa kalsada 4.16

Mga lane..... 4.16

HOV / carpool..... 4.16

Mga reversible lane..... 4.16

Mga nakareserbang lane 4.16

Mga toll lane..... 4.16

Iba pang marka sa kalsada 4.16

Mga zone 4.17

Zone ng paaralan..... 4.17

Zone ng trabaho..... 4.17

Zone na pang-emergency..... 4.17

Parking 4.18

Mga pangkalahatang panuntunan sa parking 4.18

Perpendicular at angled parking..... 4.18

Parallel parking..... 4.18

Parking sa paahong lugar..... 4.18

Nakareserbang parking para sa may kapansanan 4.18

Parking na may charging station para

sa de-kuryenteng sasakyan..... 4.18

Pag-transport 4.19

Pag-tow..... 4.19

I-secure ang dala mo..... 4.19

Mga hayop 4.19

Karagatan	4.20
Mga ferry	4.20
Mga beach	4.20

5 | Mga Panganib

Mga panganib sa pagmamaneho	5.0
Pagbatid ng panganib	5.0
Pagtukoy ng panganib	5.0
Pagbatid ng sitwasyon	5.0
Pamamahala ng panganib	5.0

Bilis	5.1
Labis na bilis	5.1
Mga limitasyon sa bilis	5.1
Pag-adjust ng bilis para sa mga kundisyon	5.1

Espasyo	5.2
----------------------	------------

Pag-merge	5.3
Zipper merging	5.3

Oras	5.4
Pagbibilang ng segundo	5.4
Pagliko nang may kasalubong na sasakyan	5.4

Ituon ang pansin	5.5
Atensyon	5.5
Field of vision	5.5
Path of travel	5.5
Line of sight	5.5
Pangangalap ng impormasyon	5.5

Mga kundisyon ng kalsada at pagmamaneho 5.6

Pagmamaneho sa gabi	5.6
Mga paliko	5.6
Madudulas na kalsada.....	5.6
Skidding.....	5.6
Hydroplaning.....	5.6

Mga pagpalya ng sasakyan..... 5.7

Mga gulong	5.7
Power.....	5.7
Headlight.....	5.7
Accelerator.....	5.7

Mga panganib sa komunikasyon 5.8

Mga banggaan 5.9

Pagbangga ng sasakyan	5.9
Pag-uulat ng banggaan	5.9
Pag-uulat ng pinsala.....	5.9
Pagtawag sa 911	5.9
Kapag may mga kable ng kuryente.....	5.9
Kapag may nasaksihang banggaan.....	5.9
Emergency kit	5.9

Pagpapatupad ng batas 5.10

Kapag may nagpatabi sa iyo.....	5.10
Pagtanggap ng ticket.....	5.10

Mga Resource

Kongklusyon

Glossary

Accessibility at mga accommodation

Disclaimer

Kami ang Washington

Sinasalamín ng gabay na ito ang mga prinsipyo ng mga Washingtonian:

- Inaalagaan namin ang aming sarili at ang ibang tao sa pamamagitan ng pagsunod sa mga panuntunan sa kalsada.
- Mayroon tayong malasakit sa mga vulnerable na gumagamit ng kalsada.
- Nakatuon ang aming atensyon, mayroon kaming intensyon, at kalmado kami sa likod ng manibela.
- Gusto naming ligtas na makarating ang lahat sa kanilang pupuntahan.



MGA NILALAMAN

Ginawa ng Department of Licensing (DOL) ng Estado ng Washington ang opisyal na Gabay ng Driver ng Estado ng Washington (Washington State Driver Guide). Naglalaman ang gabay na ito ng maraming batas ng Washington at payo sa kaligtasan na posibleng wala sa mga batas. Tumpak ang lahat ng impormasyon sa panahon ng pagkakalathala. Gayunpaman, puwedeng wala sa gabay ang mga pinakabagong pagbabago na ginawa ng Lehislatura ng Washington (Washington Legislature). Makikita mo ang pinakabagong bersyon ng gabay na ito sa website ng DOL sa: dol.wa.gov.

PAGKAKAPANTAY-PANTAY PARA SA LAHAT NG CUSTOMER

Layunin ng Department of Licensing (DOL) na magkaroon ng kultura ng pakikiisa sa pamamagitan ng aming mga prinsipyo: diversity, pagkakapantay-pantay, pagsasama, tiwala, at paggalang. Kung posible, nagbibigay kami ng patas na access at inaalalamin ang mga balakid para sa aming mga customer. Nagbibigay kami ng makatuwirang accommodation kapag hiniling sa mga customer na kailangan nito para ma-access ang aming mga pasilidad at serbisyo. Nag-aalok kami ng mga serbisyo sa wika sa mga customer na hindi Ingles ang pangunahing wika. Hangad ng DOL na magkaroon ng pamamaraang PEAR (Pro-Equity Anti-Racism, Para sa Pagkakapantay at Laban sa Racism). Ang ahensya ay may mahusay at aktibong PEAR team ng mga partner sa komunidad, empleyado, at lider na nagtutulungan para makagawa ng lugar para sa serbisyo na tumutugon sa input ng komunidad. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga accommodation at accessibility, tingnan ang huling pahina ng gabay.

IMPORMASYON SA PAKIKIPAG-UGNAYAN | DOL.WA.GOV



Serbisyo sa customer para sa lisensya sa pagmamaneho:
360-902-3900

Serbisyo sa customer para sa lisensya ng sasakyan:
360-902-3770



Facebook.com/WashingtonDOL



Instagram.com/wa_licensing



LinkedIn.com/company/Washington-state-department-of-licensing



Threads.net/@wa_licensing



X.com/WA_DOL



Youtube.com/WALicensing

KABANATA / MGA LISENSYA

1



1.0 | PAGPAPASYANG MAGMANEHO

Ang pagiging driver ay parehong pribilehiyo at responsibilidad. Isa itong bagay na hindi mawawala sa iyo habang nabubuhay ka. Maglaan ng oras para palawakin ang iyong kaalaman at hasain ang mga kakayahan mo sa pagmamaneho. Makakatulong sa iyo ang mga ito na magkaroon ng maiinam na kasanayan at matatag ng pundasyon para sa habambuhay na pagmamaneho.

1.1 | ITINALAGANG NUMERO NG WASHINGTON (NUMERO WDL)

May nakatalagang numero ng Washington sa lahat ng lisensya, permit, at ID card ng Washington. Partikular sa iyo ang numerong ito. Madalas ay nagsisimula ito sa titik na WDL.

1.2 | LICENSE EXPRESS

Kung wala kang numero sa WDL, puwede kang makakuha ng isa sa tanggapan ng lisensya sa pagmamaneho o sa pamamagitan ng paggawa ng bagong account ng customer sa License Express. Ang License Express ay ang secure na website kung saan maa-access mo ang marami sa mga serbisyo ng DOL. Makikita ang link ng License Express sa homepage ng dol.wa.gov. Mag-sign up gamit ang isang username at password na madali mong matatandaan. Kailangan mag-set up ng mga driver ng sarili nilang account. Hindi ka puwedeng kumuha ng mga serbisyo para sa sarili mo gamit ang account ng ibang tao. Ikaw dapat ang nagmamay-ari sa account.

Sa License Express, magagawa mong:

- Magpa-appointment sa isang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho.
- Paunang mag-apply para sa permit sa pagtuturo.
- Ipaikedyul ang iyong Eksaminasyon para sa Kakayahan sa Pagmamaneho.
- I-renew ang iyong lisensya sa pagmamaneho.
- Pamahalaan ang mga tab ng iyong sasakyan.
- I-update ang iyong address.

Kung hindi mo matandaan ang iyong numero sa WDL o may mga tanong ka tungkol sa iyong License Express account, tumawag sa serbisyo sa customer para sa lisensya sa pagmamaneho ng DOL sa 360-902-3900.

1.3 | MGA TANGGAPAN PARA SA PAGLILISENSYA AT SASAKYAN


Matutulungan ka ng mga staff sa mga tanggapan sa paglilisensya na makuha ang iyong lisensya sa pagmamaneho o ID card. Bumisita sa isang tanggapan sa paglilisensya ng sasakyan para sa tulong na nauugnay sa paglilisensya at pagpaparehistro ng sasakyan. Tiyaking makikipag-ugnayan ka sa naaangkop na tanggapan para sa serbisyong kailangan mo.



1.4 | MGA RESIDENTE NG ESTADO NG WASHINGTON

Isa kang residente ng Washington kung totoo ang alinman sa mga sumusunod:

- Mayroon kang tirahan sa Washington para sa personal na paggamit.
- Nakarehistro ka para bumoto sa Washington.
- Gumagamit ka ng address sa Washington para sa mga buwis sa ilalim ng pederal o estado.
- Nakatanggap ka ng mga benepisyo sa ilalim ng isa sa mga pampublikong programa para sa tulong ng Washington.
- Nag-aaral ka sa estadong ito at nagbabayad ka ng matrikula bilang residente ng Washington o isa kang custodial na magulang na may anak na nag-aaral sa isang pampublikong paaralan sa estadong ito.
- Nakatira ka sa isang motor home o vessel na hindi permanenteng nakadikit sa anumang property, dati kang nanirahan sa Washington, at wala kang permanenteng tirahan sa iba pang estado.



MGA BAGONG RESIDENTE NA MAY EDAD NA 18+ TAON

Ang mga bagong residente na lisensyado sa ibang estado ay may 30 araw para kumuha ng lisensya sa pagmamaneho sa Estado ng Washington. Kung nag-expire na ang iyong lisensya para sa labas ng estado, kailangan mong pumasa sa Eksaminasyon para sa Kaalaman sa Pagmamaneho at sa Eksaminasyon para sa Kakayahan sa Pagmamaneho bago ka kumuha ng lisensya sa Washington. May ilang lisensyang puwedeng i-transfer nang hindi kinakailangang kunin ulit ang parehong eksaminasyon. Hanapin ang **training and testing** (pagsasanay at pagsusuri sa pagmamaneho) sa dol.wa.gov para sa impormasyon tungkol sa eksaminasyon na nauugnay sa iyong partikular na sitwasyon.

MGA BAGONG RESIDENTE: 16 HANGGANG 17 TAONG GULANG

Kung wala ka pang 18 taong gulang at mula sa ibang estado ang iyong lisensya, kakailanganin mong mag-apply para sa Intermediate na Lisensya sa Pagmamaneho (Intermediate Driver License) ng Washington. Kakailanganing aprubahan ng DOL ang kaalaman mo sa pagmamaneho na mula sa ibang estado, at kumpirmahing hindi bababa sa 6 na buwan ka nang may permit sa pagtuturo. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pag-transfer sa Washington ng coursework ng iyong pagsasanay sa pagmamaneho, mag-email sa programa ng paaralan para sa lisensya sa pagmamaneho sa tse@dol.wa.gov.

ANG IYONG PAGKAKAKILANLAN


Para makakuha ng permit sa pagtuturo, lisensya sa pagmamaneho, o card ng pagkakakilanlan, kakailanganin mong magbigay ng dokumentasyong nagpapatunay sa pagkakakilanlan mo.

- Hanapin ang **identification requirements brochure (brochure ng mga kinakailangan sa pagkakakilanlan)** sa dol.wa.gov para malaman ang mga dokumentong kailangan mo.
- Magdala ng mga orihinal na kopya ng lahat ng kinakailangang dokumento sa tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho.



PAG-DRAFT

- Mga may lisensya sa pagmamaneho o ID card sa Washington sa unang pagkakataon, kasama ang pinagandang
- Mga pag-transfer sa labas ng estado
- Pag-renew ng lisensya sa pagmamaneho, permit, o ID card
- Talaan ng driver
- Mga liham sa reinstatement
- Pagsusuri ng dokumento para sa patunay ng pagkakakilanlan



TULONG PARA SA WALANG MATIRHAN

Kung wala kang matirhan, kwalipikado ka para sa libre o pinamurang ID. Puwede ring magkwalipika ang mga taong nakakatanggap ng pampublikong tulong para sa pinamurang ID card. Para makatanggap ng tulong, makipag-ugnayan sa tanggapan ng mga serbisyo sa komunidad ng DSHS (Department of Social and Health Services, Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan) sa iyong lugar. Pumunta sa dshs.wa.gov at gamitin ang panghanap ng tanggapan para makakita ng mga serbisyo sa lugar.

1.6 | PAGKAKAKILANLAN AT MGA LISENSYA SA PAGMAMANEHO

Karaniwang Lisensya sa Pagmamaneho at ID



Pagkakakilanlan



Pag-operate ng sasakyang de-motor
(lisensya sa pagmamaneho lang)



Domestic na paglalakbay sa himpapawid



Internasyonal na paglalakbay sa himpapawid



Pagtawid sa internasyonal na border sa kalupaan
o karagatan



Access sa mga pasilidad ng pederal



Nakakatugon sa mga pamantayan ng REAL ID

1.6 | PAGKAKAKILANLAN AT MGA LISENSYA SA PAGMAMANEHO

Pinagandang Lisensya sa Pagmamaneho at ID



Pagkakakilanlan



Pag-operate ng sasakyang de-motor (lisensya sa pagmamaneho lang)



Domestic na paglalakbay sa himpapawid



Internasyonal na paglalakbay sa himpapawid



Pagtawid sa internasyonal na border sa kalupaan o karagatan (Canada, Mexico, Caribbean)



Access sa mga pasilidad ng pederal



Nakakatugon sa mga pamantayan ng REAL ID

1.7 | REAL ID

Ang REAL ID ay isang batas, hindi aktwal na ID.

Kasama ang pinagandang lisensya sa pagmamaneho o ID sa ilang opsyong nakakatugon sa mga kinakailangan sa REAL ID. Ang mga karaniwang lisensya sa pagmamaneho ay hindi na magiging katanggap-tanggap na uri ng pagkakakilanlan sa mga panseguridad na checkpoint sa paliparan, pagtawid sa border ng U.S., o pag-access ng mga secure na gusali ng pederal.

Bumisita sa REALIDwa.com para manood ng mga video para sa impormasyon, sumagot ng quiz para matukoy kung aling ID ang kailangan mo, at matuto pa tungkol sa REAL ID.

Ihanda ang ID mo para sa pagbiyahe sa

REALIDwa.com



REALID





1.8 | PAGKUHA NG PERSONAL NA LISENSYA SA PAGMAMANEHO

PERMIT SA PAGTUTURO

Bago mag-apply para sa permit sa pagtuturo, kailangan mo ng numero sa WDL.

Kung nagpapatala ka sa isang kurso para sa pagsasanay sa pagmamaneho

Puwede ka nang mag-apply para sa iyong permit sa edad na 15 taon. Mag-apply sa isang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho o nang online 1 hanggang 10 araw bago magsimula ang iyong kurso. Maghandang ibigay ang iyong numero sa WDL sa paaralan mo sa pagmamaneho para maitabi nila ito.

Kung hindi ka nagpapatala sa isang kurso para sa pagsasanay sa pagmamaneho

Puwede mong kunin ang eksaminasyon para sa kaalaman sa edad na 15½. Kapag nakapasa ka, makukuha mo na ang iyong permit. Gayunpaman, kailangan mong maghintay hanggang sa maging 18 taong gulang ka para makuha mo ang eksaminasyon para sa kakayahan at ang iyong lisensya.

May bisa ang iyong permit nang 1 taon (puwedeng i-renew nang may bayad). May bisa nang 2 taon ang score mo sa eksaminasyon para sa kaalaman. Kung masyadong matagal ang hihintayin mo bago mo kunin ang eksaminasyon para sa kakayahan, posibleng kailanganin mong kunin ulit ang eksaminasyon para sa kaalaman.

May iba't ibang ID, lisensya, at pag-eendorso para sa mga residente ng Washington.

PAGKUHA SA IYONG PERSONAL NA LISENSYA SA PAGMAMANEHO: EDAD NA 16 HANGGANG 17 TAON

Para makuha ang kauna-unahan mong lisensya sa pagmamaneho, natutugunan mo dapat ang mga sumusunod:

- Dapat ay hindi bababa sa 6 na buwan ka nang may permit sa pagtuturo.
- Dapat ay may edad kang hindi bababa sa 16 na taon at residente ka ng Washington.
- Sasailalim ka sa isang kurso para sa kaligtasan sa trapiko sa isang naaprubahang paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho.
- Tiyaking ang kurso para sa kaligtasan sa trapiko na nakumpleto sa ibang estado ay nakakatugon sa minimum na kinakailangan ng Washington (30 oras na pagtuturo sa silid-aralan at 6 na oras sa likod ng manibela).
- Papasa ka sa parehong Eksaminasyon para sa Kaalaman sa Pagmamaneho at Kasanayan sa Pagmamaneho.
- Kukumpletuhin mo ang hindi bababa sa 40 oras na pagmamaneho sa umaga at 10 oras na pagmamaneho sa gabi kasama ang isang lisensyadong driver na may 3 taon o higit pang karanasan. (Dapat itong kumpirmahin ng mga magulang, tagapangalaga, o responsableng nasa hustong gulang.)
- Wala ka dapat anumang paglabag o hatol sa trapiko sa loob ng 6 na buwan bago ka mag-apply para sa lisensya.
- Wala ka dapat anumang paglabag kaugnay ng alak o droga habang nagmamaneho gamit ang iyong permit sa pagtuturo.
- Pagpasyahan kung gusto mong magparehistro bilang donor ng organ, mata, at tissue.

Para makuha ang iyong lisensya sa personal, kailangan mong gawin ang mga sumusunod:

- Magpa-appointment sa isang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho. Puwede mo itong gawin sa pamamagitan ng License Express o pagtawag sa serbisyo sa customer para sa paglilisensya ng DOL sa 360-902-3900.
- Isama ang iyong magulang o tagapangalaga sa tanggapan sa paglilisensya para lagdaan ang form ng pahintulot ng magulang. Ang form na ito ay nagpapahintulot sa iyo na mag-apply, nagsesertipikang mayroon kang hindi bababa sa 50 oras na karanasan sa pagmamaneho, at nagkukumpirmang hindi

ka nagkaroon ng anumang infraction o paglabag sa trapiko sa nakalipas na 6 na buwan. Dapat magpakita ang iyong magulang o tagapangalaga ng patunay ng kanilang pagkakakilanlan at ng kaugnayan nila sa iyo. Kung iba ang apelyido mo sa kanila, magdala ng mga dokumentong nagpapatunay sa ugnayan ninyo sa isa't isa.

- Hintaying ilagay ng iyong paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho na nakumpleto mo na ang kurso, at ang score mo sa eksaminasyon. May 24 na oras ang iyong paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho para ilagay ang iyong score sa system kapag naipasa mo na ang bawat eksaminasyon. Kung permanente nang nagsara ang iyong paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho at kailangan mo ng tulong, mag-email sa programa ng paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho sa tse@dol.wa.gov.
- Ibigay ang iyong numero ng Social Security o lumagda ng paghahayag na wala kang ganito.
- Magpakita ng patunay ng pagkakakilanlan.
- Pumasa sa screening sa paningin.
- Magpakuha ng litrato.
- Bayaran ang anumang singil sa paglilisensya.

Bago umalis sa tanggapan, makakatanggap ka ng pansamantalang lisensya na magagamit sa loob ng 45 araw. Ipapadala sa iyo ang opisyal mong lisensya sa pamamagitan ng koreo.

Para makuha ang iyong lisensya online, kailangan mong gawin ang sumusunod:

- Dapat ay mayroon kang permit sa pagtuturo sa Washington na may larawan.
- Humingi ng pahintulot sa iyong magulang o tagapangalaga.
- Tiyaking nailagay na ng iyong paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho na nakumpleto mo na ang kurso, at ang score mo sa eksaminasyon.
- Bayaran ang anumang singil sa paglilisensya.
- I-print ang resibo. (Ito ang iyong pansamantalang lisensya. Wala itong larawan mo, kaya hindi ito valid para sa pagkakakilanlan.)

Ang larawan sa opisyal mong lisensya ay pareho sa larawan sa iyong permit sa pagtuturo o ID card sa Washington.

PAGKUHA SA IYONG PERSONAL NA LISENSYA SA PAGMAMANEHO: EDAD NA 18+

Kung ikaw ay may edad na 18 taon pataas, mayroon kang apat na opsyon sa pagkuha ng kauna-unahan mong lisensya sa pagmamaneho sa Washington. Puwedeng:

1. I-transfer mo ang iyong lisensya mula sa ibang estado.
2. Ipasa mo ang eksaminasyon para sa kaalaman at kakayahan.
3. Ipasa mo ang eksaminasyon para sa kaalaman, kumuha ka ng permit, magsanay ka magmaneho kasama ang isang lisensyadong driver na may 5 taon o higit pang karanasan, at pagkatapos ay ipasa mo ang eksaminasyon para sa kakayahan.
4. Kumuha ka ng waiver sa eksaminasyon para makuha ang iyong permit, kumuha ka ng kurso para sa pagsasanay sa pagmamaneho, pagkatapos ay ipasa mo ang eksaminasyon para sa kaalaman at kakayahan pagkatapos mong makumpleto ang kurso.

INTERMEDIATE NA LISENSYA SA PAGMAMANEHO

Dumaraan ang mga teenager sa Washington na may edad na 16 hanggang 17 taon sa dalawang pinaghihigpitang yugto ng paglilisensya bago sila mabigyan ng hindi pinaghihigpitang lisensya sa pagmamaneho: 1) permit sa pagtuturo at 2) intermediate na lisensya sa pagmamaneho. Sa pagmamaneho nang may intermediate na lisensya sa pagmamaneho, kailangan mong sundin ang mga batas sa ibaba.

Mga Paghihigpit	Mula sa Petsa ng Pag-isyu hanggang sa 6 na Buwan	Mula 6 na buwan hanggang edad na 18 taon o isang taon (alinman ang mauna)
Mga Pasahero	Bawal ang mga pasaherong wala pang 20 taong gulang maliban sa mga kamag-anak	Bawal ang mahigit sa 3 pasaherong wala pang 20 taong gulang maliban sa mga kamag-anak
Mga oras ng pagmamaneho	Bawal magmaneho mula 1 a.m. hanggang 5 a.m. maliban kung may kasamang magulang, tagapangalaga, o lisensyadong driver na may edad na hindi bababa sa 25 taon	Mag-e-expire ang mga paghihigpit sa gabi pagkalipas ng isang taon na ligtas na pagmamaneho

Sa mga batas sa intermediate na lisensya sa pagmamaneho, pinaghihigpitan din ang paggamit ng mga cell phone at wireless na device para sa komunikasyon habang nagmamaneho ka, kahit may hands-free na teknolohiya. Puwede mo lang gamitin ang iyong telepono kung may iuulat kang emergency.

Nakalista sa ibaba ang mga parusa para sa mga paglabag sa trapiko at pagkakabanggang ikaw ang may kasalanan.

Paglabag	Parusa
Ika-1	Ilalapat ang mga kasalukuyang paghihigpit hanggang sa edad na 18 taon.
Ika-2	Sususpindihin ang lisensya nang 6 na buwan o hanggang sa edad na 18 taon, alinman ang mauna.
Ika-3	Sususpindihin ang lisensya hanggang sa maging 18 taong gulang ka.

Mga Pagbubukod

- **Mga layunin sa agrikultura.** Magagawa ng mga may-ari ng intermediate na lisensya sa pagmamaneho na magmaneho anumang oras, nang may mga pasahero, para sa mga layunin sa agrikultura.
- **Isang taon na ligtas na pagmamaneho.** Magagawa ng mga may-ari ng intermediate na lisensya sa pagmamaneho na magmaneho anumang oras, nang may mga pasahero, kung hindi pa sila nasasangkot sa isang pagkakabangga o paglabag sa trapiko.

Hindi mo kailangan ng bagong lisensya kapag 18 ka na. Awtomatikong aalisin ang mga paghihigpit sa intermediate na lisensya sa pagmamaneho. Puwede kang maghintay hanggang sa pag-renew ng lisensya mo para kumuha ng updated na pisikal na kopya ng iyong lisensya sa pagmamaneho.

MGA PERMIT SA AGRIKULTURA

Ang mga permit sa agrikultura ay nagpapahintulot sa mga driver na wala pang 18 taong gulang na magmaneho sa isang partikular na lugar para sa gawain sa bukid. Walang minimum na kinakailangang edad para sa pang-juvenile na permit sa agrikultura.

Ang permit sa agrikultura ay hindi pamalit sa permit sa pagtuturo. Kailangan mo pa ring kumuha ng permit sa pagtuturo at matugunan ang lahat ng kinakailangan sa pagsasanay sa pagmamaneho bago mo makuha ang kauna-unahan mong lisensya sa pagmamaneho. Hindi iwe-waive ng permit sa agrikultura ang mga kinakailangan sa pagkuha ng kauna-unahan mong lisensya sa pagmamaneho sa Washington.

MGA LIHAM NG PAUNANG BABALA

Magpapadala ang DOL ng liham sa lahat ng driver na may edad na 18 hanggang 21 taon na makakatanggap sa una nilang paglabag habang nagmamaneho. Nadodoble ang posibilidad ng isang driver na mabangga pagkatapos matanggap ang una niyang paglabag. Makakatanggap ang mga magulang o tagapangalaga ng mga may-ari ng intermediate na lisensya sa pagmamaneho ng katulad ng liham pagkatapos ng paglabag o pagkakabangga. Layunin ng liham na tulungan ang mga batang driver na kilalanin ang mga panganib na kaakibat ng tuluy-tuloy na paglabag, at maiwasang maulit ang paglabag.

1.9 | KALUSUGAN

MGA SCREENING SA PANINGIN

Susuriin ng DOL ang paningin mo bago ka nila bigyan ng lisensya. Kung gumagamit ka ng corrective na salamin sa mata o contact lens, itatala ito sa iyong lisensya.

- Palaging isuot ang iyong salamin sa mata o contact lens kapag nagmamaneho.
- Regular na ipasuri ang iyong mga mata sa isang doktor sa mata.

DONOR NG ORGAN

Sa pagkuha mo ng iyong lisensya, tatanungin ka gusto mong mag-donate ng organ. Kung oo, magkakaroon ng pang-donor na simbolong puso ❤️ sa iyong lisensya, at ibibigay ang impormasyon mo sa registry ng donor.




Makipag-ugnayan sa LifeCenter Northwest sa lcnw.org o bisitahin ang website ng registry sa donatelifetoday.com, para sa higit pang impormasyon.



MGA MEDIKAL NA PAGTATALAGA

Mayroon kang opsyong magdagdag o mag-alis ng kapansanan o medikal na pagtatalaga sa iyong lisensya sa pagmamaneho o ID card. Kapag may emergency, ang mga pagtatalagang ito ay magbibigay sa mga unang tagaresponde ng impormasyon tungkol sa kung paano ka nakikipag-ugnayan, at sa mga kundisyong puwedeng makaapekto sa isang emergency sa kalusugan.

Puwede mong idagdag sa iyong talaan ang isa o higit pa sa mga pagtatalaga sa ibaba.



Kapansanan sa development



Hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig



Medikal na alerto



1.10 | MGA PAG-EENDORSO

Para makapagmaneho ng mga motorsiklo o komersyal na sasakyang de-motor, kailangan mo ng karagdagang pag-eendorso sa iyong personal na lisensya sa pagmamaneho. Makakakita ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng paghahanap ng **endorsement** (pag-eendorso) sa dol.wa.gov at pag-scroll papunta sa uring gusto mo.

1.11 | MGA NAKATATANDANG DRIVER

Hindi lang sa edad dapat ibatay ang mga pasya kaugnay ng iyong kakayahan sa pagmamaneho. Gayunpaman, puwedeng magdulot ang mga pagbabago sa paningin, pisikal na fitness, at reflex ng mga alalahanin sa kaligtasan. Sa tumpak na pagtatasa sa mga pagbabagong nauugnay sa edad, puwede mong baguhin ang iyong mga kasanayan sa pagmamaneho para manatili kang ligtas sa kalsada, o puwede kang pumili ng ibang paraan ng transportasyon.

Kung may mga napansin ka nang pagbabago sa iyong paningin, pisikal na fitness, atensyon, o kakayahang mabilisang tumugon sa mga biglaang pagbabago, mahalagang maunawaan na puwedeng makaapekto ang mga pagbabagong ito sa kakayahan mong ligtas na magmaneho. Ang *Ligtas na Pagmamaneho sa Pagtanda* (Driving Safely While Aging Gracefully) ay isang resource na ginawa ng USAA Educational Foundation, National Highway Traffic Safety Administration, at American Association of Retired Persons (AARP). Ito ay makakatulong sa iyo na tukuyin ang mga babalang palatandaan at makakapagbigay ng mga kapaki-pakinabang na tip sa puwede mong gawin para manatiling ligtas na driver. Para i-download ang gabay, pumunta sa [nhtsa.gov](https://www.nhtsa.gov) at hanapin ang **driving safely** (ligtas na pagmamaneho) sa search bar sa itaas ng home page.

1.12 | MGA EKSAMINASYON PARA SA PERSONAL NA LISENSYA SA PAGMAMANEHO

DALAWANG EKSAMINASYON

Bago ka maging lisensyadong driver, dapat kang pumasa sa dalawang eksaminasyon.

Ang Eksaminasyon para sa Kaalaman sa Pagmamaneho

- Tinatasa sa Eksaminasyon para sa Kaalaman sa Pagmamaneho ang pag-unawa mo sa mga panuntunan sa kalsada ng Washington.
- Dapat ay makapasa ka muna sa eksaminasyon para sa kaalaman bago mo kunin ang Eksaminasyon para sa Kakayahan sa Pagmamaneho.
- Kapag naipasa mo na ang eksaminasyon para sa kaalaman, mayroon kang dalawang taon para kumpletuhin ang eksaminasyon para sa kakayahan.

Ang Eksaminasyon para sa Kakayahan sa Pagmamaneho

- Tinatasa sa Eksaminasyon para sa Kakayahan sa Pagmamaneho ang kakayahan mong ilapat ang mga panuntunan sa kalsada ng Washington.
- Ikaw lang at ang tagasuri ang puwede sa loob ng sasakyan sa panahon ng eksaminasyon. Mayroon kaming mga pagbubukod para sa mga service animal at interpreter ng sign language.
- Legal na lisensyado at rehistradong sasakyan ang dapat gamitin sa eksaminasyon para sa pagmamaneho. Ang sasakyan ay dapat may patunay ng liability insurance sa kasalukuyan (na nagpapakita sa pangalan ng may-ari ng polisiya o sa paglalarawan ng sasakyan) at nasa ligtas na kundisyon para sa operasyon. Gumagana dapat ang mga brake light, signal light, at seat belt. Ibeberipika ng iyong tagasuri ang lahat ng kinakailangan bago simulan ang eksaminasyon.



PAGKUHA SA MGA EKSAMINASYON

May dalawang paraan para makuha mo ang iyong mga eksaminasyon para sa lisensya sa pagmamaneho.

- Maghanap ng lokasyon para sa eksaminasyon ng paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho sa pamamagitan ng paghahanap ng **approved driver training school (naaprubahang paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho)** sa dol.wa.gov.
- Magpa-appointment sa isang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho sa License Express.



1.13 | EDUKASYON SA PAGSASANAY SA PAGMAMANEHO

Ang mga paaralan para sa lisensya sa pagmamaneho na maaaprubahang mag-alok ng mga kurso para sa mga bagong driver na wala pang 18 taong gulang ay magkakaroon ng **pagtuturo sa silid-aralan** at **pagsasanay sa likod ng manibela** mula sa isang lisensyadong instructor.

Kasama sa mga opsyon sa paaralan ang mga pribadong paaralan para sa lisensya sa pagmamaneho at mga piling distrito ng paaralan. Makakakita ng mapa ng mga naaprubahang paaralan at ng kanilang mga serbisyo sa pamamagitan ng paghahanap ng **driver training school** (paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho) sa dol.wa.gov.

MAHIGIT 18 TAONG GULANG

Mas malaki ang posibilidad na makabangga ang mga driver na mahigit 18 taong gulang na, na hindi pa sumasailalim sa isang kurso para sa pagsasanay sa pagmamaneho. Para matugunan ito, may ilang paaralan para sa pagsasanay sa pagmamaneho na nag-aalok din ng mga pang-nasa hustong gulang na kurso para sa kaligtasan sa trapiko para sa mga bagong driver na mahigit 18 taong gulang na. Puwede mong kunin ang mga klaseng ito bilang baguhang driver, baguhan sa Estados Unidos, o bilang refresher. Mainam ang tamang pagsasanay at pagsusuri ng kasanayan para sa anumang edad.

1.14 | PARA SA MGA TAGAPANGALAGA NG MGA BAGONG DRIVER

Ang mga mentor sa pagmamaneho na may malawak nang karanasan ay puwedeng maging mainam na resource para sa mga bagong driver. Ang pagpapakita ng mga ligtas na gawi sa pagmamaneho at malinaw na komunikasyon ay dalawang paraan para makatulong ang mga mentor sa pagkatuto ng isang batang driver.

Kinakailangan ng mga kurso para sa pagsasanay sa pagmamaneho para sa mga mag-aaral na wala pang 18 para makapag-alok ng klase para sa orientation ng magulang. Sa pagpunta sa mga session na ito, magiging pamilyar ang mga mentor sa programa, at mas maipapaliwanag ang kinakailangang 40 oras na pagmamaneho sa umaga at 10 oras na pagmamaneho sa gabi.

Makakakita ng mga karagdagang resource sa pamamagitan ng paghahanap ng **teen safe driving agreement** (kasunduan sa ligtas na pagmamaneho ng teenager) sa dol.wa.gov.

1.15 | PAGPAPANATILI SA IYONG LISENSYA

PAGPAPALIT SA IYONG LISENSYA SA PAGMAMANEHO

Kung mawawala, mananakaw, masisira, o hindi na nababasa ang iyong lisensya, puwede kang mag-apply para sa kapalit sa dol.wa.gov. Puwede ka ring personal na humingi ng duplicate sa anumang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho.

PAG-RENEW SA IYONG LISENSYA SA PAGMAMANEHO

- Makikita ang iyong petsa ng pag-expire malapit sa ibaba ng iyong lisensya. Puwede mong i-renew ang iyong lisensya nang hanggang isang taon bago ito mag-expire.
- Mag-renew online sa pamamagitan ng License Express, o sa isang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho.

NAG-EXPIRE NANG LISENSYA

- Kung ire-renew mo ang iyong lisensya pagkatapos nitong mag-expire, posibleng may karagdagang singil.
- Kung 8 taon nang nag-expire ang iyong lisensya o higit pa, kakailanganin mong kunin ulit ang eksaminasyon para sa kakayahan at kaalaman.

PAGBAWI SA IYONG MGA PRIBILEHIYO SA PAGMAMANEHO

Malaking responsibilidad ang pagmamaneho. Dapat ay ligtas kang magmamaneho sa lahat ng pagkakataon. Puwedeng mawala ang pribilehiyo sa pagmamaneho ng mga driver para sa ilang dahilan, pati para sa mga nakalista sa ibaba.

- Paglabag sa mga paghihigpit sa intermediate na lisensya
- Pagiging menor de edad at pagkakaroon ng alak, droga, o baril
- Pagkakaroon ng ilang paglabag habang nagmamaneho
- Pagmamaneho nang may lisensyang nasuspende o pinawalang bisa
- Pagtakas mula sa mga nagpapatupad ng batas
- Pagmamaneho nang nasa impluwensya
- Pakikipagkarera o hindi maingat na pagmamaneho
- Paglalagay sa isang construction o emergency worker sa panganib
- Pagkakaroon ng mga hindi pa nalulutas na citation sa trapiko
- Pagiging bahagi ng vehicular assault, vehicular homicide, o hit and run
- Pagsasagawa ng felony nang gumagamit ng sasakyang de-motor
- Pagmamaneho nang walang insurance
- Hindi pagsailalim sa pagsusuri para sa competency

Para sa higit pang impormasyon, hanapin ang **license suspensions** (pagsususpende ng lisensya) sa dol.wa.gov.

MGA PAGLABAG KAUGNAY NG ALAK, DROGA, AT BARIL

Malaki ang posibilidad na iantala ng mga menor de edad, na may paglabag kaugnay ng alak, droga, o baril, ang kanilang lisensya hanggang sa edad na 17 taon.

Kapag kwalipikado ka nang bawiin ang iyong lisensya sa pagmamaneho, dapat mong kunin ang eksaminasyon para sa kaalaman at kakayahan sa pagmamaneho (kahit nakuha mo na ang mga ito). Kakailanganin mo ring magbayad ng singil sa muling pag-isyu, na bukod pa sa mga karaniwang singil sa eksaminasyon at paglilisensya. Kung ikaw ay wala pang 18 taong gulang, kakailangain mo rin ang pahintulot ng isang magulang o tagapangalaga.

PAGMAMANEHO NANG NASA IMPLUWENSYA (DUI)

Sa Washington, ilegal magmaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga (RCW [Revised Code of Washington, Binagong Kodigo ng Washington] 46.61.502). Ang pagmamaneho nang nasa impluwensya ay may mga nakamamatay at legal na kahihinatnan.



Naaangkop din ang DUI (Driving Under the Influence, Pagmamaneho nang Nasa Impluwensya) sa pagkakaroon ng kontrol sa isang sasakyan, kahit naka-park ito (RCW 46.61.503). Kung mayroon kang kakayahan na kontrolin ang makina ng o ang pag-operate sa isang sasakyan, ikaw ang may pisikal na kontrol sa sasakyan. Sa ilalim ng **Batas sa Ipinabatid na Pahintulot (The Implied Consent Law)** (RCW 46.20.308), sumasang-ayon ang lahat ng nagmamaneho sa Washington na suriin kung paghihinalaan ng isang opisyal na nasa impluwensya siya ng alak o droga.

Concentration ng Alak sa Dugo (BAC)

Sinusukat sa pagsusuri sa BAC (Blood Alcohol Concentration, Concentration ng Alak sa Dugo) ang dami ng alak sa iyong system. Para sa mga driver na may edad na 21 taon pataas, ang pagkakaroon ng BAC na .08% pataas ay itinuturing na DUI at puwedeng magresulta sa mga legal na kahihinatnan. Ang mga driver na wala pang 21 taong gulang ay may parehong posibleng kahihinatnan para sa BAC na 0.02%.

Concentration ng Cannabis sa Tetrahydrocannabinol (THC)

Sinusukat sa pagsusuri ng THC ang dami ng THC sa iyong system. Para sa mga driver na may edad na 21 taon pataas, ang pagkakaroon ng mahigit 5 nanogram ng aktibong THC para sa bawat milliliter ng dugo sa kanilang system ay ituturing na DUI at puwedeng magresulta sa mga legal na kahihinatnan. Ganoon rin ang magiging kahihinatnan para sa mga driver na wala pang 21 taong gulang para sa anumang mahigit 0 nanogram ng aktibong THC para sa bawat milliliter ng dugo sa kanilang system.

Kung tatanggi kang magpasuri, puwedeng mawala ang pribilehiyo mo sa pagmamaneho sa loob ng 90 hanggang 730 araw, o hanggang sa maging 21 taong gulang ka, alinman doon ang mas mahaba. Nakadepende sa maraming salik ang haba ng pagsususpende sa iyo, pati sa bilang ng mga naging paglabag mo.

Mga nasa hustong gulang (21 pataas)	Mga menor de edad (wala pang 21)
BAC na 0.08% pataas THC na 5.00 ng pataas	BAC na 0.02% pataas THC na mahigit 0.00 ng

Kahit mga driver na may malawak nang karanasan ay walang kakayahang ligtas na magmaneho pagkatapos uminom ng alak at/o gumamit ng droga. Makasagip ng buhay sa pagpapasyang hindi kailanman magmaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga!

Habambuhay nang nasa iyong talaan sa pagmamaneho ang mga paglabag kaugnay ng alak at droga. Kung maaaresto ka nang nasa impluwensya ng alak o droga, mabigat ang mga parusa: pagbawi ng lisensya, malaking multa, parusang pangkrimen, pagkakabilanggo, at mas mataas na rate ng insurance.

Puwedeng kasama rin sa mga hatol ang:

- Pagsususpende sa mga pribilehiyo sa pagmamaneho nang 90 araw hanggang 4 na taon
- Probationary na lisensya
- Ignition interlock device sa pagmamaneho ng sasakyan
- Kinakailangang patunay ng pinansyal na responsibilidad
- Ulat sa pagtatasa at paggamot ng pag-inom ng alak
- Muling pag-apply para sa lisensya, pagkuha ulit sa eksaminasyon para sa kaalaman at kakayahan, at pagbabayad sa singil sa muling pag-isyu

OPEN CONTAINER LAW

Sa open container law, infraction sa trapiko kung ang sinumang nasa isang sasakyan sa kalsada ay:

- Umiinom ng alak o gumagamit ng cannabis.
- May lalagyan ng alak o produktong may cannabis na nabuksan na, may sirang seal, o partial nang nakonsumo.
- Nagtatago ng alak o cannabis sa mga lalagyang walang label o may maling label.

Sa trunk o truck bed lang puwedeng ibiyahe ang mga nakabukas nang alak at produktong may cannabis. Ang mga lalagyan ng alak o cannabis ay hindi puwedeng ilagay sa mga storage compartment na kayang abutin ng driver.

PAGPAPALIT NG ADDRESS O PANGALAN

Kung magpapalit ka ng address, i-update ang iyong impormasyon sa License Express sa loob ng 10 araw pagkatapos ng pagpapalit. Dapat gawin ang mga pagbago ng pangalan sa isang tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho.

PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE

Puwede kang magparehistro para bumoto sa website ng Kalihim ng Estado (Secretary of State) na sos.wa.gov, o sa pagkuha mo ng iyong lisensya sa tanggapan para sa lisensya sa pagmamaneho. Magagawa ng mga residenteng may edad na 16 hanggang 17 taon na paunang magparehistro para bumoto kapag nag-a-apply para sa isang lisensya sa pagmamaneho o ID card.

PAGPAPAREHISTRO SA SELECTIVE SERVICE

Puwede kang magparehistro sa Selective Service System ng Estados Unidos (United States Selective Service System) kapag nag-apply ka para sa isang lisensya o ID card. May higit pang impormasyon sa website ng Tanggapan ng Attorney General ng Estado ng Washington (Washington State Office of the Attorney General) sa: atg.wa.gov.

REGISTRY PARA SA MGA KAMBAL

Sa pag-apply para sa iyong lisensya, itatanong kung mayroon kang kakambal. Ang Registry para sa Mga Kambal ng Estado ng Washington (The Washington State Twin Registry) ay para sa mga kambal na interesadong makibahagi sa mga pananaliksik na pag-aaral. Puwedeng makipag-ugnayan ang mga unibersidad sa mga indibidwal na may kakambal sa pamamagitan ng Department of Licensing. Kung mayroon kang mga tanong, bumisita sa wstwinregistry.org.

2



KABANATA 2 *MGA SASAKYAN*



2.0 | MGA SERBISYO NG SASAKYAN

Bilang lisensyadong driver, kailangan mong sundin ang mga panuntunan sa kalsada. Kailangan mo ring maunawaan ang mga kinakailangan ng sasakyang minamaneho mo. Makikita sa License Express ang mga serbisyong kinakailangan para sa pagmementina ng iyong sasakyan. Ang link sa License Express ay makikita sa kanang sulok sa itaas ng home page ng dol.wa.gov. (Ang direktang address ay secure.dol.wa.gov/home.) Puwede ka ring pumunta sa isang tanggapan para sa paglilisensya ng sasakyan para personal na makipagtransaksyon.

CERTIFICATE NG PAGMAMAY-ARI (TITULO)

Mag-iisyu ang Department of Licensing ng Certificate ng Pagmamay-ari (Certificate of Ownership) (na tinatawag ding titulo) para sa karamihan ng mga sasakyan. Isinasaad ng titulo ang (mga) rehistrado at legal na may-ari ng sasakyan, ang VIN (Vehicle Identification Number, Numero ng Pagkakakilanlan ng Sasakyan), at ang impormasyon ng bangko (kung may loan). Mahalaga ang dokumentong ito! Panatilihin ito sa isang ligtas na lugar pero hindi sa sasakyan.

PAGPAPAREHISTRO

Rehistrado dapat ang lahat ng sasakyan sa Department of Licensing. Para magawa mong magparehistro ng sasakyan sa Washington, kailangan ay mayroon kang lisensya sa pagmamaneho (maliban kung exempted ka sa batas). Ang mga customer na may exemption ay puwedeng sumagot ng form na Pagpaparehistro ng Sasakyan Exemption sa Lisensya sa Pagmamaneho (Vehicle Registration Driver License Exemption). Ang mga bagong residente ay may 30 araw para makumpleto ang pagpaparehistro ng kanilang sasakyan. Dapat iparehistro kaagad sa Washington ang mga sasakyang binili sa ibang estado.

Para maiparehistro ang iyong sasakyan, kakailanganin mo ang:

- Kasalukuyang Certificate ng Pagmamay-ari (titulo). (Kung mawawala ang titulo ng iyong sasakyan, tanungin sa estado kung saan ito naisyu para sa isang kapalit.)
- Lisensya sa pagmamaneho sa Washington para sa lahat ng rehistradong may-ari.

Magbibigay ng bagong dokumento ng pagpaparehistro bawat taon kasabay ng pag-renew mo sa iyong mga tab. Lagdaan ang bawat bagong pagpaparehistro at itabi ito sa iyong sasakyan.



ADDRESS NG SASAKYAN

Ang pagpapalit ng address mo sa iyong lisensya sa pagmamaneho ay hindi makakaapekto sa address ng sasakyan mo. Puwede mong baguhin ang iyong address online sa pamamagitan ng License Express o sa personal sa isang tanggapan para sa paglilisensya ng sasakyan.

2.1 | ULAT NG PAGBEBENTA

SA PAGITAN NG MGA INDIBIDWAL

Kung ibebenta, ite-trade, ireregalo, o idi-dispose mo ang iyong sasakyan, maghain ng form na Ulat ng Pagbebenta ng Sasakyan sa loob ng 5 araw. Alisin ang mga plaka ng sasakyan, bayarin ang singil, at ihain ang iyong ulat ng pagbebenta sa isang tanggapan para sa paglilisensya ng sasakyan, o hanapin ang **report of sale** (ulat ng benta) sa dol.wa.gov. Ang ulat ng pagbebenta ay hindi naglilipat ng pagmamay-ari. Sa pagbebenta ng sasakyan, ang titulo ay dapat lagdaan at petsahan ng (mga) may-ari at ibigay sa bumibili. Dapat dalhin ng bumibili ang nilagdaang titulo sa isang tanggapan para sa paglilisensya para mailipat ang pagmamay-ari sa loob ng 15 araw para maiwasan ang mga multa.

SA PAGITAN NG DEALERSHIP AT INDIBIDWAL

Kung dealer ang nagbebenta ng sasakyan, puwedeng ang dealership ang maghain ng ulat ng pagbebenta para sa iyo, pero hindi inaatasan ang dealership na gawin iyon. Mas mainam kung ikaw mismo ang maghahain sa ulat.





2.2 | MGA PLAKA NG SASAKYAN


Malinaw dapat na nakakabit ang mga plaka sa harap at likod ng mga sasakyang de-motor na nakarehistro sa Washington. Dapat ay malinis at madaling basahin ang mga ito. Puwede kang magkaroon ng frame para sa plaka, pero ilegal na takpan ang mga titik, numero, o tab sa plaka.

2.3 | KINAKAILANGAN NG INSURANCE

Dapat ay magdala o magtabi ka sa iyong sasakyan ng patunay ng insurance. Inaatasan ka ng Estado ng Washington na magkaroon at magdala ng patunay ng liability insurance. Nakasaad dapat dito ang mga sumusunod:

- \$25,000 o higit pa, na maibabayad para sa pinsala sa katawan o pagkamatay ng isang tao sa isang banggaan kung saan isang tao lang ang nagtamo ng pinsala o namatay
- \$50,000 o higit pa, na maibabayad para sa pinsala sa katawan o pagkamatay ng dalawa o higit pang tao sa isang banggaan
- \$10,000 o higit pa, na maibabayad para sa pinsala sa o pagkasira ng ari-arian ng ibang tao sa anumang banggaan

2.4 | MAGING PAMILYAR SA SASAKYAN MO



May kanya-kanyang katangian ang bawat sasakyan. Iba-iba ang laki, makina, device para sa kaligtasan, accessory, teknolohiya, at pangangasiwa sa mga ito. Mahalagang basahin ang manual ng bawat sasakyang minamaneho mo. Maglaan ng oras para maging pamilyar sa mga pangunahing component ng sasakyan.

MGA FUNCTION

Pagsakay mo pa lang sa isang sasakyan, malalaman mo na kaagad kung awtomatiko o manual ang transmission nito. Kailangan ay pamilyar at may practice sa sasakyan para ma-operate ang bawat isa. Basahin ang manual ng may-ari para maunawaan ang mga system, device, gauge, at instrumentong natatangi sa sasakyan. Maging pamilyar sa mechanics ng iyong sasakyan bago ka magmaneho, para maituon mo ang iyong atensyon sa kalsada.

MGA ADJUSTMENT

Sa tuwing sasakay ka sa isang sasakyan, kailangan mong gumawa ng mga adjustment para matugunan ang mga pangangailangan mo sa kaligtasan, pagkontrol, at kaginhawahan. I-adjust ang manibela, upuan, at mga salamin para lumawak ang visibility mo. Dapat ay madali mong naaabot ang mga pedal at instrumento.

TEKNOLOHIYA PARA SA KALIGTASAN NG SASAKYAN

Sa inobasyon at advancement sa industriya ng mga sasakyan, nagkaroon ng development sa mga system para sa kaligtasan, na tumutulong para mabawasan ang mga negatibong resulta na dulot ng human error at hindi ligtas na gawi. Nababawasan ng Vehicle Safety Technology (VST) at Advanced Driver Assistance Systems (ADAS) ang epekto ng mga banggaan sa pamamagitan ng pagsubok na pigilan ang mga ito na mangyari. May kakayahan ang mga ito na magbigay ng mga advanced o karagdagang babala na magpapabilis sa bilis ng pagtugon mo. Ang mga ito ay naglalayong magsilbing gabay sa maiinam mo nang kasanayan sa pagmamaneho, at hindi pamalit sa mga ito. Ikaw pa rin ang ganap na responsable para sa pag-operate ng iyong sasakyan.

Kahit may VST at ADAS, kailangan mo pa ring gamitin ang iyong mga kakayahan sa pagbatid ng panganib at ang kaalaman mo sa mga panuntunan ng kalsada dahil may mga limitasyon ang mga system na ito. Halimbawa, may kakayahan ang mga system na ito na magbigay ng alerto kapag may sasakyan sa iyong blind spot; gayunpaman, hindi made-detect ng mga ito kung may sasakyan na dalawang lane mula sa iyo na naghahanda ring mag-merge. Bukod pa rito, puwedeng hindi matukoy ng mga teknolohiya sa pag-detect ng iyong sasakyan ang mga taong naglalakad, nagbibisikleta, o may ride malapit sa iyong sasakyan. Responsibilidad mong magbigay-daan ayon sa batas ng estado. Dagdag pa rito, puwedeng dumumi ang mga sensor o mabura ang mga marka sa kalsada, na makakaapekto sa maayos na pag-function ng teknolohiya.

Mahalagang familiar ka sa mga feature at teknolohiya ng anumang sasakyang minamaneho mo. Iwanang nakabukas ang mga ito, maliban na lang kung sobrang sama ng lagay ng panahon at magiging abala ang mga notification. Tiyaking epektibo mong magagamit ang mga feature na ito. Para matuto pa tungkol sa mga teknolohiya para sa kaligtasan ng iyong sasakyan, basahin ang manual ng sasakyan mo, magtanong sa isang dealership ng sasakyan, o bumisita sa mycardoeswhat.org.

Narito ang ilang pangunahing component at feature ng VST at ADAS:

1. **Mga collision avoidance system.** Nagde-detect ng mga balakid at nagbibigay ng mga babala para maiwasan ang mga banggaan. May mga feature ang mga ito na gaya ng AEB (automatic emergency braking, awtomatikong pagprenong pang-emergency), babala kung may mababangga sa harap, at babala sa paglipat ng lane.
2. **Adaptive cruise control (ACC).** Nagpapanatili ng nakatakdang bilis pero ina-adjust ito batay sa distansya sa sasakyan sa harap, para matiyak na may ligtas na distansya. Sa ACC, nagiging mas maginhawa ang mahahabang pagmamaneho dahil nababawasan ang pangangailangan na palaging mag-adjust ng bilis.
3. **Tulong sa pananatili sa lane.** Sinusubaybayan ang mga marka sa lane at nagbibigay ng input o mga alerto sa pagmamaneobra kapag nawawala sa lane ang sasakyan. Nagiging mas ligtas din sa feature na ito dahil naiiwasan ang mga hindi sinasadyang pag-alis sa lane.
4. **Pag-detect ng blind spot.** Gumagamit ng mga sensor para ma-monitor ang mga blind spot ng sasakyan at nag-aalerto sa driver kung may sasakyan sa adjacent na lane. Layunin din ng feature na ito na paliitin ang posibilidad ng banggaan kapag lumilipat ng lane.
5. **Tulong sa parking.** Gumagamit ng mga sensor at camera para makatulong sa parking sa pamamagitan ng nakikita at/o naririnig na gabay. Puwedeng kasama rito ang feature na awtomatikong parallel parking.
6. **Pagtukoy ng senyas trapiko.** Gumagamit ng mga camera para tumukoy at mag-interpret ng mga senyas trapiko, at magpakita ng nauugnay na impormasyon sa driver. Tumutulong ang feature na ito na mabatid ang mga limitasyon sa bilis at ang iba pang regulasyon sa kalsada.
7. **Mga system sa pagsubaybay sa driver.** Sinusubaybayan ang mga gawi ng driver at inaalerto siya kung may mga senyales ng pagkaantok o distraction. Nagiging mas ligtas sa feature na ito dahil nagiging mas alerto ang driver.
8. **Alerto sa intersection.** Nagbibigay ng babala sa mga driver kaugnay ng paparating na trapiko mula sa gilid, gaya ng kapag umaatras palabas ng parking. Nababawasan ng feature na ito ang posibilidad ng banggaan sa mga sitwasyong may limitadong visibility.

9. **Awtomatikong pagkontrol ng high beam.** Ina-adjust ang liwanag ng headlight batay sa paparating na trapiko at kundisyon sa paligid. Sa feature na ito, napapalawak ang visibility nang hindi naaabala ang ibang driver.
10. **Mga collision mitigation system.** Binabawasan ang epekto kung hindi maiwasan ang isang banggaan. Ang component na ito ay higit pa sa collision avoidance at puwedeng may mga feature gaya ng pre-crash seatbelt tensioning at post-collision braking.

Nakakatulong ang teknolohiya, pero hindi ito pamalit sa nakatuong pagmamaneho. Kailangan mong maging pamilyar sa mga feature ng VST at ADAS ng anumang sasakyang minamaneho mo, pero magawa pa ring dumepende sa mga sadya mong kasanayan sa pagmamaneho.



2.5 | PAGMENTINA NG SASAKYAN

Responsibilidad mong tiyaking ligtas na imaneho ang iyong sasakyan. Mabilis lang lumaki (at maging mas magastos at mapanganib) ang isang maliit na problema, kaya bantayan ang mga babala ng iyong sasakyan. Tingnan ang manual ng may-ari ng iyong sasakyan para sa iminumungkahing regular na pagmementina, at umaksyon kung lababas ang mga indicator light mo.

MGA GULONG

Tread ng gulong	Puwedeng madulas at mag-slide sa mga pudpod nang gulong, lalo na kung basa ang kalsada. Ang tread ng gulong ay hindi dapat mas mababa sa 2/32 ng isang pulgada.
Pressure ng gulong	Puwedeng makaapekto ang mababang pressure ng gulong sa pagkontrol at bilis ng iyong sasakyan. Makikita ang tamang pressure ng inflation para sa mga gulong mo sa label na Impormasyon ng Gulong at Loading sa gilid ng pinto sa puwesto ng driver o sa manual ng iyong sasakyan.

MGA SURFACE NA GAWA SA GLASS

- Panatiliing malinis ang loob at labas ng windshield at mga bintana.
- Panatiliing puno ang iyong window washer fluid.
- Ganap na alisin ang niyebe, yelo, o frost sa lahat ng bintana bago magmaneho.
- Huwag magsabit ng mga bagay-bagay sa salamin mo o huwag maglagay sa iyong mga bintana ng mga decal o item na makakaharang sa view mo.
- Sundin ang mga rekomendasyon ng manufacturer ng sasakyan mo para sa pagpapalit ng iyong mga wiper.



Kung hihinto ka o kung babagalan mo ang takbo sa isang lugar kung saan posibleng hindi ito inaasahan ng nasa likod mo, mabilisang tapakan ang iyong brake pedal nang tatlo o apat na beses para maalerto siya.

MGA HEADLIGHT

Ayon sa batas ng Washington, nakabukas na dapat ang mga headlight kalahating oras pagkalubog ng araw hanggang sa kalahating oras bago sumikat ang araw. Gayunpaman, puwedeng mas matandaan mong buksan ang iyong mga headlight:

- Sa lahat ng pagkakataon.
- Kapag madilim.
- Kapag umuulan, umuulan ng niyebe, makapal ang fog, o mausok.

Tumutulong sa iyo ang mga headlight na makakita, pero tumutulong din ang mga ito sa mga tao na makita ka!

May ilang sasakyang may ilaw sa umaga na bumubukas pagkabukas sa sasakyan. Gayunpaman, hindi kasingliwanag ng mga headlight ang mga ilaw sa umaga, at hindi ina-activate ng mga ito ang mga taillight mo.

Tiyaking malinis, maliwanag, nakaturo sa tamang direksyon, at maayos na gumagana ang lahat ng ilaw. Kung may simbolong “lamp out (nakabukas na ilaw)” sa iyong dashboard, panahon na para palitan ang mga bumbilya.

Puwede mong gamitin ang iyong mga high beam sa malalawak na kalsadang walang poste ng ilaw, pero huwag kalimutang bumalik sa mga regular na headlight kapag ikaw ay:

- May layong 500 talampakan sa isang paparating na sasakyan.
- May layong 300 talampakan kapag nasa likod ka.

MGA BRAKE LIGHT

Sinasabi ng mga brake light sa nasa likod mo na bagalan at maghandang huminto. Pula at nakikita dapat ang mga brake light mo mula sa layong 100 talampakan.

Kung hindi gumagana ang mga brake light mo, gumamit ng mga senyas gamit ang kamay. Ilabas ang kaliwa mong braso sa bintana sa upuan ng driver, at ituro ang mga daliri mo sa ground. Sasabihin nito sa sasakyang nasa likod mo na bagalan at maghandang huminto.

MGA TURN SIGNAL

Ugaliing mag-signal bago ka magpalit ng direksyon, kahit wala kang nakikitang ibang tao.

- Mag-signal 100 talampakan bago ka magpalit ng direksyon.
- Tiyaking hihinto sa pag-blink ang signal mo pagkatapos mong lumiko.



MGA SENYAS GAMIT ANG KAMAY

Kung hindi gagana ang isa o ang parehong signal, gumamit ng mga senyas gamit ang kamay para maipabatid sa ibang driver ang gagawin mo.

Huminto

Ilabas ang kaliwang braso mo sa bintana sa upuan ng driver. Ituro ang iyong mga daliri sa ground. Sasabihin nito sa taong nasa likod mo na bagalan at maghandang huminto.

Pakaliwa

Ilabas ang kaliwang braso mo sa bintana. Ituro ang mga daliri mo sa kaliwa.

Pakanan

Ilabas ang kaliwang braso mo sa bintana. I-bend ang braso mo sa paraang nakaturo ang mga daliri mo sa kalangitan.

MGA HAZARD WARNING LIGHT

Kung magkakaproblema ang iyong sasakyan o kung kailangan mong huminto dahil sa emergency, i-on ang iyong mga nagfa-flash na hazard light. Mag-aalerto ito sa ibang driver tungkol sa sitwasyon mo at magbibigay-daan ito sa ibang tao na ligtas na makaiwas sa iyo.

UPUAN NG DRIVER

- I-adjust ang upuan mo para malinaw mong makita ang nasa harap ng windshield at madali mong maabot ang mga pedal.
- I-adjust ang likod ng upuan mo para kumportable kang makasandal. Hindi dapat bababa sa 10 pulgada ang layo ng dibdib mo sa manibela para may maiwanang espasyo para sa airbag.
- I-adjust ang iyong manibela sa paraang magagawa mong hawakan ang manibela nang may kaunting bend sa elbow mo.
- Protektahan ang iyong sarili mula sa whiplash sa pamamagitan ng pagtiyak na kapantay ng headrest ang iyong mga tainga.

Sa tuwing pupuwesto ka sa likod ng manibela pagkatapos magmaneho ng ibang tao, gumawa ng mga adjustment para maging kumportable at ligtas ka.

2.6 | PROTEKSYON NG OCCUPANT

MGA SEAT BELT AT PROTEKSYON NG OCCUPANT

Ang maayos na pagsusuot ng seat belt ay ang pinakaepektibong paraang puwede mong gawin para maprotektahan ang iyong sarili. Sa pagsusuot ng seat belt, talagang napapaliit ang posibilidad na magtamo ka ng nakakamatay na pinsala kapag may banggaan. Ugaliing ikabit ang seat belt mo at tiyaking gumagamit ng seat belt, child safety restraint, o booster seat ang lahat ng pasahero.



Ikabit ito!




Dapat ay nasa gitna ng iyong dibdib ang seat belt mo. Huwag na huwag itong ilalagay sa likod mo o sa ilalim ng iyong braso. Eksakto dapat ang pagkakalapat ng shoulder belt sa balikat at dibdib, at hindi dapat ito dumaraan sa leeg o mukha. Ligtas at mahigpit dapat ang lap belt sa balakang, sa ibaba ng tiyan.

Ang bawat taong nasa isang umaandar na sasakyan ay dapat magsuot ng seat belt o ligtas na ma-secure sa isang naaprubahang pambatang restraint device.

Ilegal magmaneho o sumakay sa isang sasakyan nang hindi nagsusuot ng seat belt o gumagamit ng mga using child safety restraint. RCW (Revised Code of Washington, Nirebisang Kodigo ng Washington) 46.61.687 at RCW 46.61.688

Tiyaking hindi naka-twist ang seat belt mo, nakalapat ang lap belt sa itaas na bahagi ng iyong binti, at dumaraan ang cross-body strap sa mid-shoulder mo. Nagbe-bend dapat ang mga tuhod mo sa dulo ng upuan, abot dapat ng iyong mga paa ang sahig, at tapat dapat ng headrest mo ang iyong mga tainga.

MGA CHILD SEAT



Protektahan ang mga batang pasahero sa pamamagitan ng paggamit ng tamang upuan para sa kanyang edad at laki sa tuwing bumibiyahe ka (o ang ibang tao) nang may kasamang bata.

Nakakatugon dapat ang mga child restraint system sa Mga Pamantayan sa Kaligtasan ng Pederal para sa Mga Sasakyang De-motor., at dapat i-secure ang mga ito sa mga tagubilin ng manufacturer.

Puwede mong ipasuri sa isang sertipikadong technician para sa mga batang pasahero ang pag-install sa iyong child restraint system.

Makakakita ng higit pang impormasyon at mga lokasyon para sa pagsusuri sa kaligtasan sa wacarseats.com.

Dapat manatili ang isang bata sa bawat stage ng restraint hangga't naibibigay ng seat ang pinakamahusay na proteksyon.



Nakaharap sa likod

Sa car seat na nakaharap sa likod dapat sumakay ang mga batang may edad na hanggang 2 taon.

Edad: Kapanganakan - 2 taon



Nakaharap

Ang mga may edad 2 hanggang 4 na taon ay dapat sumakay sa isang car seat na may harness na nakaharap sa likod o nakaharap.

Edad: 2 hanggang 4 na taon



Booster

Ang mga may edad na 4 na taon pataas ay dapat sumakay sa isang sasakyan o booster seat hanggang sa maikabit nang maayos ang seat belt sa lap at balikat —na kadalasan ay nasa 8 hanggang 12 taong gulang.

Edad at laki: 4 na taon hanggang 4'9"



Seat belt

Dapat magsuot ng seat belt na may saktong belt ang lahat ng occupant na nasa naaangkop nang edad o masyado nang matangkad.

Laki: Mahigpit 4'9"

MGA AIRBAG


Nagtutulungan ang mga airbag at seat belt para manatili kang ligtas kung sakaling may banggaan. Kung hindi ka nakasuot ng seat belt sa pag-deploy ng isang airbag, malamang ay magtamo ka ng pinsala o mamatay ka. Mga airbag din ang dahilan kung bakit bawal umupo sa harap ang mga wala pang 13 taong gulang. Puwede silang magtamo ng matinding pinsala o mamatay kapag may nag-deploy na airbag.



2.7 | PAGMAMANEOBRA



Ilagay ang mga kamay mo sa labas ng manibela, sa itaas na kalahati nito. Maibibigay nito sa iyo ang pinakamahusay na kontrol.




Ipagpalagay na orasan ang manibela. May kinakatawan ang bawat oras na lokasyon kung saan dapat mong hawakan ang manibela. Sa larawan sa itaas, nasa 9:00 at 3:00 ang mga kamay ng driver.

May tatlong paraan ng pagliko na makakapagbigay ng suwabe at tuluy-tuloy na kontrol sa pagmamaneobra.

PAGMAMANEOBRA NG HAND-TO-HAND (PAGHILA/PAGTULAK)



Sa paggamit sa paraang ito, nasa 9 at 3 o 10 at 2 dapat ang iyong mga kamay.




Panatilihin ang mga kamay mo sa posisyong ito kapag lumiliko ka. Sa larawang ito, kaliwang kamay ang panghila ng driver, habang kanan ang pangtulak niya.



Dahil hindi nagko-cross sa manibela ang iyong mga kamay, mas maliit ang posibilidad na magtamo ng pinsala sa mukha, mga kamay, o braso kapag nag-deploy ang air bag.



Hindi kailanman aalis ang mga kamay mo sa manibela at mananatili ang bawat kamay sa magkabilang bahagi. Isang kamay ang humahawak at nagmamaneobra sa manibela. Magsa-slide at mananatili ang kabilang kamay nang opposite sa steering hand.



Sa diskarteng hand-to-hand, napapanatili sa manibela ang parehong kamay, kaya makakagawa ka ng mga instant na kinakailangang pagbabago, at napapanatili ang mga kamay mo nang malayo sa airbag.



PAGMAMANEOBRAng HAND-OVER-HAND



Gamitin ang paraang ito ng pagmamaneobra kapag lumiliko nang mabagal, limitadong visibility, sa isang intersection, kapag nagpa-park, o kapag bumabawi mula sa pagkakadulas.



Sa paggamit sa paraang ito, sa 9 at 3 o 10 at 2 dapat magsimula ang iyong mga kamay.



Sa pagliko, i-cross ang isang braso sa kabilang braso para mahawakan ang manibela, at hilahin ang manibela gaya ng naaangkop.



I-release ang kamay sa ilalim para muli itong maiposisyon sa manibela.



Idiretso ang manibela habang suwabe kang lumiliko.





PAGMAMANEOBRA GAMIT ANG ISANG KAMAY

Gumamit ng pagmamaneobra gamit ang isang kamay kapag umaatras o nag-o-operate ng mga kontrol ng sasakyan (mga wiper, flasher, ilaw, atbp.) na kailangan mong maabot mula sa manibela.

Ang pagkakalagay ng isang kamay sa manibela ay mahalaga sa balanse at kontroladong pagmamaneobra ng sasakyan kapag nasa reverse.

Inirerekomenda lang ang posisyong 12 kapag iniaatras ang isang sasakyan. Sa ganitong sitwasyon, lumingon para makita ang dinaanan mo.

2.8 | PAGPRENO

Nakadepende ang mainam na pangangasiwa ng sasakyan sa kakayahan mong tumpak at suwabeng magpalit ng bilis at espasyo sa lahat ng pagkakataon.

PRESSURE SA PAGPRENO

Isang mahalagang kasanayan ang pagbatid sa pressure sa pagpreno na kailangan mo. Made-develop ito habang nagsasanay at nagiging pamilyar ka sa sasakyang minamaneho mo. May apat na level ang pagpreno:

1. Mahina
2. Katamtaman
3. Malakas
4. Pang-emergency

Kadalasan, mahina at katamtaman lang ang kailangan mong gamitin, pero magagamit mo ang pagprenong malakas o pang-emergency anumang oras kung kinakailangan. Bilang diskarte sa pagpreno, ipagpalagay na may kandong ka na baso ng tubig na ayaw mong matapon.

Isipin din ang mga tao sa likod mo. Ang hindi kinakailangang pagpreno nang malakas o pang-emergency ay puwedeng makabigla sa mga sakay mo, na akala ay dahan-dahan kang hihinto.

MGA ANTI-LOCK BRAKING SYSTEM


Ang Anti-lock Brake System (ABS) ng sasakyan ay nagbibigay ng mahalagang advantage sa kaligtasan dahil nagbibigay-daan ito sa mga driver na magmaneobra sa isang sitwasyon kung saan kinakailangan ng pagprenong pang-emergency. Hindi pinapaikli ng ABS ang stopping distance mo, pero mas makokontrol mo ang pagmamaneobra sa tulong nito. Kapag na-engage ito, mararamdaman mong aalog nang kaunti ang iyong sasakyan.

Mag-practice na magpreno nang malakas o pang-emergency sa isang malaki, malawak, at paved na espasyo. Diinan ang tapak sa preno, at maramdamang pinipigilan ng ABS ang mga gulong na ma-lock.

2.9 | PAGPAPABILIS NG TAKBO

Para maging suwabe ang takbo mo, mainam na maging pamilyar at kumportable ka sa iba't ibang bilis. Puwedeng nasa stop-and-go na trapiko ka at ang kailangan mo lang na acceleration ay iangat ang paa mo sa brake pedal. May mga pagkakataon kung kailan kailangan mong mabilisang mag-accelerate para makaiwas sa panganib. Ang diskarte mo sa pagpapabilis ng takbo ay tulad dapat sa pagpreno — ipagpalagay na may kandong ka na baso ng tubig, at mag-accelerate nang hindi natatapon ang tubig.

2.10 | BALANSENG BIGAT



Natural lang na mag-shift nang kaunti ang balanse ng sasakyan mo kapag nagsimula na itong umandar. Para manatiling stable ang iyong sasakyan, panatilihing balanse ang bigat sa lahat ng gulong. Makakatulong sa iyo ang regular na pagmementina, tamang pressure ng gulong, at pagsusuri para sa alignment.



PITCH

Ipatong ang kamay mo nang naka-flat sa mesa. langat ang iyong mga daliri at maramdaman ang dagdag na pressure sa pulso mo. Ngayon, ipatong ang mga daliri mo sa mesa at iangat ang iyong daliri. Ang pasulong at pabalik na paggalaw na ito ay tinagawa na pitch (ipinapakita rito nang may mga arrow).

Kapag nag-a-accelerate ka, lumilipat sa likod ang bigat ng sasakyan at nadaragdagan ang pressure sa likod ng sasakyan. Kung biglaan kang hihinto, lilipat ang bigat sa harap, kaya madaragdagan ang pressure sa harap ng sasakyan.



ROLL

Ipatong ang kamay mo nang naka-flat sa mesa. Ipatagilid ang kamay mo para manatiling nasa mesa ang hinliliit mo, habang nakaturo naman ang hinlalaki mo sa kalangitan. Ngayon, baliktarin ito para hinlalaki mo naman ang nasa mesa. Ang side-to-side na paggalawa na ito ng sasakyan ay tinatawag na roll (ipinapakita sa itaas nang may mga arrow).

Sa tuwing kumakaliwa ka, inililipat ng centrifugal force ang bigat sa labas o kanang bahagi ng iyong sasakyan. Nagro-roll ang katawan ng sasakyan sa isang gilid.



YAW

Panatilihin ang kamay mo nang naka-flat sa mesa. Idirekta ang mga daliri mo pakaliwa at hayaang tumuro sa kanan ang pulso mo. Ngayon, galaw-galawin ito na para bang kumakaway ka sa mesa. Tinatawag itong yaw (ipinapakita sa itaas nang may mga arrow).


Kapag sinagad mo ang pagmamaneobra sa manibela, hindi mananatiling diretso ang harap at likod ng iyong sasakyan. Lumiliko ang mga gulong sa harap sa direksyong minamaneobra mo, habang puwedeng bahagyang mag-slide ang likod, na gumagawa ng pagzigzag na paggalaw.

2.11 | MGA REFERENCE POINT NG SASAKYAN


Nakadepende ang mga reference point sa sasakyang minamaneho mo at sa kalsadang dinaraan mo. Ang pagiging pamilyar sa mga reference point ng iyong sasakyan ay makakatulong sa pagtanya mo ng distansya kapag nagpa-park, lumiliko, umaatras, at humihinto ka.

Mga halimbawa ng mga reference point ng sasakyan:

- Kaliwang headlight
- Gitna ng hood
- Mga side mirror
- Bumper sa likod



Sa isang intersection, kapag huminto ka nang nakatapat ang side mirror mo sa stop line, ibig sabihin, 3 hanggang 6 na pulgada ang layo mo sa linya. Makakatulong sa iyo ang reference point na ito na malaman ang posisyon ng pinakaharap ng iyong sasakyan.



Para malaman ang posisyon mo sa lane, tingnan kung nakatapat ang gitna ng iyong hood sa mga marka sa lane. Kung nasa linya ka, 3 hanggang 6 na pulgada ang layo mo sa gilid ng lane.

2.12 | ANG IYONG MGA BLIND ZONE

Ang mga blind zone ay ang mga bahagi sa paligid ng iyong sasakyan na hindi mo nakikita mula sa upuan ng driver. Mapanganib ang mga bahaging ito dahil puwedeng hindi talaga makita ang isang sasakyan, nagmomotorsiklo, o nagbibisikleta. Responsibilidad mong maging alerto sa lahat ng nasa iyong mga blind zone.

Ang isang paraan para mabawasan ang blind zone mo ay ang pag-adjust sa iyong mga salamin.

1. I-adjust ang rearview mirror mo para makita mo ang bintana sa likod nang hindi kinakailangang mag-stretch.
2. Maraming paraan para ma-adjust ang iyong mga side mirror para mabawasan ang mga blind zone mo: tradisyonal o pinahusay. Alinman doon ang piliin mo, kailangan ay makita mo ang buong paligid ng iyong sasakyan. Igalaw-galaw ang iyong ulo, leeg, at katawan para makita ng iyong mga mata kung walang nakaharang sa iyong mga blind zone. Tandaan: Kapag lumilingon, panatilihing diretso ang iyong manibela.
3. May ilang system ng teknolohiya para sa kaligtasan ng sasakyan na may mga feature na mag-aalerto sa iyo kung may tao sa iyong blind zone. Kapaki-pakinabang ang tulong na ito, pero ugaliing gamitin ang iyong mga mata para makasiguro.

2.13 | Mga blind zone ng ibang sasakyan

Para manatiling alerto sa paligid mo, regular na suriin ang:

1. Harap mo
2. Iyong rearview mirror
- 3+4. Iyong mga side mirror
- 5+6. Gilid mo



PAG-OOBSERBA

Kailangan ay alerto ka rin sa mga blind zone ng ibang sasakyan. Sikaping huwag pumuwesto sa mga iyon. Puwede mong bilisan o bagalan ang takbo para malinaw kang makita ng driver.

Maging mas alerto sa malalaking sasakyan gaya ng mga bus, motor home, at komersyal na sasakyang de-motor. Mas malaki ang blind zone ng mga ito, na kung minsan ay tinatawag na “mga no zone” (“no zones”). Ito ay dahil wala dapat sasakyan sa zone na iyon.

Mag-ingat at maging alerto kapag bumibiyahe malapit sa malalaking sasakyan. Tandaan: kung hindi mo makita ang mga salamin nila, hindi ka nakikita ng driver.



Manatiling Alerto

Kailangan ay alam mo ang lahat ng nangyayari sa paligid mo. Ugaliing sulyapan ang iyong mga salamin para sa anumang pagbabago sa sitwasyon mo sa pagmamaneho.

Mag-optimize

I-adjust ang mga salamin mo para mabawasan ang iyong mga blind zone hangga't posible. Ugaliing suriin ang mga salamin mo sa tuwing magmamaneho ka.



2.14 | BAGO KA UMALIS

Sa tuwing magmamaneho ka, mainam na ugaliing:

1. **Tingnan ang labas ng sasakyan mo.** Mayroon bang mga foreign object sa mga gulong, basag na salamin sa paligid, o tumatagas sa ilalim ng sasakyan? Mayroon bang mga nakaharang, bata, alagang hayop, o balakid na nauugnay sa lagay ng panahon?
2. **Tingnan ang loob ng sasakyan mo.** Mayroon bang anumang babala sa instrument panel? Wala bang nakaharang sa lahat ng bintana? Ligtas bang naka-secure ang mga loose item?
3. **Tingnan ang lahat ng internal adjustment.** Nakaayos na ba ang mga salamin mo? Nasa tamang lugar ba ang upuan at manibela? Nakakabit na ba ang seat belt mo? Naka-silent at nakatabi na ba ang iyong telepono?
4. **Pakiramdaman ang iyong sarili.** Mabuti ba ang pakiramdam mo at malinaw ba ang iyong pag-iisip? Handa ka na bang ituon ang atensyon mo sa pagmamaneho? Kontrolado mo ba ang iyong mga emosyon at kaya mo bang gumawa ng maiinam na pasya sa likod ng manibela?





KABANATA 3 DRIVERS MGA DRIVER



3.0 | IKAW BILANG DRIVER

Bilang driver, bahagi ka ng komunidad na kinabibilangan ng iba't ibang sasakyan, kalsada, at tao. Nakaasa ang pagkakaisa ng komunidad na ito sa mga driver na kumokonekta sa kanilang paligid at sa bawat isa sa ligtas at responsableng paraan. Maraming personal na salik ang nakakaapekto sa iyong pagmamaneho, pero iisa ang layunin ng karamihan ng mga tao: ang makarating sa kanilang pupuntahan nang ligtas.

Para maging mahusay na driver, kailangan mong:

1. Maging maingat para sa iyong sarili, sa iba, at sa epekto mo sa komunidad.
2. Responsable para sa mga panuntunan sa kalsada.
3. Alamin kung paano gumagana ang iyong sasakyan at kung paano ito sumasakop ng espasyo.
4. Maging mapagpasensya at kalmado.

Ang iyong pangmatagalang tagumpay bilang driver ay dedepende sa mga gawi mabubuo mo habang natututo ka. Maging seryoso kapag nagsasanay ka. Bumuo ng mga matalino at ligtas na gawi, gaya ng palaging paglingon para tingnan ang iyong mga blind zone, na magiging natural na. Dahil dito, mas mapagtutuunan mo ang paligid na laging nagbabago habang nagmamaneho. Maaari itong maging mahirap sa una, pero kapag mas marami kang karanasan sa pagmamaneho, magiging mas mahusay kang driver.

KALUSUGAN

Sa pagmamaneho, kailangang malusog ang iyong pangangatawan at pag-iisip.

Puwedeng madaling makaapekto sa iyong kalusugan ang mga pang-araw-araw na stress. Puwedeng mapabagal ng malubhang sipon ang iyong pag-iisip at magdulot ng pananakit ng katawan. Posibleng mabawasan ng pananakit ng ulo o paninigas ng iyong mga balikat ang kakayahan mong imaneho ang sasakyan. Puwedeng makaapekto ang stress sa iyong kakayahang gumawa ng matatalinong pagpapasya habang nagmamaneho. Maraming kondisyon sa kalusugan ang puwedeng makaapekto sa iyong pagmamaneho. Makipag-usap sa iyong doktor kung nag-aalala ka tungkol sa mga kondisyong posibleng makaapekto sa iyong kakayahang magmaneho.

Bago paandarin ang makina, maglaan ng ilang sandali para kumustahin ang sarili mo. Ikaw ba ay malusog sa paraang sinusuportahan ang paggawa ng matalinong-pagpapasya, makontrol ang sarili, at maging alerto sa nangyayari? Huminga nang malalim at pagtuunan ang pagmamaneho. Kung masama ang pakiramdam mo pero may kailangan kang puntahan, mangyaring hayaang may magmanehong iba.

KALUSUGAN NG PANGANGATAWAN

Prayoridad ang kalusugan ng iyong pangangatawan. Direkta itong nakakaapekto sa iyong kakayahang maging ligtas at mahusay na driver. Bago magmaneho, tiyaking malusog ka at **wala ka sa impluwensya ng alak o iba pang droga.**

PANINGIN

Napakahalaga ng malinaw na paningin para sa ligtas na pagmamaneho kaya inatasan ka ng batas na makapasa sa pagsusuri sa paningin bago mo makuha ang iyong lisensya sa pagmamaneho. Kung hindi ka makakita nang mabuti, mahihirapan kang tukuyin ang mga panganib sa trapiko at tugunan ang mga problema. Mahalaga ang nakakakita nang mabuti sa ligtas na pagmamaneho.

Kung kailangan mong magsuot ng corrective lens:

- Palagi itong isuot kapag nagmamaneho.
- Iwasang gumamit ng madilim o tinted na mga corrective lens sa gabi.

Ang mahahalagang aspeto ng paningin ay ang:

- **Peripheral vision.** Makikita mo ang mga sasakyan at iba pang posibleng panganib sa gilid ng iyong paningin habang diretso pa rin ang tingin mo.
- **Pagtantya sa distansya at bilis.** Nakakatulong sa iyo ang makakita nang mabuti na matukoy kung gaano ka kalayo mula sa iba pang sasakyan, pedestrian, at iba pang panganib.



MAKAKITA SA GABI

Habang nagmamaneho sa dilim, nasisilaw ang ilang driver ng mga nakakasalubong na headlight. Kung nahihirapan kang makakita sa gabi, huwag magmaneho kung hindi kinakailangan, at mag-ingat nang husto kapag magmamaneho ka.

- Tiyaking naka-on ang iyong mga headlight.
- Iwasang masilaw ng mga nakakasalubong na headlight sa pamamagitan ng pagtingin sa gilid ng kalsada sa kanan at paggamit nito bilang gabay sa steering.
- Tiyaking tama ang pagtutok ng mga headlight. Dahil sa mga headlight na mali ang pagtutok, posibleng mahirapang makakita ang iba pang driver at mababawasan nito ang iyong kakayahang makita ang kalsada.
- Bagalan ang iyong bilis at dagdagan ang distansya sa sinusundan mong sasakyan. Makakahinto ka dapat sa loob ng bahaging naiilawan ng iyong mga headlight.

PANDINIG

Magagawa ng tunog ng mga busina, sirena, o paggasgas ng gulong na magbigay ng direksyon o babala ng panganib sa iyo. Gaya ng paningin, puwedeng dahan-dahang mabuo ang mga problema sa pandinig, kaya madalas na mahirap matukoy ang mga ito. Kadalasan, nakakapag-adjust ang mga driver na bingi o mahina ang pandinig sa pamamagitan ng pagkatutong mas dumepende sa paningin at pananatiling mas alerto.

Labag sa batas na magmaneho ng sasakyan nang nakasuot ng earbuds, earphones, headphones, o headsets na tumutugtog o nagkakansela ng ingay.

Puwede kang gumamit ng hands-free na device sa isang tainga kung sumusunod ito sa batas na 204-10-045 ng Kodigo ng Pangangasiwa ng Washington (Washington Administrative Code).

Tandaan: Kung mayroon kang permit sa pagtuturo o intermediate na lisensya, hindi ka puwedeng gumamit ng cell phone o anumang mobile electronic device habang nagmamaneho, kahit na hands-free ito.

nakauwi na!

ako rin! ❤️❤️❤️

ako rin. nag-enjoy ako

**Makauwi nang ligtas.
Planuhin kung paano ka
makakauwi kung iinom
ka bago ka pa umalis.**



**TOGETHER
WE GET
THERE**



3.1 | PAGMAMANEHO NA NASA IMPLUWENSIYA NG ALAK O DROGA

Nangyayari ang pagmamaneho na nasa impluwensiya ng alak o droga kapag mayroong bagay na nagpapahirap sa iyong mag-isip nang matuwid, tumugon nang mabilis, o kontrolin ang kotse mo. Kasama rito ang mga bagay gaya ng alak, mga droga, o pagiging pagod. Puwedeng ilagay ka sa panganib nito, ang iyong mga pasahero, at iba pa habang nasa kalsada.

Napakabigat ng mga parusa para sa pagmamaneho na nasa impluwensiya ng alak o droga at nasa impluwensiya ng alak o mga droga: malalaking multa, mas matataas na rate ng insurance, pagsuspinde o pagbawi ng lisensya, at kahit na mga pagkakakulong.

Kahit na ang mahusay na driver ay hindi makakapagmamaneho nang ligtas pagkatapos uminom ng alak o gumamit ng mga droga. Maliligtas ka at ang iba sa pagpiling hindi kailanman magmamaneho kapag nasa impluwensiya ng alak at droga.

ALAK AT PAGMAMANEHO

Alak ang pinakakaraniwang substance na nakakapagpawala sa kondisyon na nauugnay sa mga banggaang dulot ng pagmamaneho nang wala sa kondisyon. Maging alerto para sa gawi ng iba na nauugnay sa pagmamaneho nang wala sa kondisyon at bigyan sila ng mahabang pasensya.

Puwedeng makaapekto ang alak sa mga driver sa pamamagitan ng pagdudulot ng:

- Pakiramdam na nare-relax at pagkaantok.
- Malabong paningin o limitadong paningin.
- Nabawasang bilis ng pagtugon, konsentrasyon, at kakayahang maobserbahan ang paligid.
- Hirap sa pag-unawa sa nangyayari.
- Hirap sa paggawa ng maraming gawain nang sabay-sabay, gaya ng pananatili sa isang lane at pag-iwas sa iba pang trapiko.
- Kawalan ng kakayahang sundin ang mga panuntunan.
- Sobrang kumpiyansa na puwedeng magresulta sa mapanganib na gawi sa pagmamaneho.

Mangyaring:

- Huwag magmaneho ng anumang sasakyan kung gumamit ka ng mga substance na nakakapagpawala sa kondisyon.
- Huwag sumakay sa isang driver na gumamit ng anumang uri o dami ng mga substance na nakakapagpawala sa kondisyon.
- Huwag hayaang magmaneho ang mga kaibigan o kapamilya kung umiinom sila ng alak o gumagamit ng mga droga.
- Magplano ng driver na hindi iinom.

CANNABIS AT PAGMAMANEHO

Ang recreational na paggamit ng marijuana, THC (Tetrahydrocannabinol), at iba pang cannabis na produkto (mga nakakain, itinatapal, vape, tincture, at topical) ay legal para sa mga 21 taong gulang pataas, pero ilegal para sa lahat ng edad ang pagmamaneho pagkatapos gumamit ng anumang cannabis.

Walang ligtas na dami ng cannabis para sa pagmamaneho.

Ipinapakita sa pananaliksik na puwedeng ikawala sa kondisyon ng mga driver ang cannabis sa iba't ibang paraan:

- Nabawasang atensyon, bilis ng pagtugon, at koordinasyon
- Nabawasang kontrol sa kotse
- Nabawasang bilis ng pagtugon
- Kawalan ng kakayahang tantyahin ang mga distansya
- Lumalang pagkaantok
- Kawalan ng motor coordination
- Wala sa kondisyong mga kakayahan ng pag-iisip at katawan



MGA GAMOT AT PAGMAMANEHO

Maraming paraan para maging nasa ilalim ng impluwensya ng alak o droga.

Sa pangkalahatan, nauugnay sa paggamit ng alak, cannabis, o ilegal na droga ang pagmamaneho nang wala sa kondisyon. Gayunpaman, maraming legal na nakukuha at karaniwang ginagamit na over-the-counter at inireresetang gamot ang puwedeng makaapekto sa kakayahang magmaneho nang ligtas ng gumagamit nito.

- Hindi ibig sabihin na dahil lang legal ang isang gamot ay ligtas na itong gamitin habang nagmamaneho.
- Kriminal na gawi ang pagmamaneho nang wala sa kondisyon. Hindi mahalaga kung inireseta ang gamot, nakuha nang over-the-counter, binili sa retail na paraan, o itinuturing na ipinagbabawal na substance.

Puwedeng antukin ang isang tao dahil sa mga over-the-counter na gamot na iniinom para sa mga sakit ng ulo, sipon, o allergy na puwedeng makaapekto sa iyong pagmamaneho. Gaya nga alak, puwedeng makaapekto ang mga inireresetang gamot sa iyong mga reflex, pagpapasya, paningin, at pagiging alerto.

Huwag magmaneho kung kakasimula mo lang uminom ng mga inireresetang gamot sa unang pagkakataon, nagsimula kang uminom ng bagong inireresetang gamot, o nagsimula kang uminom ng mas mataas na dosis ng kasalukuyang gamot. Maghintay hanggang sa malaman mo kung ano ang epekto nito sa iyong pagpapasya, koordinasyon, at bilis ng pagtugon. Makipag-usap sa iyong doktor o pharmacist. Basahin ang lahat ng label ng babala bago magmaneho. Kasama sa mga babalang kontra sa “pagpapatakbo ng heavy machinery” ang pagmamaneho ng sasakyan.

Posibleng hindi ang mismong ilang gamot ang makaapekto sa iyo, pero kung iinumun ito kasabay ng pangalawang gamot o alak, posibleng magdulot ang mga ito ng malubhang pagkawala sa kondisyon. Maraming gamot ang nagpapatindi sa mga epekto ng alak o na may iba pang side effect. Basahin ang mga babala sa iyong gamot o makipag-usap sa pharmacist mo bago ka uminom at gumamit ng gamot nang sabay.



POLYDRUG USE AT PAGMAMANEHO

Ang polydrug use ay ang paghahalo o pag-inom ng mahigit isang uri ng gamot. Kapag naghalo ng alak, cannabis, o iba pang gamot puwede itong magdulot ng mga epektong mas matindi sa anumang mismong gamot. Puwedeng kasama rito ang alak, cannabis, mga ilegal na droga, mga inireresetang gamot, mga over-the-counter na gamot, at iba pang substance gaya ng mga hindi kontroladong gamot at inhalant. Ang polydrug use ang pinakakaraniwang nakakapagpapawala sa kondisyong nauugnay sa mga nakamamatay na banggaan.

Iba-iba ang mga epekto ng polydrug use sa bawat tao at nakadepende ang mga ito sa dami, dalas ng paggamit, at kung paano iniinom ang gamot. Puwedeng magresulta ang polydrug use sa posibilidad ng overdose, mga problema sa kalusugan ng pag-iisip, mapanganib na gawi, malulubhang injury, at mga banggaan.

PAGKAHAPO AT PAGMAMANEHO NANG INAANTOK

Ang pagkahapo ay resulta ng pagkapagod ng katawan o pag-iisip, mga paulit-ulit na gawain, karamdaman, o kulang sa tulog. Gaya ng alak at mga droga, nagdudulot ang pagkahapo ng paghina ng iyong paningin at pagpapasya.

Nakakaapekto ang pagmamaneho nang inaantok sa iyong pagiging alerto, atensyon, bilis ng pagtugon, pagpapasya, at mga kakayahang magdesisyon. Kapag nagmaneho kang nahahapo, nanganganib kang makatulog habang nagmamaneho at makabangga na magdudulot ng mga pinsala o pagkamatay.

Narito ang ilang senyales ng pagkahapo. **Huminto at magpahinga kung:**

- Nahihirapan kang mag-focus, o hindi mo maalala ang huling ilang milya ng pagmamaneho.
- Madalas na kumukurap o mabigat ang mga talukap ng mata mo.
- Nahihirapan ka nang itaas ang ulo mo.
- Hindi mo napapansin ang mga labasan o karatula sa trapiko.
- Pagod, iritable, o agresibo ka.
- Lumilihis ka palabas ng lane mo, paliko-liko, dumidikit sa sinusundang sasakyan, at/o nadaraan ang mga rumble strip.





Kung bumibiyahe ka kasama ng isa pang driver, magpalitan sa pagmamaneho. Kung bumibiyahe ka nang mag-isa at nagsimula kang makaramdam ng pagod, tumabi sa gilid ng kalsada at umidlip nang 20 minuto. Mas mainam na huminto at matulog kaysa ipagsapalaran na maaksidente.

Bago bumiyahe:

- Matulog nang sapat — kailangan ng karamihan ng mga tao ng 7 hanggang 9 na oras para manatiling alerto.
- Magtakda ng paghinto sa bawat humigit-kumulang 100 milya o 2 oras sa mahahabang pagbiyahe.
- Maglakad-lakad, sumagap ng sariwang hangin, at uminom ng tubig. Planuhin ang pabiyahe mo nang may maraming oras para sa mga pahinga.
- Humanap ng makakasama sa pagbiyahe para tulungan kang manatiling alerto, mag-ingat sa aksidente, at makipagpalitan sa pagmamaneho.

KALUSUGAN NG PAG-IISIP

Puwedeng makaapekto ang mga emosyon sa iyong pagmamaneho. Mas mahusay kang makakapagpasya kapag naunawaan mo kung paano naaapektuhan ng iyong mga nararamdaman ang gawi mo.

Halimbawa, kung nababagabag ka habang nagmamaneho ka, posibleng may iba kang iniisip at madiin mo nang husto ang pagtapak sa accelerator. Binabago ng nararamdaman mo (nababagabag) ang iyong gawi (pagmamaneho nang mas mabilis).



Nasa ibaba ang ilang pamamaraan para kumalma at mabawasan ang stress bago magmaneho sa kalsada. Puwede mong gawin ang mga ito habang nakaupo sa nakaparadang kotse.

1. Huminga sa iyong ilong, at ihip ang hangin na parang sinusubukan mong palamigin ang mainit na sabaw.
2. Magbilang nang dahan-danan mula 1 hanggang 20, o pabaliktad mula 100 nang tatlo-tatlo (100, 97, 94, 91, 88...). Mag-focus lang sa mga numero para kumalma ang iyong isip.
3. Maglaan ng maraming oras para sa iyong pagbiyahe. Piliing maging mapagpasensya sa iyong sarili at sa iba.

Nanghihikayat ang emosyonal na pag-unawa ng pasensya at paggalang para sa iba sa kalsada at nagreresulta ito sa mas ligtas na gawi sa pagmamaneho.

AGRESIBONG PAGMAMANEHO

Paglabag sa batas-trapiko ang agresibong pagmamaneho.

Ang agresibong pagmamaneho ay kapag sinadyang gawin ng driver ang isang bagay na naglalagay sa mga tao o ari-arian sa panganib.

Itinuturing na agresibong pagmamaneho ang mga sumusunod na gawi:

- Mga aksyong ginagawa habang nagmamaneho na nanganganib na makapinsala ng iba pang tao o ari-arian.
- Mga sinasadyang aksyong nagtutulak sa ibang tao na protektahan ang mga sarili nila.

Kasama sa mga gawing nauugnay sa agresibong pagmamaneho ang:

- Mabilis kang nagpapatakbo.
- Masyado kang dumidikit sa sinusundang sasakyan.
- Paglipat ng lane nang hindi ligtas.
- Maling pagsi-signal.
- Hindi pagsunod sa mga device sa pagkontrol sa trapiko.
- Pagmamaneho nang napakalapit sa naglalakad o namimisikleta sa kalsada.

Mag-focus sa ginagawa mo. Subukang huwag damdamin ang agresibong pagmamaneho. Maging mapagpasensya at mapagpatawad sa iba pang gumagamit ng kalsada.

PAKIKIPAGKARERA AT MGA DEMONSTRATION SA KALSADA

Dahil napakamapanganib ng pakikipagkarera sa kalsada at mga hindi awtorisadong demonstration sa kalsada, mabigat ang mga parusa sa mga ito. Puwedeng naaangkop ang mga ito sa mga driver at kahit sinong nag-uudyok o tumutulong sa mga aktibidad sa pakikipagkarera sa kalsada. Ang mga mapapatunayang kalahok ay puwedeng makaranas ng mga multa, pagkakakulong, at panganib na ma-impound ang kanilang sasakyan.

ROAD RAGE

Kriminal na paglabag ang road rage.

Ang road rage ay ang galit na pagtugon sa isang bagay na nangyari sa kalsada na nagreresulta sa marahas na gawi gamit ang sasakyan o iba pang armas. Puwedeng mangyari ang road rage sa pagitan ng driver o pasahero ng isang sasakyan at ng ibang driver, pasahero, o taong gumagamit ng kalsada.

Maraming bagay ang puwedeng maging dahilan ng road rage, kasama ang stress, mahihigpit na iskedyul, trapiko, o mga pagkainis na hindi nauugnay sa pagmamaneho. Bigyan ang sarili mo ng maraming oras para magbiyahe, gumawa ng mga ligtas na pagitan sa paligid ng iyong sasakyan, at subukang maging magiliw sa iba pang tao.



KUNG NAKAKARANAS KA NG ROAD RAGE

Posibleng nakakaramdam ka ng road rage kung ikaw ay:

- Nakakapag-isip ka ng matinding hindi pagsang-ayon o karahasan sa iba pang tao sa kalsada.
- Nakakapagbitiw ka ng mga salita ng hindi pagsang-ayon sa ibang tao sa kalsada sa mga pasahero sa loob ng iyong sasakyan.
- Hindi mo sinusunod ang mga batas sa kaligtasan sa trapiko dahil hindi ka sumasang-ayon sa mga iyon.
- Masyado kang dumidikit sa sinusundang sasakyan.
- Mabilis kang nagpapatakbo.
- Paliko-liko ka sa trapiko.
- Nagpapatakbo ka nang mabilis para hindi maabutan ng traffic light.
- Sumisingit ka sa mga sasakyan para lumipat ng lane.
- Ginagamit mo ang busina ng iyong sasakyan nang labis-labis.
- Labis-labis ang pag-flash mo ng mga headlight sa mga nakakasalubong na sasakyan.
- Nagpepreno ka para huminto ang driver sa likod mo sa pagdikit sa iyo nang sobrang lapit.
- Nilalampasan mo ang mga sasakyan at nagdadahan-dahan ka para turuan ng leksyon ang isa pang driver.

KUNG BIKTIMA KA NG ROAD RAGE

Kapag may nakita kang iba pang driver sa paligid mo na nagagalit o nagagalit na tumutugon, ilayo ang sarili at ang isip sa sitwasyon.

- Huminga nang malalim at umalis.
- Iwasan ang agresibong pagmamaneho nang mabilis, pagbusina, o paggamit ng mga hand gesture.
- Panatilihing nasa kalsada ang mga mata.
- Magmaneho sa lugar kung saan mayroong iba pang tao at bukas na negosyo kung nararamdaman mong may sumusunod sa iyo o hina-harass ka ng isa pang driver. Tumawag sa pulis kung kailangan.



PAG-UULAT NG ROAD RAGE

Iulat kaagad ang mga kasalukuyang insidente ng road rage sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.

Mahalaga ang pagbabawas ng mga insidente ng road rage at agresibong pagmamaneho sa misyon ng Pulisya ng Estado ng Washington (Washington State Patrol). Habang palaging nakaantabay para sa agresibong pagmamaneho ang mga pulis at iba pang ahensya ng pagpapatupad ng batas, may mga hakbang na isinagawa para mapahusay ang kaligtasan ng trapiko sa Washington kapag kumikilos ang mga residente.

Kung may nasaksihan ka o nabiktima ka ng agresibong pagmamaneho, tumawag sa 911 at ibigay ang sumusunod na impormasyon:

- Lokasyon kung saan huling nakita ang mga sasakyan
- Numero ng plaka (kung alam)
- Direksyon ng pagbiyahe (saan papunta)
- Daan o highway
- Mga kulay ng mga sasakyan
- Mga nauugnay na armas (kung naaangkop)
- Buod ng nangyari
- Role sa insidente (biktima o saksi)

3.2 | MGA PAGPAPASYA NA BATAY SA IMPORMASYON SA KALSADA

Higit sa pag-alam sa mga batas-trapiko ang kailangan sa pagiging ligtas at responsableng driver. Kasama rito ang paggawa ng mga pagpapasya na batay sa impormasyon sa bawat sitwasyong mararanasan mo habang nagmamaneho. Mapagtanto mo man o hindi, libu-libo ang ginagawa mong pagpapasya araw-araw. Ang ilan sa pinakamahahalagang pagpapasyang gagawin mo ay kapag nagmamaneho ka.

BAKIT MAHALAGA ANG MGA PAGPAPASYA NA BATAY SA IMPORMASYON

Pagpapasya ang bawat aksyong gagawin mo habang nagmamaneho, mula sa paglipat ng lane hanggang sa pag-merge sa highway. Ang ibig sabihin ng paggawa ng mga pagpapasya na batay sa impormasyon ay pagsasaalang-alang sa lahat ng nauugnay na salik bago umakasyon. Nagreresulta ito sa mas maayos, mas ligtas na pagmamaneho para sa iyong sarili at sa iba. Ang mga pagpapasya na batay sa impormasyon ay pwedeng:

1. **Dagdagan ang kamalayan.** Kailangan ng tuloy-tuloy na pag-analisa sa iyong paligid sa paggawa ng mga pagpapasya na batay sa impormasyon. Pinapahusay nito ang iyong kabuuang kamalayan sa sitwasyon.
2. **Manghikayat ng responsableng pagmamaneho.** Nanghihikayat ng responsableng gawi ang pag-unawa sa mga resulta ng iyong mga pagpapasya. Nagpapakita rin ito ng paggalang para sa iba pang gumagamit ng kalsada.
3. **Bawasan ang mga banggaan.** Paghandaan ang mga posibleng problema para mabawasan ang panganib ng mga banggaan.

Naaapektuhan ang mga pagpapasya na batay sa impormasyon ng iyong:

- Kaalaman sa mga batas-trapiko.
- Karanasan sa mga ligtas na kasanayan sa pagmamaneho.
- Mga kakayahang nakabase sa edad at pag-develop ng utak.

Kailangang tandaan ng mga kabataang driver na nagde-develop pa ang bahagi ng kanilang utak na responsable para sa pagpapasya. Nangangahulugan ito na puwedeng mas prone ang mga kabataan na ipagsapalaran ang kaligtasan o hindi matantya ang mga sitwasyon. Kailangan ng lahat ng driver na bigyang-prayoridad ang mga pagpapasyang nakatuon sa kaligtasan kaysa sa bilis at mga pressure sa paligid. Totoo ito lalo na para sa mga kabataan.

Gusto ng mas matatandang driver na malamang nagbabago ang mga kakayahan ng katawan at pag-iisip sa pagtanda. Mas prone ang mas matatandang driver sa malulubhang pinsala sa mga banggaan ng sasakyan, pero marami ang mga nananatiling ligtas at magaling na driver sa kanilang pagtanda. Anuman ang edad o karanasan, dapat pahalagahan ng lahat ng driver na manatiling naka-focus at nakikipag-ugnayan sa tuwing nagmamaneho sila.



GUMAWA NG MABUBUTING PAGPAPASYA

Ang mabubuting pagpapasya ay mga pagpapasya na batay sa impormasyon. Para gumawa ng mabubuting pagpapasya, dapat mong malaman ang nangyayari sa paligid mo.

1. Tumingin sa salamin para magkaroon ng sapat na kaalaman. Alamin ang buong sitwasyon, kasama ang mga tao sa paligid mo na posibleng maapektuhan ng iyong mga pagpapasya. Ipaalam sa iba ang gusto mong gawin para malaman nila ang mga intensyon mo at makapaghanda sila.
2. Ihanda ang sasakyan para makarating ka sa hazard sa tamang pwesto sa kalsada at sa tamang bilis.
3. Gawin ang panghuling pagsusuri bago magmaniobra.

Puwedeng gamitin ang pamamaraan na ito sa anumang sitwasyon na hinihiling sa iyo na gumawa ng pagbabago. Dapat ay palagi mong sikaping maging alerto, predictable, at maayos ang pagkilos.


3.3 | PAGLUTAS NG PROBLEMA SA KALSADA

Hindi maiwasan ang mga hindi inaasahang sitwasyon at kailangan sa pagtugon sa mga sitwasyong ito ang paglutas ng problema. Posibleng kailanganin mo sa paglutas ng mga problema sa kalsada na gumawa ng mga pinag-isipang pagbabago gaya ng:

- Pag-iiba ng iyong bilis.
- Pag-adjust ng iyong pwesto sa lane para mabawasan ang panganib at maiwasan ang mga panganib.
- Pagbabago ng iyong direksyon o dinaraan para makarating sa ligtas na lugar para muling i-assess ang sitwasyon.

Subukang huwag biglain ang iba pang tao sa kalsada. Sabihin ang iyong mga intensyon sa iba pang driver para maiwasang gumawa ng anumang problema.

Puwede kang gumamit ng iba't ibang tool para gumawa ng mga maagap na pagpapasya habang tumutugon sa iyong kapaligiran. Ang isang tool ay ang siklo ng OODA. Isa itong loop dahil nagresesulta sa panibagong sitwasyon ang bawat sitwasyon.



1. **Observe (Mag-obserba)**. Obserbahan ang sitwasyon. Ano ang nagbago? Mayroon bang kotseng paliko-liko, hindi inaasahang harang, o pagbabago sa daloy ng trapiko?
2. **Orient (Umangkop)**. Gamitin ang iyong kaalaman at karanasan para maunawaan ang ibig sabihin ng pagbabagong iyon. Paano ito nakakaapekto sa iyong kaligtasan at sa kaligtasan ng iba? Ano ang mga posibleng panganib kung hindi ka gagawa ng pagbabago? Ano ang mga pagkakataong lilitaw kung gagawa ka ng pagbabago?
3. **Decide (Magpasya)**. Base sa iyong mga pag-obserba at pag-unawa, piliin ang pinakaligtas na aksyon. Dapat ka bang magdahan-dahan, lumipat ng lane, o isaad ang iyong mga intensyon?
4. **Act (Umaksyon)**. Gawin ang pinili mong aksyon nang maayos at sigurado. Tandaan, mahalaga ang malinaw na komunikasyon para maunawaan ng iba ang iyong mga intensyon.

Habang dumarami ang karanasan mo, madali mong magagamit ang OODA loop. Gayunpaman, maraming variable kapag nagmamaneho ka. Kakailanganin mong manatiling alerto at handa.

3.4 | PAG-IWAS SA PAGMAMANEHO NANG WALA SA FOCUS



Seryosong alalahanin ang pagmamaneho nang wala sa focus na mayroong mga panganib para sa lahat ng nasa kalsada o malapit sa kalsada. Inaantala nito ang pagiging alerto, pagpapasya, at kakayahang kailangan para magmaneho nang ligtas. Puwedeng makaapekto ang mga abala sa loob at labas ng sasakyan sa iyong kakayahang tumugon at mag-navigate nang naaangkop.

Magkakaiba ang uri ng mga abala.

- **Sa loob ng sasakyan.** Mga cell phone, kumakain, paglipat ng radyo, at pakikipag-usap sa mga pasahero.
- **Sa labas ng sasakyan.** Mga billboard, banggaan, at gawi ng iba pang tao.
- **Mga pisikal na abala.** Pagkahapo, pagkailang, at mga pisikal na kapansanan.
- **Mga abala sa pag-iisip.** Nananaginip nang gising, pag-aalala, at matitinding emosyon.



Mas nanganganib ang mga driver na wala sa focus na:

- Lumihis palabas sa kanilang lane.
- Magpatakbo nang mabilis o magmaneho nang napakabagal.
- Hindi makita ang mga traffic signal, stop sign, nagmo-motor, namimisikleta, o pedestrian.
- Dumikit nang husto sa iba pang sasakyan o cyclist sa lane.

Mgaistratehiya para maiwasan ang mga abala:

- Magplano nang maaga.
- Itabi ang iyong telepono.
- Mag-oberba.

Sa pamamagitan ng pagbibigay ng buo mong atensyon sa kalsada, magagawa mong:

- Tumugon nang mas mabilis.
- Gumawa ng mas mabubuting pagpapasya.
- Mas maging alerto sa nangyayari.
- Bawasan ang stress at pagkahapo.

MGA BATAS NG WASHINGTON SA PAGMAMANEHO NANG WALA SA FOCUS

Ang pagmamaneho nang wala sa focus ay anumang aktibidad na nagpapawala ng atensyon ng isang tao sa pangunahing gawain ng pagmamaneho. Inilalagay sa panganib ng lahat ng abala ang driver, mga pasahero, at iba pang gumagamit ng kalsada, kasama ang mga pedestrian.

Mayroong mahihigpit na batas ang Estado ng Washington laban sa pagmamaneho nang wala sa focus. Hindi ka puwedeng humawak ng anumang electronic device habang nagmamaneho (gaya ng mga cell phone, tablet, o gaming device). Naaangkop ito sa lahat ng driver, anuman ang edad o karanasan. Pinapayagan ang paggamit ng mga hands-free na device, pero puwede pa ring maging mapanganib ang kahit anong mag-aalis ng paningin at isip mo sa kalsada. Mga malalaking abala ang mga notification, nakakasilaw na ilaw, at visual na cue ng iyong telepono. Maglaan ng ilang sandali para kilalanin kung nakakaapekto sa iyong pagmamaneho ang mga abala.



Puwede kang bigyan ng ticket ng opisyal sa pagpapatupad ng batas para sa paglabag sa batas sa pagmamaneho nang wala sa focus. Posible itong magresulta sa mabibigat na multa. Puwedeng madoble ang mga multa pagkatapos ng una mong paglabag.

Malaking responsibilidad ang pagmamaneho. Mangyaring piliing mag-focus sa daan at maging bahagi ng solusyon para wakasan ang pagmamaneho nang wala sa focus. Posibleng maisip mo na “ginagawa naman ito ng lahat” pero ipinapakita sa mga pag-aaral na hindi ito totoo. Mapapanatili kang ligtas at ang iba ng iyong pagpapasya.

3.5 | MATATALINONG DRIVER

Ang matatalinong driver ay:

- **Alam** ang nangyayari sa loob at labas ng sasakyan.
- **Kayang** kontrolin ang gas, preno, steering, at pwesto ng kanilang sasakyan.
- **Predictable** para sa iba gamit ang pagsi-signal at mahuhusay na paggalaw.
- **Pinag-iisipan** ang kanilang pagpapasya.
- **Seryoso** sa pag-aaral at paggamit ng mga kakayahan sa pagmamaneho.

MAGTUON NG ATENSYON

Kapag bago kang driver, nakaka-overwhelm ang dami ng mga bagay na dapat mong bigyan ng pansin: iyong sasakyan, mga batas-trapiko, mga panganib, iba pang sasakyan, mga karatula, mga marka sa kalsada, mga pedestrian, mga namimisikleta... Naghahanap ng paraan ang matatalinong driver para balansehin ang kanilang atensyon.

- **Paglipat ng atensyon.** Kapag mabilis mong inilipat ang iyong focus sa pagitan ng mga bagay.
- **Nahating atensyon.** Kapag gumagawa ka ng ilang bagay nang sabay-sabay.
- **Naka-focus na atensyon.** Kapag naka-focus ang buo mong isip sa iisang gawain.
- **Hindi nawawalang atensyon.** Kapag kailangan mong ibigay ang atensyon nang matagal.

Mga bagay na puwede mong gawin para matulungan kang ibigay ang atensyon.

- Alisin ang mga abala sa loob ng iyong sasakyan.
- Magpahinga nang mabuti.
- Itabi at i-silent ang iyong mga electronic.
- Limitahan ang dami ng mga pasahero at pet sa iyong sasakyan.
- Iwasang gumawa nang marami habang nagmamaneho.



MAG-OBSERBA

Ang ibig sabihin ng pag-obserba ay paggamit ng iyong mga mata para aktibong obserbahan ang paligid mo. Kasama rin sa pag-obserba ang paggalaw ng iyong ulo, leeg, at katawan para makita mo nang maayos hangga't maaari ang palibot ng iyong sasakyan. Nakakatulong ang pagtingin at pag-obserba sa iyo na maging alerto sa paligid mo na palaging nagbabago: sa loob at labas ng iyong sasakyan. Ganito ka nakakakuha ng impormasyon para makagawa ka ng matatalinong pagpapasya.



Nakakatulong ang patuloy na pag-obserba sa iyong kakayahang magmaneho nang ligtas. Tiyaking bumibiyahe ka sa bilis na sumusuporta sa iyong kakayahang mag-obserba nang mahusay.

Obserbahan ang nasa unahan

Para maiwasan ang last-minute na pagpreno o pangangailangang lumiko o lumihis nang biglaan, tumingin sa unahan para sa:

- Mga sitwasyon ng trapiko na kakailanganin mong iwasan at mga harang na posibleng magtago ng pedestrian, namimisikleta, o ibang sasakyan.
- Mga paa, gulong, anino, at paggalaw sa loob, sa ilalim, at sa palibot ng mga nakaparadang sasakyan.
- Kung ano ang nangyayari sa unahan ng sasakyang nasa harap mo.

Binibigyang-daan ka ng pagtingin sa harap na maagapan ang mga posibleng sitwasyon at ihinahanda ka nito para huminto o lumipat ng direksyon kung kailangan.

Obserbahan ang nasa gilid

- Kapag malapit na sa mga intersection, bigyan ng atensyon nang mabuti ang mga sasakyan, pedestrian, at cyclist na paparating mula sa kaliwa at kanan.
- Mag-ingat sa mga pedestrian at cyclist na posibleng tumawid sa kalsada.
- Kapag may humaharang na dahon o iba pang bagay para hindi mo makita ang nasa gilid mo, mag-ingat sa galaw para matukoy ang mga posibleng panganib at ang mga taong posibleng nagpaplanong tumawid sa kalsada.
- Bago lumiko, tingnan ang iyong mga side mirror at lumingon para tingnan kung may mga namimisikleta o pedestrian na posibleng katabi mo o tatawid sa kalsada.

Obserbahan ang nasa likod

Bukod sa pag-iingat sa trapiko sa harap at gilid mo, tingnan ang trapiko sa likod mo. Mahalagang tingnan kung may mga sasakyan at cyclist sa likod mo kung lilipat ka ng lane, liliko sa bicycle lane, magbabawas ng bilis, aatras, o nagmamaneho nang mabagal sa mahaba o matarik na daan.

Mas dalasan ang pagtingin kapag mabigat ang trapiko. Kung alam mong mayroong masyadong nakadikit o masyadong mabilis ang paglapit sa iyo, kakailangan mo ng oras para aksyunan ito (lumipat ng lane, magpreno, bilisan ang pagtakbo, o bagalan ang pagtakbo).

3.6 | PAGGALANG AT RESPONSABILIDAD

Tukuyin at pahalagahan mo ang ligtas, magalang, at responsableng gawi ng driver.

- Tiyaking gumagamit ng mga safety restrain ang lahat ng tao sa sasakyan.
- Maging naaangkop para magmaneho.
- Unawain ang iba.
- Igalang ang espasyo ng ibang gumagamit ng kalsada.
- Iwasan ang alitan anuman ang pagkakamali.
- Mag-ingat sa kalsada.

MGA PAUNAWA SA TRAPIKO

Ang mga paunawa sa trapiko ay ang mga abiso o alertong ibinibigay sa mga driver tungkol sa mga kasalukuyan o paparating na kundisyon ng trapiko, insidente, o pagsasara ng kalsada. Nagmumula ang mga paunawang ito sa mga opisyal ng transportasyon, sentro sa pamamahala sa trapiko, o mga app sa pag-navigate.

Hanapin ang mga paunawa sa trapiko na makakatulong sa iyong gumawa ng mga pagpapasya batay sa impormasyon tungkol sa iyong mga daraaan. Makakatulong ito sa iyong maiwasan ang mga posibleng pagkaantala o panganib. Ibinibigay ang mga paunawa sa trapiko sa maraming paraan, kasama ang mga electronic na karatula sa kalsada, social media, balita sa radyo, mga website para sa trapiko, at mobile app.

KALAT

Hindi lang hindi maganda ang kalat. Gumagawa rin ito ng mga panganib sa kaligtasan para sa mga taong gumagamit ng kalsada. Puwedeng magdulot ng mga aksidente ang kalat sa kalsada. Ang flammable o nagliliyab na kalat ay puwedeng magsimula ng mga wildfire, na nakakasira sa kapaligiran at posibleng magdulot ng mga kamatayan. Ito ang dahilan kung bakit napakalaki ng mga multa para sa pagkakalat sa Washington. Responsibilidad mo at ng iyong mga pasahero na ingatan ang mga gamit na ibinibiyahe ninyo at itapon nang wasto ang basura.

Nakatakda sa batas sa Estado ng Washington ang mga minimum na multa para sa pagkakalat at ilegal na pagtatapon. Maraming lungsod at bansa ang may mga lokal na ordinansang naiiba sa batas ng estado. Kontakin ang iyong lokal na departamento ng pulisya, opisina ng pulisya, lungsod, o staff ng county para sa impormasyon sa lokal na pagpapatupad ng batas kaugnay ng kalat at para malaman ang mga batas na naaangkop sa lugar mo.

ANG KAPALIGIRAN

Nakakaapekto ang paraan mo ng pagmamaneho sa kapaligiran

Kapag iniwan mong umaandar ang makina ng iyong kotse habang nakaparada, lalo na sa garahe, puwede itong maglabas ng mga mapanganib na gas gaya ng carbon monoxide na puwedeng maging nakamamatay. Nakadaragdag din ng polusyon sa hangin ang pag-idle ng iyong makina.

Sa pamamagitan ng paggawa ng maliliit na pagbabagong ito, makakatulong kang bawasan ang mga emission ng sasakyan:

- Patayin ang iyong makina kung paparada ka sa loob ng ilang sandali.
- Magmaneho nang marahan sa halip na mabilis o magpreno nang biglaan na gumagamit ng mas maraming gasolina.
- Panatiliing mayroong wastong hangin ang iyong mga gulong para mas makatipid ng gasolina.
- Mag-carpool o sumakay sa pampublikong sasakyan kapag maaari para mabawasan ang dami ng mga kotse sa kalsada.

Nakakaapekto ang minamaneho mo sa kapaligiran

Sinikap ng karamihan ng mga manufacturer ng sasakyan na mabawasan ang mga carbon footprint sa pamamagitan ng mas kaunting mga emission, tipid na gasolina, at mga pangkaligtasang



feature na idinisenyo para mapaganda ang daloy ng trapiko. Sinusuportahan ang mga pagsisikap na ito ng pagpiling pag-isipan ang mabibilis na ruta at pag-carpool kasama ng iba pang tao (bilang karagdagan sa pagkakaroon ng mga pang-ekonomikong benepisyo). Iniaatas ng Clean Car Law ng Washington (Washington's Clean Car Law) sa mga sasakyang ginawa noong 2009 at mas bago na matugunan ang mahihigpit na pamantayan sa malinis na hangin bago maparehistro, malisensyahan, o maibenta ang mga ito.

Kung kailangan mong mag-dispose ng sasakyan o mga piyesang sasakyan, kontakin ang sentro para sa pag-recycle ng pag-dispose ng sasakyan para tulungan kang gawin ito sa makakalikasang paraan.

PAGSUSURI SA SARILI

Ang pagsusuri sa sarili ay mabilis, madali, at mahalagang bahagi ng pagiging responsableng driver. Puwede itong gawin habang nagmamaneho o pagkatapos magmaneho. Itanong sa sarili mo ang mga sumusunod:

- Mayroon ba akong ikinagulat?
- Mayroon ba akong nagulat?
- Legal, mahusay, at maayos ba akong nagmaneho?
- Ano ang mga pagbabagong kailangan kong gawin sa susunod?

Ang regular na pagsusuri sa iyong mga kakayahan sa pagmamaneho sa tuwing matatapos magmaneho ay hindi lang nakakatulong sa iyong mapahusay ang mga kakayahan mo, nakakatulong din itong panatilihin ang iyong mga kakayahan kapag na-develop na ang mga ito. Humihina ang mga kakayahan sa paglipas ng panahon, kaya ang regular na pag-evaluate ay pinapanatiling mas mahusay ang iyong pagmamaneho.

Para panatilihin ang sariwa ang iyong mga kakayahan, tukuyin ang:

- Mga salik na nag-aambag sa mga pagbabago sa iyong mga kakayahan sa pagmamaneho.
- Mga pagbabago sa mga kasanayan sa pagmamaneho.
- Mga pagbabago sa mga batas-trapiko.
- Mga pagbabago at pagsulong sa teknolohiya ng sasakyan.
- Mga pagkakataon para sa pang-habang-buhay na pag-aaral na nauugnay sa pagmamaneho.



4

KABANATA 4 MGA KALSADA



4.0 | KAMALAYAN AT KOOPERASYON

Isipin ang lahat ng dahilan kung bakit ginagamit ng mga tao ang mga kalsada sa Washington: para dalawin ang pamilya, maghatid ng mga may sakit na bata sa doktor, o umuwi pagkatapos ng mahirap na maghapon sa trabaho. Ang mga kalsada sa Washington ay ginagamit ng mga taong kagaya mo, at umaasa ang sistema ng kalsada sa kooperasyon at nagkakaisang pang-unawa ng mga taong gumagamit nito. Inaasahan mong nalalaman at susundin ng ibang tao ang mga panuntunan ng kalsada. Ganoon din ang inaasahan nila sa iyo.

Posibleng nakakalito paminsan-minsan ang mga kalsada. Halimbawa, posibleng may ginagawang konstruksiyon o puno ito ng mga sasakyan, truck, motorsiklo, nagbibisikleta, at pedestrian. May mga sandaling posibleng mangailangan ka ng dagdag na pasensiya at pang-unawa. Posibleng mas madali para sa iyo na bumiyahe sa kalsada kung matatandaan mong mahirap ang buhay at ginagawa ng mga tao ang lahat ng makakaya nila.

Ang mahalaga ay pagkamagalang, respeto, at kaalaman sa iba. Ikaliligtas ng kapuwa mo o ng sarili mo sa malubhang pinsala o pagkamatay ang pag-iingat at pang-unawa.

4.1 | KAPAG MAY MGA TAO

Palaging magbigay daan sa mga pedestrian.

Ang mga pedestrian at nagbibisikleta ang may right-of-way sa mga tawiran at intersection **mayroon man o walang marka ang kalsada.**

- **Maghintay** hanggang makalampas na nang isa pang lane mula sa lane mo ang pedestrian bago magpatuloy. Kung gumagamit ng wheelchair, tungkod, guide dog, o iba pang service animal ang pedestrian, hintaying tuluyan siyang makatawid bago magpatuloy.
- **Huwag** sumalubong sa trapiko para maunahan ang isang pedestrian o nagbibisikleta.

Tingnan ang mga taong:

- **Hindi ka makita**, gaya ng mga tao sa likod ng mga gusali o kotse, pedestrian na nakatalikod, at mga tao na nakasuot ng sumbrero o nakapayong.
- **Hindi buo ang pansin**, gaya ng mga bata, taong may delivery, nagtatrabaho sa kalsada, at pedestrian na gumagamit ng telepono o nakasuot ng headphones.
- **Posibleng nalilito**, gaya ng mga turista at taong gumagamit ng mapa o naghahanap ng bagong lokasyon.
- **Gumagamit ng wheelchair**, tungkod, o service animal. Labag sa batas na abalahin ang isang service animal. Huwag bumusina. Posible nitong malito o matakot ang hayop o pedestrian.


4.2 | KAPAG MAY MGA SCHOOL BUS



Ang pagsasakay at pagpapababa sa school bus ay potensiyal na mapanganib na sitwasyon.

Hindi palaging madaling malaman ang kilos ng mga batang nasa paaralan pa at hindi rin sila palaging nagmamatyag sa panganib. Tiyaking isinasaalang-alang at pinag-iingat mo ang mga bata habang sumasakay at bumababa sila sa school bus. Magpasensiya at sundin ang limitasyon sa bilis at mga signal ng school bus.

Parang mga signal ng trapiko ang mga ilaw ng school bus: Hinto ang ibig sabihin ng pula, at mag-ingat o bagalan ang takbo ang ibig sabihin ng dilaw.




KAPAG NASA LIKOD KA NG BUS

Labag sa batas na lampasan ito kapag nag-flash ang mga pulang ilaw.

Huwag kailanman unahan ang school bus na may mga nagfa-flash ilaw. Ipinapaalam sa iyo ng mga ilaw at sign na may mga batang malapit at sumasakay/bumababa sa bus.

- Ang lahat ng driver kapareho ng direksiyon ng bus ay dapat huminto kapag nag-flash ang pulang ilaw, at nakalabas ang stop sign.
- Huwag gumamit ng center turn lane para unahan ang isang school bus. Dapat huminto ang mga driver sa lahat ng turn lane.
- Puwede mo itong unahan kapag huminto na mag-flash ang mga ilaw, ibinalik ulit ang sign, at bumalik na sa harap na bumper ng bus ang metal arm.
- Patuloy na tingnan ang mga bata kahit pagkatapos huminto mag-flash ang mga pulang ilaw.





KAPAG NASA HARAP KA NG BUS

Sa 2-lane na kalsada

Dapat huminto ang lahat ng sasakyan kapag mag-flash ang mga pulang ilaw at nakalabas ang stop sign. Puwede kang magpatuloy sa pagbiyahe nang pasalubong kapag huminto mag-flash ang mga ilaw, ibinalik ulit ang sign, at bumalik na sa harap na bumper ng bus ang metal arm.



Sa kalsadang maraming lane

- Ang mga driver na bumibiyahe sa likod ng bus ay dapat huminto kapag nag-flash ang mga pulang ilaw at nakalabas ang stop sign.
- Ang mga driver na bumibiyahe sa kabilang direksiyon ay hindi kailangang huminto kapag nag-flash ang mga pulang ilaw o nakalabas ang stop sign **KUNG:**
 - May tatlo o higit pang lane.
 - Ang mga lane ay pinaghihiwalay ng median o barrier.





4.3 | KAPAG MAY MGA PAMPUBLIKONG BUS

Paraanin ang anumang pampublikong sasakyang kapareho mo ng direksiyon na nagpakita ng signal at binabagalan ang takbo sa kalsada.

4.4 | KAPAG MAY MALALAKING SASAKYAN

Para ligtas na bumiyahe sa iisang kalsada kasama ang malalaking truck at bus, nalalaman mo dapat ang kanilang mga espesyal na limitasyon. Kailangan mo ng karagdagang oras at espasyo kapag nagmamaneho malapit sa malalaking sasakyan. Kapag malapit ka sa malalaking sasakyan sa kalsada, partikular na pansinin ang sumusunod:

Visibility. Kapag sinusundan ang malalaking sasakyan, ayusin ang layo mo para malawak ang nakikita mo sa kalsada sa unahan.

Mga blind zone. Kung malapit ka sa malaking sasakyan at hindi mo makita ang mga salamin ng driver, hindi ka nakikita ng driver. May mga blind zone sa magkabilang gilid ng malalaking sasakyan kung saan hindi ka makikita ng driver. Iwasang sumabay sa malalaking sasakyan nang masyadong matagal.


Paghinto. Hindi nakakahinto ang malalaking sasakyan nang kasing-bilis ng maliliit na sasakyan. Ang punong truck na may maayos na preno, na bumibiyahe nang 55 mph, ay mangangailangan ng 450 talampakan para tuluyang huminto. Mapanganib para sa lahat ang unahan ang mga ito nang walang sapat na espasyo.

Pag-merge. Kapag papasok sa kalsada nang may mauunahang malaking sasakyan, maghintay hanggang malinaw mong makita ang pareho nitong mga headlight sa rearview mirror mo bago pumasok sa kalsada sa harap nito. Pagkatapos mag-merge, panatilihin ang daloy ng trapiko para mabawasan ang mga epekto sa iba pang motorista.

Espasyo sa pagliko. Para maiwasang may mabangga, posibleng mangailangan ang malalaking sasakyan ng mahigit isang lane para makakumpleto ng pagliko. Kailangan din nila ng 2 lane na espasyo sa rotunda. Huwag lampasan ang malaking sasakyan kapag lumiklo ito. Madalas itong sanhi ng mga banggaan kabilang ang malalaking sasakyan. Huwag mainip at hintaying matapos itong lumiklo bago magpatuloy.

Mapapanganib na materyal. Habang nagmamaneho ka, mag-ingat sa mga sasakyang may mga sign na nagsasaad na may dala itong mapapanganib na materyal. Iwasang magmaneho nang malapit sa mga ito kapag posible.

Mahahaba at matatarik na daan. Kapag nagbibiyaha paakyat o pababa ng matatarik na kalsada, mabagal bumiyaha ang malalaking sasakyan. Paghandaan ang mababagal na sasakyan sa kanang lane.




MGA SNOWPLOW

Mag-ingat kapag nagmamaneho malapit sa kagamitang nag-aalis ng niyebe. Nagagawa ng mga snowplow na magpalipad ng niyebe mula sa kalsada na parang blizzard. Posible nitong mabawasan ang nakikita ng mga driver nang masyadong malapit.


4.5 | KAPAG MAY MGA MOTORSIKLO

Katulad ng iba pang gumagamit ng kalsada ang mga karapatan at responsibilidad ng mga nagmomotorsiklo. Pareho ang sinusunod nilang batas trapiko. Gayunpaman, dahil maliliit na sasakyan ang mga motorsiklo, mas lantad sa panganib at mahirap makita ang mga ito. Ugaliing tumingin kung may motorsiklo at maging maingat malapit sa mga ito.



PAGSUNOD

Maglaan ng maraming espasyo para makahinto sa harapan mo kapag sinusundan mo ang isang motorsiklo. Gusto mong magkaroon ng sapat na oras para ligtas na makahinto sa isang emergency. Ang lagay ng panahon at madudulas na daanan ay posibleng maging seryosong problema para sa mga nagmomotorsiklo. Maglaan ng mas malaki pang espasyo kapag umuulan o madulas ang kalsada.



MGA LANE

Palaging papalit-palit ng posisyon ang mga nagmomotorsiklo sa loob ng lane nila, para makakita at makita sila, at para umiwas sa mga sagabal sa kalsada. May karapatan sila sa lawak ng lane na katulad ng lahat ng iba pang sasakyan. Huwag kailanman sakupin ang lane ng nagmomotorsiklo, kahit na malawak ang lane at nasa gilid ng lane ang nagmomotorsiklo.



PAGLIKO

Madalas na nakatago o hindi nakikita sa mga blind zone ang mga nagmomotorsiklo. Lumingon para matiyak na walang nasa blind zone mo. Halimbawa, kung kakanan ka, tumingin sa kaliwa, tumingin sa kanan, at tumingin ulit sa kaliwa. Makakasagip ng buhay ang paninigurado. Ang motorsiklo ay posibleng hindi makita ng mga motoristang papasok sa lane sa harap ng motorsiklo o liliko sa harap ng paparating na motorsiklo. Posible ring magkamali sila ng tantya sa bilis ng paparating na motorsiklo.

IBABAW NG KALSADA

Ang mga lubak at hindi maayos na anyo sa kalsada na hindi nakakaapekto sa iba pang motorista, gaya ng graba, kalat, hangganan ng sidewalk, maliliit na mga hayop, butas, at kahit takip ng manhole, ay maaaring makapilit sa nagmomotorsiklo na magbago ng bilis o puwesto sa lane. Paghandaan ang mga pagbabagong posibleng kailanganing gawin ng isang nagmomotorsiklo.

MGA ILAW

Mga ilaw mo. Bigyan ang mga nagmomotorsiklo ng maraming oras para mapansin ang mga turn signal at brake light mo.

Mga ilaw ng nagmomotorsiklo. Kapag bumabagal, posibleng gamitin ng mga nagmomotorsiklo ang throttle at hindi ang kanilang ang mga preno, kaya hindi makikita ang mga brake light. Dagdag pa rito, ang ilang motorsiklo ay walang turn signal na awtomatikong nag-o-off. Tiyaking alerto ka at maingat na nagmamatyag mabuti kapag nagmamaneho kasabay ng motorsiklo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagsakay ng mga motorsiklo, bisitahin ang dol.wa.gov at hanapin ang **motorcycle operator manual** (manual ng operator ng motorsiklo).

4.6 | KAPAG MAY MGA NAGBIBISIKLETA

Kapareho ng driver ng sasakyan ang mga karapatan, tungkulin, at responsibilidad ng mga nagbibisikleta. Gaya ng mga motorsiklo, maliit at mas mahirap makita ang mga bisikleta, na nagpapalaki sa panganib ng mga nagbibisikleta na mabangga ng motorista at malubhang masaktan o mapatay.



PANGKALAHATANG GABAY

- Kapag lumiliko o pumapasok sa driveway, tumingin kung may mga bisikleta sa tawiran o sa sidewalk.
- Sa mga intersection, paraanin ang mga bisikleta kung paano ka magpapadaan ng sasakyan.
- Hindi ka puwedeng sumabay sa bisikleta sa iisang lane. Ayon sa batas, puwedeng gamitin ng mga nagbibisikleta ang buong lane at magbisikleta kung saan ninyo sila pinakamakikita ng iba pang motorista. Kapag nagmamaneho ka sa likod ng bisikleta, maglaan ng kahit 3 talampakang espasyo.
- Itinuturing na mga pedestrian ang mga nagbibisikleta sa tawiran. Dapat mong paraanin ang mga ito sa mga tawiran at intersection na mayroon at walang marka.

PAGLAMPAS SA BISIKLETA

- Huwag unahan ang bisikleta hanggang ligtas na itong gawin para sa inyong pareho.
- Lumipat nang isang buong lane kung may dalawang lane sa parehong direksiyon. Kung may 1 lane lang sa bawat direksiyon, lumipat sa kabilang lane kapag walang paparating na mga sasakyan. Mag-iwan ng kahit 3 talampakan sa pagitan ng nagbibisikleta at pinakamalawak na bahagi ng sasakyan mo. (Tandaang posibleng kailanganin ng nagbibisikleta na magbago ng puwesto para makaiwas sa panganib na hindi mo nakikita.)
- Huwag tatawid sa paparating na mga sasakyan para lampasan ang isang nagbibisikleta.
- Mabagal na lampasan ang nagbibisikleta sa kaliwa niya at huwag kailanman sasalubong sa paparating na mga sasakyan.
- Tiyaking hindi na nakaharang ang nagbibisikleta bago bumalik sa lane. Maaaring mapanganib para sa nagbibisikleta ang paglipat nang masyadong maaga.
- Hayaan munang lumampas sa intersection ang nagbibisikleta bago lumiko. Kung kakanan ka, huwag lampasan ang bisikleta bago lumiko.

MGA BIKE LANE

- Tingnan kung may mga lane para sa bisikleta, nakaraniwang kulay berde ang pintura, gumagamit ng mga tuloy-tuloy na puting linya, at may marka ng simbolo ng bisikleta. Bagama't magkakaiba ng haba ang mga marka ng bike lane, dapat kang magmaneho na parang nagpapatuloy ang mga marka.
- Magmaneho lang sa mga lane para sa bisikleta kapag lumiliko o para tawirin ang lane para pumarada malapit sa tabi ng kalsada.
- Tingnan mabuti sa lahat ng direksiyon kung may nagbibisikleta pagkatapos mong pumarada at bago buksan ang pinto mo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbibisikleta, bisitahin ang wsdot.wa.gov at hanapin ang **bicycling and walking** (pagbibisikleta at paglalakad).

4.7 | KAPAG MAY MGA TREN

Nararapat na bigyan ng maingat na atensyon ang mga riles.



Tumawid lang sa mga riles sa mga itinalagang tawiran. Hanapin ang mga karatulang pangkaligtasan, nagfa-flash na ilaw, at gate ng tawiran. Nangangahulugan ang pulang ilaw sa tawiran ng riles na may paparating na tren at kailangan mong manatili sa labas ng gate.



Ang mga tren ang PALAGING may right-of-way. Mabigat ang mga ito at hindi kaagad makakatigil kahit tumatakbo ito nang mabagal. Maaaring umabot nang hanggang isang milya bago huminto nang tuluyan ang isang tren.

Kapag nagfa-flash ang mga ilaw at tumutunog ang mga bell sa tawiran ng tren, dapat kang huminto — nakababa man o hindi ang gate. Huwag kailanman ikutan ang gate.

Huminto sa pagitan ng 15 hanggang 50 talampakan ang layo mula sa pinakamalapit na riles ng tawiran kapag:

- Nagfa-flash ang signal.
- Bumababa o nakababa na ang gate sa tawiran.
- Nagsesenyas na ang flagger na huminto.
- Napakalapit na ng paparating na tren agaran itong ikanganganib.
- Makakarinig ka ng babalang busina ng tren.
- May nakapaskil na stop sign.

Makakadaan ka na kapag huminto ang nagfa-flash na mga pulang ilaw at naka-deactivate na ang lahat ng iba pang babala.

MAHAHALAGANG PAALALA PARA SA KALIGTASAN

Huwag subukang unahan ang tren sa riles.

Sa sandaling naka-activate na ang mga babala: huminto.

Huwag huminto sa mga riles.

Kung maiipit sa tawiran ang sasakyan mo, palabasin kaagad ang lahat.

Huwag balewalain ang mga babala.

Kahit na wala kang makitang tren, magtiwala sa mga signal.

Maaaring mas malapit, mas tahimik, at mas mabilis kaysa sa inaakala mo ang mga tren. Ang mga tren ay maaaring magmula sa alinmang direksiyon at tumakbo sa alinmang riles.

KAILAN HIHINGI NG TULONG



Kung may anumang nasa riles o malapit dito, tawagan ang numero sa asul at puting karatula ng Sistema ng Abisong Pang-emergency (Emergency Notification System). Ibigay sa dispatcher ang crossing ID number. Ipaalam sa kanya ang lokasyon mo at mga detalye ng sitwasyon. Walang karatula? Tumawag sa 911.

LIGHT RAIL

Ang Link light rail line ng Sound Transit ay mahalagang bahagi ng pangmatagalang network ng transportasyon ng Washington. Narito ang ilang alituntunin para sa pagmamaneho malapit sa mga istasyon at linya ng riles:

- Bigyang pansin ang lahat ng karatula at marka sa kalsada.
- Maging alerto at mag-ingat sa mga paparating na light rail na tren.
- Maglaan ng hindi iikli sa isang kotse (o higit pa) na distansiya sa pagitan ng sasakyan mo at mga light rail na tren.
- Huwag huminto, pumarada, o iwanan ang iyong kotse sa riles! Pumarada nang may maraming espasyo para makalayo sa iyo ang mga tren.

4.8 | KAPAG MAY MGA SASAKYANG PANG-AGRIKULTURA

Ang mga sasakyang pang-agrikultura at pambukid na idinisenyong tumakbo nang 25 mph o mas mabagal ay may tatsulok na sign o emblem sa likod. Kapag nakakita ka ng mabagal na sasakyan, tandaang:

- Huwag mainip at bagalan ang takbo.
- Magbigay ng maraming espasyo at mag-ingat kapag uunahan ang mga ito.

Kung kailangan mong lampasan ang isang sasakyang pang-agrikultura at may dalawang lane sa parehong direksiyon, lumipat nang isang buong lane. Kung may isang lane lang sa bawat direksiyon, tingnan kung may paparating na sasakyan at maingat na magpatuloy. Habang lumalampas ka, hindi dapat lalapit sa 3 talampakan ang pagitan ng pinakamalawak na bahagi ng sasakyan mo at ng pang-agrikulturang sasakyan.



4.9 | KAPAG MAY MGA SASAKYANG PANG-EMERGENCY

Palaging may right-of-way ang mga bumbero, ambulansiya, at mga kotse ng pulis na gumagamit ng mga ilaw at/o sirena.

Sa sandaling makita o marinig mo ang mga signal, itabi kaagad sa kanan ng kalsada ang iyong sasakyan at huminto. Hintaying lumampas ang sasakyang pang-emergency bago mag-signal at bumalik sa trapiko. Dapat kang bumalik sa trapiko kung saan ka huminto. Hintaying lumampas ang sasakyang pang-emergency bago mag-signal at bumalik sa trapiko. Dapat kang bumalik sa trapiko kung saan ka huminto. Sa pagtabi sa kanan, natutulungan mo ang mga nagmamaneho ng sasakyang pang-emergency na gawin ang trabaho nila at makakasagip ka pa ng buhay!

MGA PANUNTUNAN NG KALSADA

4.10 | MGA BATAS TRAPIKO

Idinisenyo ang mga panuntunan ng kalsada para panatilihing ligtas ang mga tao. Naiiwasan ng mga ito ang mga insidente sa trapiko sa pamamagitan ng paggawa ng mga panuntunang pinagkakasunduang sundin ng lahat kapag ginagamit nila ang kalsada. Umiiral ang mga batas para panatilihing gumagalaw nang maayos ang mga sistema ng kalsada.

Walang pagbabago sa kalakhan ang mga pangunahing panuntunan ng kalsada. Gayunpaman, posibleng magbago ang mga batas trapiko. Makikita mo ang mga pinakabagong panuntunan ng kalsada sa pamamagitan ng paghahanap sa **RCW 46.61** (Revised Code of Washington 46.61, Nirebisang Kodigo ng Washington 46.61) online. Hangga't nagmamaneho ka, responsibilidad mong manatiling may kaalaman tungkol sa mga pinakabagong panuntunan ng kalsada.

PANGKALAHATANG GABAY SA PAGMAMANEHO

Bilang motorista sa estado ng Washington, magandang ideyang tandaan ang pangkalahatang gabay na ito sa pagmamaneho:

- Magmaneho sa kanang bahagi ng kalsada. Ang pagkakataon lang kung kailan ka pansamantalang dadaan sa kaliwa ay kung ligtas at legal mong lalampasan ang isa pang sasakyan sa kalsadang may dalawang lane.
- **Manatili sa kanan maliban kung may lalampasan.** Kung maraming lane na iisa ang direksiyon, magmaneho sa kanang lane. Gamitin ang kaliwang lane para lalampasan ang mas mabagal na trapiko.
- Sundin ang mga batas sa limitasyon sa bilis, kahit habang ginagamit ang kaliwang lane para may lalampasan.
- Tandaan, hindi passing lane ang mga carpool lane.
- Huwag gamitin ang mga shoulder ng kalsada para may lalampasan. Maliban kung ididirekta ng mga opisyal o karatula, hindi ka dapat magmaneho sa shoulder.
- Iwasang harangan ang mga travel lane. Kung kailangan mong huminto, tuloy-tuloy lang na magpatakbo hanggang ligtas kang makakahinto sa tabi.

- Patuloy lang na umabante. Huwag umatras sa kalsada, kahit na malampasan mo ang lilikuan o exit mo. Illegal na umatras sa shoulder o freeway.
- Huwag mag-hitchhike o magpasakay ng mga hitchhiker sa mga freeway ng Washington. Illegal at mapanganib ito.

MGA DEVICE SA PAGKONTROL NG TRAPIKO

Ang mga device sa pagkontrol ng trapiko ay mga signal, karatula, at marka sa kalsada na kumokontrol sa daloy ng trapiko, na ginagawang mas ligtas ang mga kalsada at highway para sa mga motorista, nagbibisikleta, at pedestrian. Responsibilidad mong hanapin at sundin ang lahat ng signal, karatula, at marka sa kalsada.

Sa mga espesyal na sitwasyon, puwedeng idirekta ang trapiko ng alagad ng batas, manggagawa sa konstruksiyon, tauhan sa pagmementina, at guwardiya sa tawiran sa paaralan. Puwedeng i-override ng mga taong ito ang mga signal sa trapiko, at dapat sundin ang mga utos o direksiyon nila.

MGA SIRANG ILAW O SIGNAL

Kung hindi gumagana ang isang signal sa trapiko, ipagpalagay na parang four-way stop ang intersection. Huminto nang tuluyan. Paraanin ang sasakyan sa iyong kanan. Maingat na magpatuloy kapag ligtas na.

4.11 | MGA SIGNAL NG ILAW TRAPIKO



Tuloy-tuloy na nakasinding Pula

Huminto. Maghintay na maging berde ang ilaw trapiko at wala nang sasakyan o pedestrian sa intersection bago ka magpatuloy.

Pagkatapos mong huminto nang tuluyan sa pulang ilaw, puwede kang *kumanan* kung hindi ka makakakita ng karatulang “huwag liliko kapag pula” (no turn on red) at malaki ang espasyo mo para pumasok sa trapiko.


Pagkatapos mong huminto nang tuluyan sa pulang ilaw, puwede kang *kumaliwa* sa one-way na kalsada kung hindi ka makakakita ng karatulang “huwag liliko kapag pula” (no turn on red) at malaki ang espasyo mo para pumasok sa trapiko.



Patay-sinding Pula

Huminto. Nagsisilbing stop sign ang patay-sinding pulang ilaw trapiko.

Huminto nang tuluyan, at magpatuloy kapag ikaw na ang susunod.



Pulang Arrow

Huminto. Nangangahulugan ang pulang arrow na hindi ka puwedeng pumunta sa direksiyon ng arrow.





Tuloy-tuloy na nakasinding Dilaw


Bagalan ang takbo. Nangangahulugan itong magiging pula ang ilaw. Kapag nakakita ka ng dilaw na ilaw, bagalan ang takbo at maghandang huminto. Kapag nasa intersection ka pagkasindi ng dilaw na ilaw, magpatuloy sa intersection sa nakapaskil sa bilis.

Hindi ka maaaring magpatakbo nang mas mabilis sa nakapaskil na limitasyon sa bilis para pumasok o dumaan sa intersection kapag dilaw ang ilaw.



Patay-sinding Dilaw

Bagalan ang takbo. Kasing-kahulugan ng patay-sinding dilaw na ilaw ang yield sign. Ituring na hindi kontrolado ang intersection. Magpatuloy kapag nasa iyo ang right-of-way.



Dilaw na Arrow

Bagalan ang takbo. Nangangahulugan ang dilaw na arrow na malapit nang maging pula ang ilaw. Maghandang huminto at ibigay ang right-of-way sa paparating na sasakyan.





Tuloy-tuloy na nakasinding Berde

Magpatuloy, pero tiyaking:


- Hintaying mawalan ng mga sasakyan ang intersection.
- Paraanin ang mga sasakyang pang-emergency ayon sa ipinag-aatas ng batas.
- Paraanin ang mga pedestrian.

Kapag kakaliwa ka sa berdeng ilaw, paraanin ang mga paparating na sasakyan. Nasa kasalubong na trapiko ang right-of-way. Huminto kung saan malinaw mong makikita ang paparating na trapiko, pagkatapos ay ligtas na kumpletuhin ang pagliko kapag may puwang sa trapiko.



Patay-sinding Berde

Hindi ka makakakita ng patay-sinding berdeng ilaw sa estado ng Washington. Gayunpaman, posibleng makakita ka nito sa British Columbia, Canada, bilang babala na naghihintay na tumawid ang mga pedestrian.



Berdeng Arrow

Pumunta sa direksiyon ng arrow. Binibigyan ka ng berdeng arrow ng right-of-way na pumunta sa direksiyong iyon. Wala dapat paparating na sasakyan, tumatawid na sasakyan, o pedestrian habang kulay berde ang arrow.



MGA RAMP METER SA FREEWAY

Gumagana gaya ng mga regular na signal sa trapiko ang mga ramp meter. Kapag pula ang ilaw, huminto sa puting linyang hintuan. Kapag naging berde ang signal, puwede kang magpatuloy sa on-ramp.

4.12 | MGA KARATULA

Ipinapaalam sa iyo ng mga karatula sa trapiko ang mga panuntunan sa trapiko, panganib, direksiyon sa kalsada, at lokasyon ng mga serbisyo sa kalsada. Ang hugis at kulay ng mga karatulang ito, at ang mga simbolo at salita ng mga ito, ay pahiwatig ng uri ng impormasyong ibinibigay ng mga ito.

Pula	Pagbabawal o pinaghihigpitang pagkilos	
Orange	Babala sa konstruksiyon at pagmementina	
Dilaw	Babala sa pangkalahatan at mga hindi inaasahang kundisyon ng kalsada	
Matingkad na Manilaw-nilaw na Berde	Babalang may paaralan, pedestrian, o nagbibisikleta	
Puti	Panregulasyon	
Berde	Gabay o directional na impormasyon	
Asul	Gabay sa mga serbisyo sa motorista	
Kayumanggi	Pagtukoy sa pampublikong lugar ng paglilibang, kultura at kasaysayan	

MGA KARANIWANG KARATULA




Hinto

Nangangahulugan ang stop sign na dapat kang huminto sa linya, tawiran, o kanto. Tingnan kung may mga tatawid na sasakyan at pedestrian sa lahat ng direksiyon at ibigay ang right-of-way.



Yield

Nangangahulugan ang yield sign na dapat mong bagalan ang takbo at paraanin muna ang sasakyang may right-of-way.



Limitasyon sa Bilis

Ipinapaalam sa iyo ng mga karatulang ito ang maximum na ligtas na bilis na pinapayagan o ang minimum na ligtas na bilis na kinakailangan.

- Ang maximum na limitasyon sa bilis ay para sa mga ideyal na kundisyon. Bagalan ang takbo kapag kinakailangan ayon sa kundisyon ng kalsada — gaya kung madulas ang kalsada o mahamog at mahirap makakita. Kahit nagmamaneho ka nang mas mabagal sa nakapaskil na limitasyon sa bilis, posible kang makakuha ng ticket para sa pagpapatakbo nang masyadong mabilis para sa kundisyon ng kalsada.
- May ilang kalsadang may minimum na limitasyon sa bilis. Kinakailangan mong magpatakbo nang ganito man lang kabilis para hindi ka maging mapanganib para sa iba pang motorista.



Manatili sa Kanan

Ipinapaalala sa iyo ng karatulang ito na manatili sa kanang lane maliban kung may lampasan kang isa pang sasakyan.





Mga naka-automate na camera para sa kaligtasan sa trapiko

Awtomatikong kumukuha ng mga larawan ang mga camera na ito kung:

- Hindi ka hihinto sa tuloy-tuloy na nakasinding pulang ilaw.
- Hindi ka hihinto sa signal ng tawiran sa riles.
- Lumampas ka sa limitasyon sa bilis sa zone ng paaralan.

Malinaw ang marka sa lahat ng lokasyong may camera para sa trapiko. Ang mga speeding ticket mula sa mga lokasyong ito ay ipinapadala sa koreo sa may-ari ng sasakyan.



Babala sa bilis

Isinasaad ng mga karatulang ito na inirerekomendang magbago ng bilis para sa potensiyal na panganib o kundisyon ng kalsada (kadalasang kurbada o pagliko). langkop ang bilis mo batay sa lahat ng salik (kalsada, lagay ng panahon, trapiko, atbp.) at sundin ang limitasyon sa babala sa bilis.



Variable na limitasyon sa bilis at paunang abiso

Sinusubukan ng mga digital na karatulang ito na hati-hatiin ang daloy ng trapiko sa pamamagitan ng pagpapaskil ng mga nagbabagong limitasyon sa bilis. Magagawa rin ng mga digital na karatula ng paunang abiso na mabilis na magsara ng mga buong lane at magbigay ng impormasyon ng babala sa mga driver bago nila maabot ang mas mabagal na trapiko.



Isang Direksiyon Lang

Tinutukoy ng mga karatulang ito kung saan dumadaloy lang ang trapiko sa direksiyon ng arrow. Huwag kailanman magmamaneho sa maling direksiyon sa one-way na kalsada.



Hindi pinapayagan

May pulang bilog na may pulang slash sa ibabaw ng simbolo ang ilang panregulasyong karatula. Isinasaad ng mga karatulang ito na hindi pinapayagan ang ilang partikular na aksyon, gaya ng pagliko sa kaliwa, pagliko sa kanan, o mga U-turn.



Huwag Pumasok

Nangangahulugan ang parisukat na karatulang may puting pahalang na linya sa loob ng bilog na hindi ka puwedeng pumasok sa kalsada mula sa direksiyong iyon.



Maling Daan

Inaalerto ka nitong nagmamaneho ka sa maling direksiyon at nilalayan nitong maiwasan ang mga magkasalubong na banggaan. Huminto at umikot kaagad.



Bawal unahan ang ibang sasakyan at ligtas na pag-una

Isinasaad ng mga karatulang ito kung saan hindi piyapayagang lampasan ang ibang sasakyan. Posibleng makita mo ang mga karatulang ito kung saan may mga potensiyal na panganib, gaya ng mga paahong lugar, kurbada, at intersection, at iba pang lugar kung saan makakapasok sa kalsada ang isang sasakyan. May mga karatula rin at marka ng lane na nagsasabi sa iyo kapag ligtas nang lampasan ang ibang sasakyan.



Salubungan ang gitnang lane kumaliwa lang

Isinasaad ng karatulang ito kung saan nakalaan ang isang lane para sa mga kumakaliwang sasakyan mula sa magkabilang direksiyon at hindi ito dapat gamitin para sa mga diretsong trapiko o para lampasan ang iba pang sasakyan. Kadalasang nakapintura sa kalsada ang mga arrow.



Rotonda

Minamarkahan ng mga karatulang ito ang pasukan ng rotonda. Ang mga rotonda ay posible ring magkaroon ng mga karatula ng yield, babala ng pedestrian, at arrow para sa direksiyon.

MGA KARATULA SA LUGAR NG TRABAHO



Binabalaan ka ng mga karatulang ito ng konstruksiyon, pagmementina, o pang-emergency na operasyon na may mga taong nagtatrabaho malapit sa kalsada. Dapat paraanin ng mga motorista, pedestrian, at nagbibisikleta ang sinumang tauhan ng konstruksiyon sa highway, sasakyang may patay-sinding dilaw na ilaw, o kagamitan sa loob ng konstruksiyon sa highway o lugar ng trabaho ng pagmementina. Doble ang mga multa para sa mga paglabag na magagawa habang nagmamaneho sa mga lugar ng konstruksiyon kapag may mga manggagawang naroroon.

MGA KARATULA PARA SA SERBISYO



Ipinapakita ng mga karatula para sa serbisyo ang lokasyon ng iba't ibang serbisyo, gaya ng mga ospital, charging station ng de-kuryenteng vehicle, at pahingahan.



MGA KARATULA PARA SA PAGLILIBANG



Ipinapakita ng mga karatula para sa paglilibang ang mga lokal na attraction, gaya ng mga hiking trail, lugar para sa picnic, at lugar para mag-ski.

MGA KARATULA PARA SA DESTINASYON

Ipinapakita ng mga karatula para sa destinasyon ang mga direksiyon at distansiya sa iba't ibang lokasyon, gaya ng mga lungsod, paliparan, o linya ng estado o espesyal na lugar gaya ng mga pambansang parke, makasaysayang lugar, o museo.

Isinasaad ng hugis at kulay ng numero ng ruta ang uri ng kalsada — Kalsadang interstate, U.S., pang-estado, panlungsod, o kalsada ng county.



Mileage ng lungsod



Opsyonal na exit at exit lang



Mga karatula sa highway

IBA PANG KARATULA SA TRAPIKO

Ipinapakita sa ibaba ang ilan sa, pero hindi lahat ng, mga karatula sa Estado ng Washington. Responsibilidad mong alamin ang lahat ng karatula, kabilang ang mga karatula ng lungsod at county.



Bawal lumiko kapag pula



Kontrol sa paggamit ng lane



Marker ng milya



Limitasyon sa bilis sa zone ng paaralan



Papalapit na binawasang limitasyon sa bilis



Intersection sa riles ng tren



Sangang-daan



Kurbada



Tawiran ng usa



Paahong lugar



Mababang clearance



Merge



Nagme-merge na trapiko



No passing zone



Tawiran ng pedestrian



Mga kurbada para sa pag-atras



Tawiran sa paaralan



Kalsada sa tabi



Papalapit na signal



Madulas kapag basa



Malambot na shoulder



Papalapit na hintuan



Biglaang liko



Two-way na trapiko



Karagdang lane
(mula sa kanan,
hindi kinakailangang
mag-merge)



Paunang babala
ng nagbibisikleta



Papalapit na makitid
na kalsada o tulay



Pabilog na intersection



Kurbada pakaliwa
35 mph ang
inirerekomenda



Magsisimula ang
nakahating highway
(kalsada)



Matatapos ang
nakahating highway
(kalsada)



Mabagal na
sasakyan



Paliko-likong
kalsada



Ipinapayo na bilis



Chain advisory



Light rail





Papalapit na
biglaang kurbada



Tawiran sa riles ng tren Direksiyon ng trapiko



Tsunami hazard zone



Pambansang
kagubatan



Ruta ng paglikas
mula sa bulkan

4.13 | MGA KARANIWANG INTERSECTION

Ang intersection ay anumang lugar kung saan nagtatagpo ang dalawa o higit pang kalsada. Maraming uri ng intersection: cross street, rotunda, calming circle, side street, driveway, shopping center, at pasukan ng paradahan. Ang bawat intersection ay tawiran, may marka man o wala, ayon sa batas. Ang bawat uri ng intersection ay nangangailangan ng matalinong pagdedesisyon, pag-iingat, at pagiging alisto sa sarili at ibang tao.

Bago ka pumasok sa isang intersection:

- Huminto at paraanin ang mga pedestrian at trapiko sa intersection.
- Tumingin sa bawat direksiyon nang maraming beses.
- Tingnan ang mga side mirror mo at lumigon para matiyak na walang nagbibisikleta, nagmomotorsiklo, o pedestrian na dadaan sa harap mo.
- Tingnan kung may mga marka sa kalsada na dapat sundin habang papunta ka sa bagong lane o kalsada.
- Tiyaking malinaw mong nakikita ang tumatawid na sasakyan bago pumasok sa isang intersection. Kung hihinto ka sa linyang hintuan, pero nahaharangan sa paningin mo ang tawiran, umabante nang mabagal hanggang makita mo ito. Nabibigyang-daan nito ang mga tatawid na driver na makita ang harapan ng sasakyan mo bago mo sila makita. Nabibigyan sila nito ng pagkakataong bagalan ang takbo at balaan ka kung kinakailangan.
- Tiyaking may sapat na espasyo para sa makatawid o makaliko ka nang hindi nahaharangan ang intersection.

Napakahalagang tingnan ang buong lugar sa paligid ng intersection, lalo na kung malapit ka sa mga shopping center, paradahan, lugar ng konstruksiyon, abalang sidewalk, palaruan, parke, at paaralan.

Right-of-way

Tinutukoy ng mga panuntunan sa right-of-way ang pagkakasunod-sunod ng mga sasakyang tumatakbo sa isang intersection. Tinutukoy ng batas kung sino ang dapat magbigay (magsuko) ng right-of-way.

Four-way stop

Kapag umabot ka sa isang intersection na kontrolado ng mga stop sign, naaangkop ang mga sumusunod na panuntunan:

- Ang unang sasakyang darating ang unang aalis.
- Ang pangalawang sasakyang darating ang pangalawang aalis, atbp.
- Kung halos magkasabay na darating ang dalawang sasakyan, paraanin ang nasa kanan.
- Dapat ibigay ng anumang sasakyang kakaliwa ang right-of-way sa mga sasakyang didiretso o kakanan.

Two-way stop


Dapat paraanin ng mga lumilikong sasakyan ang sasakyang didiretso. Ang sasakyang didiretso ang may right-of-way.

4.14 | PAGLIKO

Kung kakaliwa o kakanan man sa intersection, ipinag-aatas sa iyo ng batas ng estado na lumiko sa lane na pinakamalapit sa direksiyong panggagalingan mo.

Kung may mahigit isang lane na likuan, manatili sa orihinal mong lane sa pagliko mo. Tiyaking maingat mong planuhin ang mga pagliko mo para hindi ka mapadpad sa ibang lane habang lumiliko.

Kapag nakaliko ka na, makakalipat ka sa ibang lane kung kailangan mo.




I-on ang signal mo para sa pagliko nang hindi lalapit sa 100 talampakan bago ka kumaliwa o kumanan sa paparating na sasakyan. Pagkatapos, humanap ng ligtas na puwang sa trapiko. Tingnan ang kalyeng lilikuan mo at tiyaking walang sasakyan, pedestrian, o nagbibisikleta ang nasa daan mo o papunta sa daan mo.

Tumingin sa likod mo kung may mga nagbibisikleta at paraanin sila bago ka lumiko.

Posibleng papunta sa iyo ang mga nagbibisikleta nang mas mabilis kaysa sa inaakala mo. Tiyaking may oras kang lumiko nang ligtas.


Mga U-turn

Kung kailangan mong mag-U-turn, maghanap ng mga karatulang nagpapakita kung pinapayagan ang mag-U-turn. Malinaw dapat ang visibility mo sa lahat ng direksiyon bago mag-U-turn. Sa dahilang ito, huwag mag-U-turn sa kurbada o kapag papalapit sa tuktok ng paahong lugar. Sa Washington, pangkalahatang pinapayagan ang mga U-turn maliban kung may nakapaskil na karatulang nagsasabi na hindi pinapayagan ang mag-U-turn.



Cross Intersection

Ang cross-intersection ay four-way na junction na may isa o higit pang lane papunta sa bawat direksiyon. Posibleng may marka ito ng mga ilaw trapiko, karatula sa kalsada, at/o mga marka sa kalsada. Alamin at pairalin ang mga batas sa right-of-way sa mga cross intersection.



T-Intersection


Ang T-intersection ay three-way junction kung saan may kalsadang nagtatapos at nag-i-intersect sa tuloy-tuloy na kalsada. Ang ilang T-intersection ay may yield o stop sign para ipaalam sa iyong may right-of-way ang dadaang trapiko.



Y-Intersection

Y-intersection kapag kumokonekta ang isang minor na kalsada sa higit pang major na ruta. Posibleng may stop sign kung saan kumokonekta ang minor na kalsada sa major na kalsada. Ang mga kotse sa mga major na kalsada ang may right-of-way.





Mid-block na tawiran

Mga tawiran ito sa gitna ng kalsada. Ang mga pedestrian **palagi** ang may right-of-way sa nakamarkang tawiran.

Dapat huminto ang mga driver para bigyang-daang ang mga pedestrian at nagbibisikleta na tumawid, mayroon man o walang stop sign sa tawiran.

4.15 | IBA PANG INTERSECTION



Mga traffic calming circle

Ang traffic calming circle ay intersection na may nakapintura o nakaangat na island sa gitna na counterclockwise na dinadaluyan ng trapiko. Posibleng may mga stop o yield sign ang ganitong uri ng intersection sa lahat, ilan, o wala sa mga pasukan nito. Matatagpuan ang mga ito sa mga 4-way, 3-way, o 2-way na intersection. Pairalin ang mga panuntunan sa right-of-way na kapareho sa iba pang intersection.

Nilalayon ang mga traffic calming circle para sa mga pampasaherong sasakyan at posibleng hindi nito madaling mapadaan ang malalaking sasakyan gaya ng mga sasakyan ng bumbero, bus, o delivery truck. Bigyan ang mas malalaking sasakyan ng maraming espasyo at tandaang posibleng kailanganin nilang dumaan nang clockwise para malampasan ang bilog.

MGA ROTONDA

Ang roundabout ay pabilog na intersection kung saan nagpapadaan ang lahat ng paparating na sasakyan sa pasukan at nagpapakabo nang counterclockwise sa nakaangat na island sa gitna.

Idinisenyo ang mga rotonda para sa iba't ibang gumagamit, gaya ng mga kotse, bumbero, bus, sasakyan ng delivery, freight truck, nagbibisikleta, at pedestrian.




Posibleng may truck apron ang mga rotunda sa palibot ng island sa gitna. Idinisenyo para sa malalaking sasakyan ang mga truck apron. Bigyan ang malalaking sasakyan ng maraming espasyo dahil pinapahintulutan ang mga ito na sumampa sa mga truck apron at parehong lane sa paglapit at pagdaan ng mga ito sa intersection.

Mapipili ng mga nagbibisikleta na dumaan sa rotunda bilang pedestrian o bilang sasakyan. Kapag dumadaan bilang sasakyan, dapat magbisikleta sa gitna ng lane para mas madali silang makita ng mga driver.

Paano magmaneho sa rotunda

1. Bagalan ang takbo kapag papalapit sa rotunda. Idinisenyo ang mga rotunda para sa bilis na 15 hanggang 25 mph.
2. Pumili ng lane habang papalapit sa rotunda. Ipinapakita ng karatula para sa pagpili ng lane kung aling mga lane ang ginagamit para kumanan, dumiretso, at kumaliwa. Kapag nakapili ka na ng lane, manatili sa lane na iyon hanggang lumabas ka sa rotunda.
3. Huminto para sa mga pedestrian at nagbibisikleta sa mga tawiran kapag pumapasok at lumalabas ka sa rotunda.
4. Paraanin ang lahat ng trapiko sa rotunda. Tumingin sa kaliwa at paraanin ang lahat ng sasakyang nasa rotunda na dahil nasa kanila ang right-of-way. Kapag nakakita ka na ng puwang sa trapiko, pumasok sa bilog at pumunta sa exit mo. Tandaang magpanatili ng ligtas na distansiya sa likod ng mga truck dahil kailangan ng mga ito ng maraming espasyo at pinapayagan ang mga ito na gamitin ang parehong lane.
5. Pumasok sa rotunda sa kanan, nang tumatakbo nang counterclockwise at nananatili sa lane mo.
6. Mag-exit sa kalsadang gusto mo.
7. Magmaneho sa rotunda at tumabi kung may paparating na sasakyang pang-emergency, gaya ng gagawin mo sa iba pang intersection.



MGA DIVERGING DIAMOND

Ang diverging diamond ay bagong uri ng intersection sa Washington. Idinisenyo ito para makatawid sa kabila ng kalsada ang trapiko. Posibleng mukhang labag ito sa lohika dahil tatawid ka ng lane sa trapikong papunta sa salungat na direksiyon. Binibigyang-daan ng intersection ang mga sasakyang kakaliwa (papasok at papalabas ng mga freeway ramp) nang mas mabisa. Binabawasan ng mga intersection na ito ang bilang ng mga punto kung saan nagtatagpo ang mga sasakyan, na nagpapaliit ng panganib ng banggaan. Sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga pakaliwa sa paparating na trapiko, pinahuhusay ng mga diverging diamond intersection ang trapiko at nababawasan nito ang siksikan sa kalsada.



Ang dapat asahan

- Pagpapalit ng Lane. Sa paglapit mo sa interchange, gagabayan kang tumawid sa kaliwa ng kalsada. Posibleng kakaiba ang pakiramdam nito sa simula, dahil magmamaneho ka sa kabilang bahagi ng kalsada, pero gagabayan ka ng malilinaw na marka at signal.
- Mga Free-Flow Left Turn. Ang pangunahing bentahe ay nabibigyang-daan ka nitong kumaliwa papasok sa freeway nang hindi humihinto o nagpapadaan ng paparating na sasakyan.
- Bumalik sa Normal. Pagkatapos tumawid sa overpass o underpass, ididirekta kang tumawid pabalik sa kanang bahagi ng kalsada.

Ano ang dapat gawin

- Pansining maigi ang mga karatula at marka sa kalsada. Gagabayan ka ng mga ito sa paglipat ng lane at pagliko.
- Huwag alalahanin ang paparating na sasakyan kapag kumakaliwa sa freeway. Inaalís ng disenyo ang mga salungatan sa mga paparating na sasakyan.
- Manatiling alisto at magmaneho sa ligtas na bilis. Kahit na gumanda ang daloy ng trapiko, mahalagang manatiling alisto sa kapaligiran mo.

HINDI KONTROLADONG INTERSECTION


Walang karatula ang mga hindi kontroladong intersection, pero naaangkop ang mga normal na panuntunan sa right-of-way. Karaniwang matatagpuan sa mga lokal na kalsada at kalye ang mga intersection na ito. Kapag pumasok ka sa hindi kontroladong intersection, dapat mong ibigay ang right-of-way kung nalalapat ang alinman sa mga ito:

- May sasakyan na sa intersection.
- Papasok o tatawid ka sa state highway mula sa secondary na kalsada.
- Papasok ka sa sementadong kalsada mula sa hindi sementadong kalsada.
- Balak mong kumaliwa at may paparating na sasakyan mula sa kabilang direksiyon.


4.16 | MGA MARKA SA KALSADA

Ang mga marka sa kalsada ay mga linya, arrow, salita, o simbolo na nakapintura sa kalsada para bigyan ka ng mga direksiyon o babala. Ginagamit ang mga ito para hatiin ang mga lane. Ipinapakita ng mga marka sa kalsada kapag puwede mong lampasan ang ibang sasakyan o kung puwede kang lumipat ng lane. Ipinapakita ng mga ito kung aling lane ang gagamitin para sa mga pagliko, tinutukoy nito ang mga daanan ng pedestrian, at ipinapakita kung saan ka dapat huminto para sa mga karatula o signal ng trapiko.

MGA LANE



Minamarkahan ng tuloy-tuloy na puting linya ang hangganan ng kalsada at inihihiwalay nito ang mga lane para sa bisikleta mula sa iba pang sasakyan.




Kung walang marka sa kalsada, manatiling malapit sa kanang bahagi sa pinakaligtas na paraang makakayanan.






Sinasabi sa iyo ng mga puti at dilaw na linya na naghihiwalay ng mga travel lane o nagmamarka ng gitna ng kalsada kung tumatakbo sa isa o dalawang direksiyon ang trapiko.

Pinaghihiwalay ng mga dilaw na linya ang trapiko sa magkabilang direksiyon. Pinaghihiwalay ng mga puting linya ang trapiko sa parehong direksiyon.




Nangangahulugan ang mas maikling gitling-gitling na puting linya na matatapos na ang lane. Kakailanganin mong mag-merge o mag-exit. Puwede kang tumawid sa mga gitling-gitling na linya kung ligtas itong gawin.



Pinaghihiwalay ng mga median ang dalawa o marami pang kalsada. Ang mga ito ay maaaring mga bukas na espasyo, sementong divider, o 18 pulgadang tuloy-tuloy na dilaw na marka sa kalsada na may mga stripe. Illegal na magmaneho sa loob, ibabaw, o nang pahalang sa mga median.






Nangangahulugan ang gitling-gitling na puting linya sa pagitan ng mga lane ng trapiko na matatawid mo ito para magpalit ng lane kung ligtas ito.

Nangangahulugan ang tuloy-tuloy na puting linya na dapat kang manatili sa lane mo maliban kung kakailanganin mong lumipat ng lane dahil sa espesyal na sitwasyon.

Ang dobleng tuloy-tuloy na puting linya ay harang sa pagitan ng dalawang lane. Illegal na tawirin ang mga dobleng puting linya.




Ipinapakita ng gitling-gitling na dilaw na linya ang gitna ng two-way na kalsadang may dalawang lane. Kung ligtas, puwede mong gamitin ang kasalubong na lane para lampasan ang ibang sasakyan.


Posibleng markahan ng tuloy-tuloy na dilaw na linya ang hangganan ng kalsada o no-passing zone. Huwag tumawid sa tuloy-tuloy na dilaw na linya para lampasan ang ibang sasakyan.

Ipinapakita ng dobleng tuloy-tuloy na dilaw na linya sa mga centerline ang gitna ng two-way na kalsada. Hindi ka pinapayagang lampasan ang ibang sasakyan, sa alinmang direksiyon, sa mga kalsadang may dobleng dilaw na linya.






Ipinapakita rin ng solid na tuloy-tuloy at gitling-gitling na dilaw na linya ang gitna ng two-way na kalsada. Hindi mo puwedeng lampasan ang ibang sasakyan kapag ang tuloy-tuloy na dilaw na linya ay nasa bahagi mo ng kalsada. Kung nasa bahagi mo ng kalsada ang gitling-gitling na linya, puwede mong lampasan ang ibang sasakyan kung ligtas itong gawin.



Karaniwang nasa malalaking intersection ang mga turn lane. May mga karatula at marka sa kalsada na tumutukoy sa mga lane na ito. Tumutulong paminsan-minsan ang arrow na signal na kontrolin ang mga lane na ito. Kapag nasa turn lane ka na, **dapat** mong ituloy ang pagliko.




Puwede mong tawirin ang tuloy-tuloy na dilaw na linya sa bahagi mo ng kalsada para makapunta sa gitnang lane. Minamarkahan ng mga pakaliwang arrow ang lane na ito.

Nakareserba ang mga shared center lane na ito para sa mga sasakyang kakaliwa sa alinmang direksiyon mula o papasok sa kalsada (o mga U-turn kapag pinapahintulutan ang mga ito).

Palaging tumingin sa trapiko mula sa kabilang direksiyon dahil may karapatan din ang mga kotseng iyon na gamitin ang parehong turn lane.

Hindi dapat gamitin ang mga lane na ito para lampasan ang ibang sasakyan. Hindi ka dapat tumakbo nang mahigit 300 talampakan sa gitnang lane.

HOV / CARPOOL



Nakareserba ang mga HOV (High-occupancy Vehicle, Sasakyang Maraming Sakay) lane para sa mga carpool, vanpool, at bus. Natutukoy ang mga HOV lane sa pamamagitan ng mga diamond na simbolo sa mga karatula at sa kalsada. Inihihiwalay ng tuloy-tuloy na puting linya ang mga lane na ito sa iba pang lane sa highway. Para makagamit ng HOV lane, dapat matugunan ng sasakyan ang mga kinakailangan sa occupancy na nakapaskil sa mga karatula. Pinapayagan din ang mga motorsiklo na gamitin ang mga HOV lane.





MGA REVERSIBLE LANE

Ang mga reversible lane, gaya ng mga express lane, ay nakakatulong na tugunan ang siksikan sa trapiko sa pamamagitan ng pagpapalit ng direksiyon ng isa o higit pang lane kapag kailangan ng karagdagang kapasidad. Karaniwang pinapatakbo ang mga reversible lane sa regular at hindi nagbabagong iskedul na sumasalamin sa mga pang-araw-araw na pattern ng pag-commute. Posible ring i-activate ang mga ito para sa malalaking event o insidente.

Karaniwang minamarkahan ng dobleng gitling-gitling na puting linya ang mga lane na ito. Tingnan ang mga karatula sa itaas bago ka magsimulang magmaneho sa reversible lane. Nangangahulugan ang berdeng arrow na magagamit mo ang lane, at, nangangahulugan ang pulang X na hindi mo ito magagamit. Ang steady na dilaw na X ay nangangahulugang magpapalit ng direksiyon ang lane, at dapat kang umalis sa lane kapag ligtas na itong gawin.



MGA NAKARESERBANG LANE

Ang mga nakareserbang lane ay natutukoy sa pamamagitan ng mga karatula at/o marka sa kalsada na nagsasaad na nakareserba ang lane para sa mga espesyal na paggamit. Halimbawa, bus lang ang puwedeng gumamit ng mga transit lane.

MGA TOLL LANE

Nagbibigay ang mga express toll lane at high occupancy toll lane ng mga walang bayad na express trip para sa mga bus, vanpool, carpool, at motorsiklo, pero ibinibigay rin ng mga ito sa mga indibidwal na motorista ang opsyong bayaran ang toll para magamit ang mga lane para sa mas mabilis na biyahe.

Para sa higit pang impormasyon, hanapin ang **toll roads** (mga kalsadang may toll) sa wsdot.wa.gov.



Ang paggamit ng Good To Go! account ang pinakamagandang paraan para magbayad ng mga toll sa Washington. Makakatipid ka sa mga Good To Go! account kada kalsadang may toll sa estado at maibibigay nito sa iyo ang ginhawa ng mga awtomatikong pagbabayad.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Good To Go! account, bisitahin ang mygoodtogo.com.

IBA PANG MARKA SA KALSADA



Nagbibigay ang **mga tawiran** ng ligtas na paraan para makatawid sa kalsada ang mga pedestrian at nagbibisikleta. Dapat mong paraanin ang mga taong nasa tawiran o papasok dito.

Ugaliing maging alisto sa mga pedestrian at nagbibisikleta kapag tumatawid ka sa intersection o lumiliko.

Ang ilang tawiran ay posibleng may mga ilaw din sa kalsada na umiilaw kapag may tumatawid na pedestrian. Dapat kang magpadaan kapag nagfa-flash ang mga ilaw na ito.

Hindi lahat ng tawiran ay markado! Tawiran ang bawat intersection ayon sa batas mayroon man o walang marka ng tawiran.



May marka na tuloy-tuloy na puting linya at simbolo ng bisikleta ang **mga bike lane**.

Nakahiwalay sa katabing travel lane ang ilang bike lane gamit ang buffer na binubuo ng dalawang tuloy-tuloy na puting linya na may diagonal na ekis-ekis sa pagitan. Itinuturing na bahagi ng bike lane ang buffer na ito at hindi dapat ito pasukin maliban kung liliko ka nang naaayon sa batas pagkatapos tiyaking ligtas itong gawin.

Pisikal na nakahiwalay sa dumaraang trapiko ang ilang bike lane sa pamamagitan ng mga bollard, poste, o paso ng halaman.



May **mga linyang hintuan** sa stop sign o signal. Dapat mong ihinto ang sasakyan mo bago dumating sa linyang hintuan o tawiran (kung mayroon nito).




Ang mga **fire lane** ay karaniwang minamarkahan ng mga pulang stripe o pulang curb. Huwag pumarada o huminto sa mga fire lane. Sa ilang komunidad, ang kalsada sa harap ng istasyon ng bumbero ay minamarkahan bilang fire lane para panatilihin walang harang sa daan para sa mga sasakyan ng tulong.





Ipinapakita ng **mga dilaw na stripe** kung saan ka hindi puwedeng magmaneho.




Ang **mga sharrow** ay mga marka sa kalsada na ginagamit para isaad na ginagamit din ng trapiko ng bisikleta ang isang lane ng sasakyan.

Kung makakakita ka ng mga marka ng sharrow, tingnan kung may mga taong nagbibisikleta. Magmaneho nang mabagal at magbigay ng kahit sa 3 talampakang espasyo kapag lalampasan sila.

Dapat ipuwesto ng mga bisikleta ang sarili nila nang nakalinya sa mga marka ng sharrow at dapat silang magbisikleta sa direksiyon kung saan nakaturo ang arrow.






Mga bicycle box

Kapag naging berde ang ilaw, mauunang tumawid sa intersection ang mga nagbibisikleta at papasok sila sa lane para sa bisikleta sa kabilang bahagi ng intersection. Hindi ka puwedeng kumanan kapag pula ang ilaw malapit sa bicycle box. Manatili sa likod ng puting linya hanggang wala nang nasa bicycle box.

Dapat ipuwesto ng mga bisikleta ang sarili nila sa harapan ng mga bisikleta sa intersection.

4.17 | MGA ZONE



ZONE NG PAARALAN

Tumutukoy ang zone ng paaralan sa mga kalsada sa paligid ng gusali ng paaralan o palaruan. Posibleng minamarkahan ang mga lugar na ito ng mga karatula, mga marka sa kalsada, at nagfa-flash na mga ilaw.

Ang limitasyon sa bilis sa zone ng paaralan ay 20 mph dahil napapalaki ng pagpapatakbo nang mas mabilis ang panganib ng mga nakamamatay na bangaan. Posibleng makakita ka ng mga karatulang nililinaw kapag umiiral ang limitasyon sa bilis na 20 mph.

Tandaan: Maaaring lumahok ang mga estudyante sa mga aktibidad pagkatapos ng klase, sports team, o pumunta sa palaruan pagkatapos ng klase. Bagalan ang pagtakbo at maging alisto kapag nagmamaneho ka malapit sa paaralan. Ang anumang pagsisikap na bawasan ang panganib para sa mga bata ay nararapat sa oras at pansin mo.



ZONE NG TRABAHO

Ang zone ng trabaho ay lugar kung saan may inaayos o konstruksiyon sa kalsada. Posibleng mangailangan dito ng mga pagsasara ng lane, detour, at paglilipat ng kagamitan.



Maging alisto sa mga miyembro ng crew na nagtatrabaho para panatilihin ligtas ang mga biyahero sa gitna ng mga sasakyang mabilis na nagpapatakbo. Ang mga empleyado sa mga zone ng trabaho ay mga magulang, kapareha, kapatid, at kaibigan na kailangan ng ligtas na lugar ng trabaho.

Mangyaring gawin ang iyong bahagi para panatilihin ligtas ang mga manggagawang ito.

- Tingnan kung may mga karatula, cone, barrel, malaking sasakyan, at manggagawa kapag lumalapit sa isang zone ng trabaho.
- Alisin ang mga abala para maging mas nakatutok. Hinaan ang musika at huminto muna sa pag-uusap.
- Palaging bagalan ang pagtakbo sa zone ng trabaho, kahit na walang manggagawa. Posibleng mapanganib ang kundisyon sa mas makikitid na lane at bako-bakong kalsada.
- Layuan ang distansiya kapag nakabuntot, tingnan ang trapiko sa paligid mo, at maging handang huminto.

- Mag-ingat nang husto kapag nagmamaneho sa zone ng trabaho sa gabi, may nakikita ka mang manggagawa o wala.
- Magbigay ng espasyo hangga't maaari para sa mga manggagawa at sasakyang pangkonstruksiyon.
- Sundin ang mga nakapaskil na karatula para sa zone ng trabaho hanggang makita mo ang karatulang End Road Work (Dulo ng Inaayos na Kalsada).
- Asahan ang mga pagkaantala, pagplanuhan ang mga ito, at umalis nang maaga para makarating sa destinasyon mo sa oras.
- Gumamit ng ibang ruta para maiwasan ang mga zone ng trabaho kapag posible.



ZONE NA PANG-EMERGENCY

Gumagawa ng zone na pang-emergency bilang tugon sa sitwasyon sa tabi ng kalsada na nangangailangan ng agarang atensyon. Posibleng ito ay banggaan, nasiraang sasakyan, o indibidwal na nangangailangan ng tulong. Mga sitwasyon ito na walang may gusto, at nangangailangan ang mga ito ng malasakit at pasensiya mula sa lahat ng gumagamit ng kalsada.

Posibleng may mga road flare o karatula ang mga zone na pang-emergency, pero gagamit ng mga nagfa-flash na ilaw ang mga sasakyan ng roadside response. Sa sandaling makakita ka ng sasakyan ng roadside response na may mga nagfa-flash na ilaw, dapat mong gawin ang alinman sa:

1. **Lumipat** sa mas malayong lane.
2. **Bagalan ang takbo** nang 10 mph na mas mabagal sa nakapaskil na limitasyon sa bilis. Huwag kailanman magmaneho nang mas mabilis sa 50 mph sa zone na pang-emergency.

Posibleng kasama sa mga sasakyan ng roadside response ang mga tow truck, truck ng basura, incident response, highway maintenance, sasakyan ng utility, alagad ng batas, truck ng bumbero, at ambulansiya.

Maglaan ng ligtas na espasyo para sa mga manggagawa sa tabi ng kalsada sa lalong madaling panahon. Matutulungan mo sila habang tumutulong sila sa iba.

4.18 | PARKING

MGA PANGKALAHATANG PANUNTUNAN SA PARKING

Responsibilidad mong tiyaking hindi mapanganib sa iba ang nakaparada mong sasakyan.

Tiyaking pumarada lang sa mga nakatalagang lugar. Tingnan kung may mga karatulang nagbabawal o naglilimita sa pagparada. Ang mga may kulay na marka sa curb ay posibleng magsaad ng mga paghihigpit sa parking. Responsibilidad mong tiyaking hindi mapanganib sa iba ang nakaparada mong sasakyan.

Huwag pumarada:

- Sa intersection.
- Sa tawiran, sidewalk, o lane para sa bisikleta.
- Sa loob ng 30 talampakan mula sa signal ng trapiko, stop sign, o yield sign.
- Sa loob ng 5 talampakan mula sa isang driveway, eskinita, o pribadong kalsada.



- Sa loob ng 75 talampakan mula sa driveway ng istasyon ng bumbero sa kabila ng kalsada.
- Sa loob ng 20 talampakan mula sa mga ligtas na zone ng pedestrian.
- Sa mga riles ng tren.
- Sa loob ng 50 talampakan mula sa tawiran sa riles ng tren.
- Sa zone ng konstruksiyon.
- Katabi ng nakaparada nang sasakyan (double parking).
- Sa shoulder ng freeway (maliban kung may emergency ka).
- Sa tulay, overpass, o sa tunnel o underpass.
- Nang nakaharap sa paparating na trapiko.
- Nang mahigit 12 pulgada mula sa curb.
- Kung saan may karatulang nagsasabing hindi ka puwedeng pumarada.
- Sa loob ng 15 talampakan mula sa isang fire hydrant.

Ang mga karatula o pininturahang curb ay posibleng magsaad ng iba pang paghihigpit sa parking:

- Nangangahulugan ang puti na mga mabilisang pagparada lang ang pinahihintulutan.
- Ang dilaw o pula ay nagsasaad ng loading zone o iba pang paghihigpit.

Gamitin ang iyong parking brake

Palaging gamitin ang iyong parking brake, lalo na sa paahong lugar.

Tumingin sa trapiko bago ka magbukas ng pinto

- Tingnan ang iyong rear at side-view mirror.
- Buksan ang pinto gamit ang kamay mong mas malayo sa pinto. Ito ang tinatawag na “Dutch Reach” method. Napipilit nitong pumihit ang katawan mo, na nagbibigay-daan sa iyong makita ang mga papalapit na nagbibisikleta. Napigigilan din nito ang pinto ng sasakyan na mabuksan nang masyadong mabilis. Mapoprotektahan nito ang mga nagbibisikleta at maiiwasan nitong mapinsala ng papalapit na sasakyan ang pinto mo.

Huwag kailanman iwanan ang mga bata o hayop sa nakaparadang sasakyan na walang bantay.




Tiyaking maayos na lalabas sa sasakyan ang mga nasa hustong gulang, bata, at hayop

- Krimen na mag-iwan ng batang wala pang 16 na taong gulang na walang bantay sa nakaparadang sasakyan habang tumatakbo ang makina.
- Krimen na mag-iwan ng batang wala pang 12 taong gulang na walang bantay sa nakaparadang sasakyan.
- Krimen na mag-iwan ng hayop na walang bantay sa sasakyan kung ang hayop ay posibleng masaktan o mamatay sa pagkakalantad sa labis na init, lamig, kawalan ng ventilation, o kakulangan ng kinakailangang tubig.
- Kung walang tao sa malapit ang makakapunta sa sasakyan, awtorisado ang mga alagad ng batas na alisin kaagad ang mga bata o hayop sa anumang makatuwirang paraan para protektahan ang kanilang kalusugan at kaligtasan. Ang opisyal, o ang ahensiya ng opisyal, ay hindi responsable para sa pinsala sa sasakyan kung kailangan nilang mag-alis ng mga bata o hayop para sa mga dahilang legal o pangkaligtasan.

Dalhin ang iyong mga susi at i-lock ang pinto mo

Mapipigilan ng pag-lock ng pinto mo ang pagnanakaw at napoprotektahan nito ang sasakyan mo sa mga hindi ninanais na manloloob.




PERPENDICULAR AT ANGLED PARKING

Pagpasok sa espasyo ng perpendicular o angled parking

1. Tukuyin ang lugar kung saan mo gustong pumarada, at tingnan ang trapiko.
2. Sumenyas na gusto mong lumiko.
3. Umabante nang dahan-dahan, nang pinipihit ang manibela nang pakaliwa o pakanan ayon sa naaangkop, hanggang maabot ng sasakyan ang gitna ng espasyo.
4. Igitna ang sasakyan sa pagitan ng mga nakapinturang linya.
5. Pumunta sa harap ng paradahan, huminto, at i-secure ang sasakyan.

Paglabas sa espasyo ng perpendicular o angled parking

1. Tingnan ang trapiko sa lahat ng direksiyon.
2. Patuloy na tingnan ang trapiko at umatras nang direktso hanggang lumampas ang bumper mo sa sasakyang nakaparada katabi mo.
3. Pihitin nang malaki ang manibela sa direksiyon kung saan mo gustong papuntahin ang sasakyan.
4. Umalis sa paradahan at huminto. Umabante nang bumibilis nang suwabe at ipinipihit ang manibela para maituwid ang mga gulong.



PARALLEL PARKING


Pagpasok sa espasyo ng parallel parking

1. Tukuyin kung saan ka paparada, tingnan ang trapiko, at mag-signal.
2. Umatras at tumingin sa direksiyon kung saan papunta ang sasakyan.
3. Umatras nang dahan-dahan hanggang tumapat sa likod na bumper ng sasakyan sa likod ng paradahan mo ang harap na bumper mo.
4. Pihitin nang malaki ang manibela mo at dahan-dahang umatras sa espasyo.
5. Mabilis na pihitin ang manibela para maigitna ang sasakyan sa espasyo.
6. Huminto bago bumangga sa bumper ng sasakyan sa likod mo.
7. Umabante para i-adjust ang sasakyan mo sa paradahan. Tiyaking hindi lalayo nang mahigit 12 pulgada mula sa curb ang sasakyan mo.

Paglabas sa espasyo ng parallel parking

1. Tingnan ang trapiko sa lahat ng direksiyon, tapakan ang preno, kumambiyo sa reverse, at umatras hangga't kaya papunta sa sasakyan sa likod mo.
2. Tingnan kung may trapiko at mag-signal.
3. Dahan-dahang umabante, nang nagmamaniobra papunta sa lane.

4. Tiyaking malalampasan ng harap na bumper ng sasakyan mo ang sasakyan sa harap; kung hindi, umatras at i-adjust ang manibela.
5. Umabante sa pinakamalapit na lane ng trapiko kapag nalampasan ng pinto mo sa harap ang likod na bumper ng sasakyang nakaparada sa harap mo.



PAGPARADA SA PAAHONG LUGAR

Palaging gamitin ang iyong parking brake kapag nakaparada ka sa paahong lugar

Kailangan mong tiyaking hindi gugulong sa kalsada ang sasakyan mo. Ang pagpihit ng mga gulong mo papunta sa gilid ng kalsada ay nagbibigay ng karagdagang seguridad kung sakaling pumalya ang iyong parking brake.

Pagharap nang paahon

Sa mga paahong lugar na may matataas na curb, pihitin ang manibela mo nang palayo sa curb hanggang dumikit sa curb ang likod ng gulong mo sa harap. Kung magsisimulang gumulong ang sasakyan mo, gugulong ito paatras sa curb. Sa mga paahong lugar na may curb na mas mababa o walang kanto, posibleng mas ligtas na pihitin ang manibela mo papunta sa curb dahil posibleng gumulong ang sasakyan mo papalayo sa kalsada kung papalya ang parking brake mo.

Pagharap nang palusong

Pihitin ang manibela mo papunta sa curb hanggang dumikit sa curb ang harap ng gulong mo sa harap. Kung magsisimulang gumulong ang sasakyan mo, gugulong ito paabante sa curb.

Kung walang curb

Pihitin ang manibela at mga gulong mo papunta sa gilid ng kalsada. Sa paraang ito, kung magsisimulang gumulong ang sasakyan mo, gugulong ito papalayo sa trapiko.

NAKARESERBANG PARKING PARA SA MAY KAPANSANAN



Nakareserba para sa mga sasakyang may parking plate para sa may kapansanan o placard para sa parking para sa may kapansanan ang ilang paradahan. Ang mga puting stripe sa tabi ng nakareserbang espasyo, na tinatawag na access aisle, ay dapat panatilihin walang sagabal. Puwede kang pagmultahin para sa pagparada sa mga stall nang hindi inilalabas ang kinakailangang placard at/o para sa pagharang sa access aisle.

Kung may kapansanan kang naglilimita o nakakahadlang sa kakayahan mong lumakad, puwede kang mag-apply para sa pansamantala o permanenteng mga pribilehiyo sa parking para sa may kapansanan.

Huwag isabit ang parking placard sa rearview mirror mo habang nagmamaneho ka dahil makakaharang ito sa makikita mo.

Para mag-apply, dapat kumpletuhin ninyo ng doktor mo ang form ng **Aplikasyon para sa Parking para sa May Kapansanan para sa Mga Indibidwal** (Disabled Parking Application for Individuals), available sa dol.wa.gov.

PARKING NA MAY CHARGING STATION PARA SA DE-KURYENTENG SASAKYAN



Ilegal na magparada ng sasakyan sa anumang charging station ng de-kuryenteng sasakyan kung ang sasakyan ay hindi nakakonekta sa kagamitan para sa pag-charge.

4.19 | PAGKAKARGA

PAGHILA

Kung may hinihila kang anuman, gaya ng bangka, trailer, o camper, responsable ka para sa pagsunod sa lahat ng kasunduan sa manufacturer, batas ng estado, at pederal na pamantayan. Kailangan mong alamin at sundin ang lahat ng alituntunin hinggil sa:

- Mga limitasyon sa bigat.
- Paghihigpit sa sasakyan.
- Mga tow cable at taillight hookup.
- Mga service brake.
- Paglilisensiya at dokumentasyon.

I-SECURE ANG DALA MO

Ang pagmamaneho nang hindi naka-secure ang dala ay parehong labag sa batas at napakapanganib. I-secure ang dala mo para hindi tumilapon sa ere o madulas, mausod, o mahulog sa kalsada at magsanhi ng bangaan ang mga bagay na hindi nakakabit sa anuman.

Para i-secure ang dala sa sasakyan o trailer mo:

- Itali ang lahat gamit ang lubid, netting, o mga strap.
- Direktang itali sa iyong sasakyan o trailer ang malalaking gamit.
- Ikarga lang sa iyong sasakyan o trailer ang mga item na ligtas at secure mong madadala.

MGA HAYOP

- Illegal para sa kahit sino na magbiyahe ng hayop sa labas ng sasakyan (gaya sa bed ng truck) nang walang pamproteksiyong harness o kulungan, para hindi makalundag o mahulog ang hayop.
- Misdemeanor ang pagbiyahe ng mga hayop sa paraang magdudulot ng panganib sa hayop o kaligtasan ng publiko, ayon sa mga batas ng Washington para sa Pagpigil sa Karahasan sa Mga Hayop (Prevention of Cruelty to Animals Laws). Kung ibibilanggo ka sa anumang dahilan, maaaring isang opisyal ang mag-asikaso sa anumang (mga) hayop sa sasakyan. Kung nasa kustodiya ng pulis ang iyong hayop, kakailanganin mong magbayad bago mo makuha ang hayop.
- Illegal na magsagawa ng anumang aktibidad na nawawala ang atensiyon mo sa ligtas na pagmamaneho ng sasakyan mo. Ang mga hayop na nakakawala sa sasakyan o nakakandong sa nagmamaneho ay potensiyal na abala.

MGA FERRY

Ang Mga Ferry ng Estado ng Washington (Washington State Ferries), na paminsan-minsang tinutukoy bilang pandagat na highway system ng estado, ay bahagi ng highway network ng Washington. Bilang bahagi ng network na iyon, naangkop ang lahat ng panuntunan ng kalsada.

Habang papalapit ka sa terminal ng ferry, posibleng makakita ka ng mga karatulang nagdidirekta sa iyo sa isang nakatalagang lane para sa ferry. Sumunod sa likod ng iba pang sasakyang nakapila na. Ang pagsingit sa linya ng ferry ay paglabag sa batas trapiko na posibleng humantong sa multa. Kung ikaw ay nasa ferry holding lane sa isang residential na lugar, huwag harangan ang mga residensiyal na driveway o intersection.

Ang mga nagbibisikleta ang prioridad na isinasakay sa karamihan ng mga ferry at may hintayan ng bisikleta sa harap ng mga sasakyang may makina. Puwedeng unahan ng mga bisikleta ang mga sasakyang naghihintay sa ferry holding lane. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa sistema ng Mga Ferry ng Estado ng Washington, o para sa mga pamasaha at iskedyul, mangyaring bisitahin ang wsdot.wa.gov at hanapin ang **mga ferry**.

MGA BEACH

Pinapayagan lang ang pagmamaneho sa mga beach ng dagat sa mga county ng Grays Harbor at Pacific. Itinuturing na state highway ang beach, kaya naaangkop ang lahat ng batas sa pagmamaneho. Ang limitasyon sa bilis ay 25 mph, at ang mga pedestrian at nagbibisikleta ang may right-of-way sa lahat ng pagkakataon.

Puwede ka lang pumasok sa beach gamit ang sasakyan mo sa pamamagitan ng mga may markang pasukan ng beach at puwede ka lang magmaneho sa siksik na buhangin. Tingnan ang mga karatulang nagbabawal sa pagmamaneho sa beach sa ilang lugar at sitwasyon.

5



KABANATA 5 MGA PANGANIB



5.0 | MGA PANGANIB SA PAGMAMANEHO

Alam mong may matitinding panganib at kahihinatnan ang pagmamaneho. Makakagawa ka ng mga pagkakamali, at makakagawa ng mga pagkakamali ang mga tao sa paligid mo. Bagama't palaging may panganib, maaaring mabawasan ng ligtas na pagmamaneho ang posibilidad ng banggaan.

Ang pag-iwas sa panganib ay nangangailangan ng pagiging alerto, madaling mahulaan, maayos, at bihasa sa pagmamaneho. Upang makapagmaneho nang maayos at walang mga insidente, kailangang sadya mong pahusayin at gamitin ang mga ligtas na gawi sa pagmamaneho bilang default na istilo sa pagmamaneho mo.

Mga karaniwang dahilan ng nakamamatay na banggaan

- Bilis
- Kapansanan
- Mga abala
- Mga pasaherong hindi naka-seat belt
- Kawalan ng karanasan*

*Sa Washington, ang mga banggaan ng sasakyan ay ang nangungunang dahilan ng pagkamatay ng mga taong 16 hanggang 25 taong gulang. Ang grupo ng edad na ito ay mas madaling masangkot sa mga banggaang nakamamatay at nagdudulot ng malubhang pinsala.

KAMALAYAN SA PANGANIB

Ang kamalayan sa panganib ay ang kakayahan mong matukoy ang mga umiiral at posibleng panganib sa kalsada. Nakakatulong ito sa iyo na maging alerto sa mga bagay na maaaring mangailangang baguhin mo ang iyong gawi upang makaiwas sa banggaan. Kasama sa kamalayan sa panganib ang pagsasaalang-alang sa iba pang gumagamit ng kalsada, mga kondisyon ng panahon, at mga posibleng abala.

Nakasalalay ang kamalayan sa panganib sa pag-unawa kung ano ang nangyayari sa paligid mo at kung ano ang maaaring susunod na mangyari.

- Patuloy kang luminga-linga upang magmasid. Maging alerto sa kung ano ang nangyayari sa harap mo, sa gilid mo, at sa likod mo. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng paggamit sa iyong peripheral vision at mga salamin.



- Mag-iwan ng sapat na espasyo sa harap ng iyong sasakyan upang makita kung ano ang nangyayari sa daraanang kalsada.
- Tumingin sa likod mo pagkatapos makakita ng panganib na nangangailangang gumawa ka ng pagbabago. Maaaring makaapekto sa pagpapasya mo ang nangyayari sa likod mo.

Imposibleng ganap na maalis ang panganib. Gayunpaman, maaari mong matutunan kung paano iwasan o bawasan ang mga panganib sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga ito at pagkatapos ay pag-adjust sa pagmamaneho mo nang naaayon.

PAGTUKOY NG PANGANIB

Ang pagtukoy ng panganib ay ang kakayahan mong makita ang mga posibleng panganib sa kalsada at matukoy ang mga ito bago pa maging problema ang mga ito. Mahalaga ang kasanayang ito para sa ligtas na pagmamaneho at nakakatulong ito na maiwasan ang mga banggaan. Ang pagtukoy ng panganib ay nangangailangan ng:

- Pagiging alerto.
- Mabilis na pagpapasya.
- Kakayahang tumugon nang naaayon sa pabago-bagong sitwasyon.

Ang panganib ay anumang bagay na nangangailangang gumawa ka ng pagbabago. Kapag nagmamaneho ka, palagi ka dapat mag-antabay sa mga panganib o tumugon sa mga ito.

Ang panganib ay maaaring mangailangang baguhin mo ang iyong bilis o direksyon.

- Ang panganib ay maaaring agarang peligro, gaya ng pagtawid ng bata sa kalsada, o isang bagay na hindi gaanong matindi, gaya ng basurahan sa kalsada, paglapit sa karatula ng limitasyon sa bilis, o paglapit sa likuan papunta sa iyong driveway.
- Ang panganib ay maaaring hindi gumagalaw o gumagalaw.
- Maaaring magkaroon ng higit sa isang panganib nang sabay-sabay. Responsibilidad mo bilang driver na tukuyin kung aling panganib ang nangangailangan ng pinakaagarang pagtugon.

Magmaneho nang mas mabagal kapag papalapit sa mga panganib upang magkaroon ka ng sapat na espasyo at oras upang makagawa ng mga ligtas na pagpapasya.



PAGBATID NG SITWASYON

Ang pagbatid ng sitwasyon ay pag-oobserba kung ano ang nangyayari sa paligid mo at isipin kung ano ang dapat mong susunod na paghandaan. Dapat mo itong gawin palagi.

Kailangan mong malaman kung sino ang maaaring maapektuhan ng iyong mga aksyon at kung sino ang kailangang makaalam ng iyong mga intensyon. Maaaring pinakamalaki ang epekto ng iyong mga pagpapasya sa mga driver sa likod mo.

PAMAMAHALA NG PANGANIB

May mararanasan kang walang katapusang bilang ng mga sitwasyon sa kalsada. Mahirap mahulaan o pagplanuhan ang bawat isa. Sa halip, dapat kang bumuo ng maaasahang routine para sa pagtugon sa mga panganib na nag-aatas sa iyo ng:

- **Pagpapalano.** Tingnan ang iyong kapaligiran upang malaman kung ano ang nangyayari sa paligid mo. Siguraduhin ding tingnan ang iyong rearview mirror upang makita kung ano ang nangyayari sa likod mo. Magpasya kung ligtas ang pagbabagong gusto mong gawin.
- **Pakikipag-ugnayan.** Ipaalam sa iba ang binabalak mong gawin. Gamitin ang iyong mga signal at siguraduhing alam ng lahat ang iyong mga intensyon.
- **Pagtingin.** Ihanda ang posisyon at bilis ng iyong sasakyan upang magkaroon ka ng sapat na espasyo upang magawa ang pagbabago mo nang hindi hihigit sa katamtamang pagpreno. Tingnan ulit ang iyong mga salamin at lumignon sa gilid mo kung may mga tumatawid at nagbibisikleta. Siguraduhing walang ibang driver na sinusubukang lumipat sa parehong espasyo.
- **Pagsasagawa.** Gawin nang maayos ang pagbabago. Subukang huwag gulatin ang sinuman. Maghandang baguhin ang iyong plano kung kinakailangan.
- **Pagsusuri.** Pag-isipan kung paano ito nangyari. Tingnan kung kailangan mong i-adjust ang iyong routine sa susunod na pagkakataon.

5.1 | BILIS

Kahit na nagmamadali ka, hindi mabuti ang kahihinatnan ng mga panganib ng pagpapatakbo nang mabilis. Sa pagpapatakbo nang mabilis, nalalagay sa peligro ang lahat sa kalsada. Sundin ang mga nakapaskil na limitasyon sa bilis upang maprotektahan ang iyong sarili, ang mga taong nagmamalasakit sa iyo, at ang iba pang indibidwal at pamilyang kasama mo sa kalsada.

Ang pagsunod sa mga nakapaskil na limitasyon sa bilis ay hindi lang basta pagsunod sa batas. Kahit na nagmamadali ka, hindi mabuti ang kahihinatnan ng mga panganib ng pagpapatakbo nang mabilis. Sa pagpapatakbo nang mabilis, nalalagay sa peligro ang lahat sa kalsada. Bigyang-prayoridad ang kaligtasan at magmaneho sa bilis na nagbibigay-daan sa iyo na manatiling may kontrol at makatugon sa mga panganib.

MGA SOBRANG BILIS

Ang pagmamaneho nang lampas sa limitasyon sa bilis ay maaaring magpahamak sa iyong sasakyan, sa iba pang tao, at sa iyo. Magagawa ng mga labis na bilis na:

- **Bawasan ang pagiging epektibo ng mga seat belt.** Ang mga seat belt ay idinisenyo upang maprotektahan ka sa banggaan, ngunit bumababa ang pagiging epektibo ng mga ito sa mas mabibilis na takbo.
- **Limitahan ang iyong kakayahang magmasid ng mga panganib.** Kapag mas mabilis ang pagmamaneho mo, mas kaunti ang oras na mayroon ka upang makita kung may mga posibleng peligro sa daraanang kalsada, tulad ng mga tumatawid, nagbibisikleta, o iba pang sasakyan.
- **Bawasan ang kontrol sa sasakyan at kapit.** Kapag mas mataas ang bilis, mas mahirap kontrolin ang iyong sasakyan, lalo na sa hindi magagandang kondisyon tulad ng ulan o niyebe. Maaari itong humantong sa pagkadulas o tuluyang pagkawala ng kontrol.
- **Gumawa ng mas mahahabang distansya sa paghinto.** Mas matagal pahintuin ang mas mabibilis na sasakyan. Pinapataas nito ang panganib na magkaroon ng banggaan kung kailangan mong biglang magpreno.



- **Bigyan ka ng mas kaunting oras upang masuri ang path of travel mo at makagawa ng mga kinakailangang pagbabago.** Ang pagmamaneho nang mabilis ay nagbibigay sa iyo ng mas kaunting oras upang makatugon sa mga pagbabago sa daan, gaya ng mga kurbada, interseksyon, o sagabal.
- **Dagdagan ang tindi ng mga pinsala kung sakaling may banggaan.** Ang puwersa ng banggaan ay tumitindi kasabay ng bilis, na humahantong sa mas malulubhang pinsala o pagkamatay.

MGA LIMITASYON SA BILIS

Nakasaad sa mga limitasyon sa bilis ang maximum na bilis na legal sa ilalim ng mga pinakamainam na kundisyon. Ipinag-aatas sa iyo ng batas sa Washington na magmaneho sa mga bilis na ligtas para sa mga kasalukuyang kundisyon ng kalsada. Ibig sabihin, bawasan ang iyong bilis kapag hindi maganda ang mga kondisyon. Maaari kang magmaneho nang mas mababa sa limitasyon sa bilis, ngunit ilegal ang paglampas dito.

Responsibilidad mo ang palaging pagmamaneho sa ligtas na bilis, anuman ang nakapaskil na limitasyon.

PAG-ADJUST NG BILIS PARA SA MGA KUNDISYON

Ang pagmamaneho nang mabilis ay isang delikado at hindi kailangang panganib. Mas mainam ang pagdating nang huli kaysa sa hindi talaga pagdating. Bawasan ang iyong bilis sa mga kundisyon tulad ng mga sumusunod:


- Matatalim na kurbada o paahon na lugar kung saan limitado ang visibility
- Madudulas na kalsada dahil sa ulan, niyebe, o yelo
- Mga lugar na may mga tumatawid, bata, nagbibisikleta, o hayop
- Mga shopping center, paradahan, at lugar na marami ang naglalakad
- Mabigat na daloy ng trapiko
- Masisikip na tulay at tunnel
- Mga residensyal na lugar

5.2 | ESPASYO

Mahalagang kasanayan ang pagtatantya ng espasyo kapag nagmamaneho ka. Maaaring kailangan ng panahon at pagsasanay bago ka maging bihasa, kung kaya't mas mataas ang panganib ng mga baguhang driver. Maaari mong tanyahin ang espasyo ayon sa distansya o oras, ngunit kailangan mong palaging suriin ang iyong posisyon sa kalsada. Subukang magpanatili ng sapat na espasyo sa paligid mo habang nagmamaneho ka.


Magagawa mong bawasan ang iyong panganib at maglaan ng oras upang malaman ang alternatibong daan, kung kinakailangan, sa pamamagitan ng pag-iwan ng sapat na espasyo sa paligid ng iyong sasakyan. Magbibigay ito ng karagdagang espasyo upang gumawa ng aksyon kung may problema sa path of travel mo.

Kapag nagmamaneho ka nang malapit sa iba pang sasakyan, mahalagang mag-iwan ng distansya na hindi bababa sa dalawang beses na haba ng iyong sasakyan sa pagitan mo at ng sasakyan sa harap. Kapag magme-merge, bigyan ang sarili mo ng sapat na espasyo upang ligtas mong magamit ang iyong routine sa pamamahala ng panganib upang magawa ang **pagpapalano, pakikipag-ugnayan, pagtingin, pagsasagawa, at pagsusuri**.



5.3 | PAG-MERGE

Kapag magme-merge ka, pumasok sa trapiko nang may sapat na espasyo upang hindi ka magdulot ng pag-swerve, pagbagal, o paghinto ng mga tao sa paligid mo. Delikado ang pag-merge sa espasyong masyadong maliit, lalo na kung kailangan ng driver sa harap na huminto o bagalan ang takbo.



Ang mga driver nasa interstate na ang may right-of-way, kung kaya't maaaring kailangan mong i-adjust ang iyong bilis, nang mas mabilis o mas mabagal, upang makagawa ng espasyo para sa pag-merge. Gamitin ang buong on-ramp, iyong turn signal, at iyong mga salamin upang maka-merge sa ligtas na espasyo sa interstate.

ZIPPER MERGING

Kapag mabagal ang daloy ng trapiko o huminto ito dahil sa pagsasara ng lane, mahalagang mag-merge nang maayos at mahusay.

Ang zipper merging ay isang pamamaraan na:

- Pinapaganda ang daloy ng trapiko nang 60 porsyento.
- Gumagawa ng tinatayang pattern ng pag-merge, na nagbabawas ng panganib na magkaroon ng mga banggaan na dulot ng mga biglaang pagbabago ng lane.
- Nakakatulong na maiwasan ang pagkadismaya sa mahahabang pila at ang tuksong sumingit sa linya.

Paano mag-zipper merge:

- **Manatili sa iyong lane.** Patuloy na gamitin ang parehong lane hanggang sa makarating ka sa nakatalagang lugar ng pag-merge.



- **Magbigayan.** Makipagsalitan sa pag-merge sa mga sasakyan mula sa ibang lane, tulad ng pag-iisa ng mga ngipin ng zipper.
- **Maging magalang.** Payagan ang isang sasakyan mula sa dulong lane na mag-merge sa harap mo, at pagkatapos ay mag-merge sa bukas na lane.
- **Panatilihin ang bilis.** Patuloy na mag-merge nang hindi humihinto, habang sinasabayan ang bilis ng mga sasakyan sa bukas na lane.

5.4 | ORAS

Upang mabawasan ang panganib, maglaan ng sapat na oras upang suriin ang at umandar sa trapiko. Maaari kang gumamit ng pamamaraan, tulad ng eye-lead time, na nagbibigay-daan sa iyo na suriin ang daan sa harap kung may mga posibleng panganib. Ang eye-lead time ay mahalagang bahagi ng defensive driving. Binibigyan ka nito ng oras upang makita, masuri, at matugunan ang mga panganib. Tingnan ang daan sa harap at sa mga gilid hanggang sa kaya mong makita. Gamitin ang iyong mga salamin upang tingnan ang likod. Kapag mas maaga mong natukoy ang isang panganib, mas marami kang oras upang makapaghanda para rito at mas maraming oras ang mga tao sa paligid mo upang makapag-adjust sa iyong mga pagbabago. Isa itong proactive na pamamaraan sa pagmamaneho. Hindi ito gaanong mapanganib kumpara sa iyong mga reaksiyon upang maiwasan ang peligro.

MAGBILANG SA SEGUNDO

Sanayin ang pagtatantya ng espasyong mararating ng iyong sasakyan sa maikling oras gamit ang simpleng pagsasanay na ito:

1. Pumili ng palatandaan, gaya ng karatula sa kalsada o utility pole, na sa tingin mo ay 15 segundo ang layo sa harap ng iyong sasakyan.
2. Magbilang hanggang sa makarating ka sa palatandaan.

Ang paghula bago ka magbilang ay nakakatulong sa iyo na pahasayin ang kakayahang tanyahin nang tama ang distansyang mararating ng iyong sasakyan sa loob ng ilang segundo. Huhusay ang iyong katumpakan habang patuloy mong sinasanay ang paraang ito.


Mahalagang bigyan ng oras ang iyong sarili upang huminto o magmaniobra sa mga hadlang at sa mga hindi inaasahang



sitwasyon sa trapiko. Kapag may sapat na oras, maaari mong suriin at bigyang-prayoridad ang iyong mga pagpapasya sa trapiko. Makakatulong ito na mabawasan ang takot at mga biglaang reaksiyon.

PAGLIKO NANG MAY MGA KASALUBONG NA SASAKYAN

Mas huhusay ka sa karanasan, ngunit mahirap tantyahin kung gaano karaming oras ang mayroon ka upang lumiko kapag may mga kasalubong na sasakyan. Mas mabuting maglaan ng sobrang oras kaysa sa hindi sapat na oras.



Tandaang may right-of-way ang mga kasalubong na sasakyan. Maaari mong obserbahan ang pagdaan ng mga kasalubong na sasakyan sa isang palatandaan sa gilid ng kalsada, tulad ng puno, at magbilang kung ilang segundo ang aabutin bago makalabas ang mga ito sa kalsadang gusto mong likuan.

Maaari mong gamitin ang time frame na iyon upang tantyahin kung gaano katagal bago marating ng susunod na sasakyan ang parehong distansya. Pagkatapos, malalaman mo kung may sapat kang oras upang makaliko nang ligtas.



Ang pagliko sa daloy ng trapiko ay nangangailangan ng katulad nito. Kailangan mo ng oras upang matapos ang iyong pagliko nang hindi nakakaapekto sa daloy ng trapikong papasukin mo. Kailangan mo ng sapat na oras upang makaliko at maabot ang bilis ng mga kasalubong na sasakyan.

5.5 | PAGTUON

Ang pagiging maingat ay makakatulong sa iyo na bigyang-prayoridad ang kaligtasan at kamalayan sa kalsada.

- **Ituon ang isip.** Manatiling lubos na nakatuon at ibuhos ang atensyon sa pagmamaneho. I-off ang mga abala tulad ng iyong telepono at mga entertainment system sa sasakyan.
- **Maghanda.** Asahan ang mga panganib sa pamamagitan ng pagmamasid sa kalsadang daraanan. Manatiling may alam sa iyong mga kapaligiran.
- **Maging proactive.** I-adjust ang iyong bilis at gawi sa pagmamaneho batay sa mga kundisyon ng kalsada, panahon, at trapiko.

ATENSYON

Mahalaga ang buong atensyon mo sa ligtas na pagmamaneho. Isang bagay lang ang mapagtutuunan ng iyong isip sa bawat pagkakataon. Piliing aktibong magtuon ng atensyon kapag nagmamaneho ka. Pag-isahin ang atensyon ng isip at pagtuon ng paningin mo. Ang iyong atensyon ay ang pinakamahalagang bagay sa kalsada.


Alisin ang mga panloob at panlabas na abala. Ang mga abala, kahit na sa loob ng ilang segundo, ay maaaring magkaroon ng mga kalunos-lunos na kahihinatnan. Sa pamamagitan ng pananatiling nakatuon at pag-iwas sa mga abala, maaari mong lubos na mabawasan ang iyong panganib na masangkot sa banggaan.



FIELD OF VISION

Gagamit ka ng tatlong uri ng paningin habang nagmamaneho ka. Kapag mas mabilis ang takbo, nababawasan ang kalidad ng bawat uri ng paningin.

1. **Ang central vision** ay nagbibigay-daan sa iyo na makita ang detalye sa tapat mo mismo. Ito ang paningin na ginagamit mo upang mabasa ang mga salitang ito.
2. **Ang fringe vision** ay ang ginagamit mo upang makita ang mga gilid ng mga pahina ng gabay para sa driver. Makikita mo ito, ngunit maaaring hindi ito lubos na nakatuon.
3. **Ang peripheral vision** ay ang nakikita mo sa gilid mo nang hindi nawawalan ng pagtuon sa mga salita. Ito ay maaaring mga dingding ng kuwarto kung nasaan ka o isang taong dumaraan sa iyo.




PATH OF TRAVEL

Ang iyong path of travel ay ang ruta o daan kung saan ka nagmamaneho upang makarating sa isang lugar mula sa ibang lugar.

Malamang na kailanganin mong baguhin ang iyong daan sa isang punto. Maaaring kailanganin mong mag-adjust dahil sa panganib, mga kundisyon ng panahon, o dahil kailangan mong bumiyahe sa ibang direksyon. Kakailanganin mong i-visualize ang iyong bagong target area at nilalayong path of travel.

Malaking bahagi ng pagmamaneho ang tuloy-tuloy na paglilipat-lipat sa pagtuon ng paningin at atensyon ng isip mo kung nasaan ka at kung saan mo gustong pumunta.



LINE OF SIGHT

Kapag napili mo na ang lugar kung saan mo gustong pumunta, ang iyong line of sight ay nasa pagitan mo at ng target na iyon. Mabilis at paulit-ulit kang magpapalipat-lipat ng iyong atensyon ng paningin at pag-iisip sa pagitan ng iyong path of travel at line of sight. Tandaan na kakailanganin mong hatiin ang pagtuon ng paningin at atensyon ng pag-iisip sa:

- Iyong path of travel
- Iyong line of sight

- Iyong nilalayong target area
- Mga kasalukuyan at posibleng panganib
- Iyong sasakyan (interior at exterior)
- Iba pang gumagamit ng kalsada
- Sarili mo

PANGANGALAP NG IMPORMASYON

Ang sadyang pagtuon at aktibong atensyon ay nakakatulong sa iyo na makuha ang impormasyong kailangan mo upang gumawa ng mga wais na pagpapasya sa pagmamaneho. Ang pagtingin sa iyong path of travel at line of sight ay tuloy-tuloy na proseso, na kung minsan, nakakalito, lalo na kung nagsisimula ka pa lang na magmamaneho. Maghandang magtagumpay sa pamamagitan ng pagbuo ng mga gawi at routine na kinabibilangan ng patuloy na pagiging alerto at kaunting abala.

5.6 | MGA KUNDISYON NG KALSADA AT PAGMAMANEHO

Bahagi ng pagmamaneho ang pagsunod sa mga limitasyon sa bilis at pag-adjust para sa mga kundisyon ng kalsada. Halimbawa, bagalan mo ang takbo bago ang makipot na kurbada, kapag madulas ang kalsada, o kapag may tubig sa kalsada upang matulungan kang mapanatili ang kontrol sa iyong sasakyan. Ang iyong kamalayan sa panganib, pagpapasya, at matalinong pagpili ay may malaking epekto sa kung gaano kaligtas ang pagbiyahe mo sa iba't ibang kundisyon.

PAGMAMANEHO SA GABI

Mas mahirap makakita sa gabi, at dapat kang:


- Magmamaneho sa bilis na magbibigay-daan sa iyo na huminto sa liwanag ng iyong mga headlight (karaniwang 400 talampakan).
- Gamitin ang iyong mga high beam kapag walang paparating na sasakyan. Lumipat sa iyong mga regular na headlight kapag may paparating na sasakyan.
- Gamitin ang iyong mga regular na headlight kapag may sinusundang ibang sasakyan.
- Iwasang tumingin nang direkta sa mga paparating na headlight. Manatiling nagmamasid sa kalsada sa harap ng iyong sasakyan.



- Subukang magmasid nang lampas sa iyong mga headlight beam. Maghanap ng madidilim na hugis o anino sa kalsada.
- Tumingin nang paminsan-minsan sa mga gilid upang mahanap ang hangganan ng kalsada at upang makita ang mga panganib na maaaring manggaling sa mga gilid.
- Huwag magsuot ng sunglasses o may kulay na lens kapag nagmamaneho sa gabi o sa mauulap na araw. Nababawasan ng lens na may tint o kulay ang iyong paningin.
- Dagdagan ang iyong distansya sa sinusundan para sa mga kundisyon ng pagmamaneho sa gabi at pagmamaneho sa mga hindi pamilyar na kalsada sa gabi.

Kung may sasakyang papalapit sa iyo na naka-on ang mga high beam, tumingin sa kanang bahagi ng kalsada upang hindi maabala ng mga headlight.

MGA KURBADA



Ang pagmamaneho sa mga kurbada ay nangangailangan ng pagiging alerto sa kalsada at kontrol sa iyong sasakyan. Ang maayos na pag-ikot ng manibela at wais na gawi sa pagmamaneho ay nagbibigay sa iyo ng ilang kontrol sa iyong posisyon at balanse sa kalsada. Ang laws of motion, na wala sa iyong kontrol, ay nakakaapekto rin sa posisyon at balanse sa kalsada.

Papalapit sa kurbada

- **Tingnan ang iyong bilis.** Bawasan ang iyong bilis bago pumasok sa kurbada. Nakakatulong ito na mapanatili ang kapit at pinipigilan nito ang pagkadulas o paglihis ng iyong sasakyan sa kalsada. Ang mga kurbada sa paahon na lugar ay maaaring mangailangan ng higit na pagtapak sa silinyador, samantalang ang mga kurbadang pababa ay nangangailangan ng higit na pagpreno.
- **Tumingin nang direktso.** Tingnan ang kalsada upang malaman ang kipot at haba ng kurbada. Makakatulong ito sa iyo na matukoy ang mga naaangkop na bilis at pag-ikot ng manibela.
- **Piliin ang pinakamagandang posisyon sa lane.** Ipuwesto ang iyong sasakyan nang bahagya sa labas ng lane habang papalapit ka sa kurbada. Mabibigyan ka nito ng mas malaking espasyo upang magmaniobra at mapaganda ang iyong visibility sa kurbada.

Sa kurbada

- **Magpanatili ng hindi nagbabagong bilis.** Iwasan ang biglaang pagpreno o pagtapak sa silinyador habang nasa kurbada. Ito ay maaaring makaantala sa balanse ng iyong sasakyan at humantong sa pagkawala ng kontrol.
- **Maayos na pag-ikot ng manibela.** Paikutin ang manibela nang maayos at dahan-dahan sa kurbada. Iwasan ang labis na pag-ikot ng manibela o mga magulong galaw, na maaaring magdulot ng pagkadulas ng iyong sasakyan.
- **Maghanda na mag-adjust.** Maghandang i-adjust ang iyong bilis o pag-ikot ng manibela batay sa mga kundisyon ng kalsada, visibility, at gawi ng iba pang tagapagmaneho.

Papalabas sa kurbada

- **Dahan-dahang tapakan ang silinyador.** Habang lumalabas ka sa kurbada, dahan-dahang tapakan ang silinyador pabalik sa gusto mong bilis. Makakatulong ito sa iyo na mapanatili ang stability at lumipat nang maayos pabalik sa pagbiyahe nang direktso.
- **Tingnan ang iyong mga salamin.** Tingnan ang iyong mga salamin upang matiyak na may sapat kang espasyo upang mag-merge o magbago ng lane kung kinakailangan.

Laws of motion

Kapag nagmamaneho sa mga nakakurbang kalsada, mahalagang maunawaan ang mga puwersang nakakaapekto sa iyong sasakyan at i-adjust ang iyong pagmamaneho upang manatiling may kontrol.

- **Roll at yaw.** Ang roll ay nakakaapekto sa kung gaano naka-tilt ang iyong sasakyan habang lumiliko, ang yaw ay nakakaapekto sa paggalaw nang pakanan o pakaliwa, at mahalaga ang dalawa sa pagpapanatili ng kontrol. Ang pag-adjust sa iyong bilis at pag-ikot ng manibela ay makakatulong sa pagbabalanse ng iyong roll at yaw habang nagmamaneho sa mga kurbada.
- **Momentum.** Kapag nagmamaneho ka nang diretso, may momentum ang iyong sasakyan sa direksyong iyon. Gayunpaman, kapag papasok ka sa isang kurbada, kailangan mong baguhin ang direksyon at momentum ng iyong sasakyan.
- **Inertia.** Sa isang kurbada, kailangan ng iyong sasakyan na humatak nang kaunti upang mapanatili kang umaandar nang diretso. Kung bigla mong paiikutin ang manibela, susubukan ng inertia na panatilihing diretso ang pag-andar ng sasakyan. Kung kaya't dapat mong ikutin ang manibela nang maingat upang maayos na makaliko.
- **Kinetic energy.** Kapag mas mabilis ang takbo, mas maraming energy ang nagagawa, na nangangailangan ng mas maraming oras at espasyo upang huminto o magbago ng direksyon. Ang pagpapatakbo nang mabagal para sa mga kurbada ay nagpapababa ng kinetic energy ng iyong sasakyan at nakakatulong sa iyo na lumiko nang hindi nawawalan ng kapit o kontrol.
- **Friction.** Ang friction ay ang puwersa sa pagitan ng mga gulong at kalsada. Binibigyang-daan nito ang iyong sasakyan na kumapit sa surface. Kapag mas maraming friction, mas malakas ang kapit ng iyong mga gulong sa kalsada. Nakakatulong ito sa iyo na bumagal, bumilis, o lumiko nang ligtas. Ang madudulas na kalsada dahil sa ulan, niyebe, o yelo ay maaaring lubos na makapagpababa ng friction sa mga kurbada. Mas bagalan ang takbo at iwasan ang mga biglaang paggalaw sa mga kundisyong ito.

MADUDULAS NA KALSADA



Ang panahon sa Washington ay maaaring magdulot ng madudulas na kalsada. Ang ulan, niyebe, at sleet ay gumagawa ng mga peligro sa kalsada. Kapag madulas ang kalsada, dapat mong i-adjust ang iyong pagmamaneho para sa mga kundisyon, na maaaring mangailangang magmaneho ka nang mas mababa sa nakapaskil na limitasyon sa bilis.

Kung magsimulang umulan sa mainit na araw, maaaring maging napakadulas ng pavement sa unang ilang minuto. Pinapalabas ng init sa surface ang langis sa aspalto. Madulas ang kalsada hanggang sa mawala ang langis.



Ang mga kalsadang may niyebe ay mangangailangan ng mas malawak na distansya sa sinusundan at talagang mas mababang bilis.

- Gumamit ng mga gulong o kadena para sa niyebe kapag kinakailangan.
- Sa mga buwan ng taglamig, maaari mong mapahusay ang kapit sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga kadena sa iyong mga gulong o pagpapalit ng mga gulong na may stud.

Iwasan ang mga kalsadang may yelo hangga't maaari. Kung kailangan mong magmaneho sa mga kalsadang may yelo, bagalan ang takbo at mag-iwan ng dagdag na espasyo sa paligid ng iyong sasakyan.

- Sa mga araw na malamig at maulan, maaaring may yelo ang mga malilim na lugar.
- Ang mga overpass at iba pang uri ng tulay ay maaaring magkaroon ng mga bahaging may yelo kahit na walang ganito sa natitirang bahagi ng kalsada.
- Kapag ang mga temperaturang mas mababa sa freezing point ay naging malapit sa freezing point, maaaring matunaw at maging tubig ang yelo. Dahil dito, nagiging mas madulas ang kalsada.
- *Ang black ice* ay tumutukoy sa manipis na patong ng yelo na mahirap makita ng mga driver. Kahit na hindi mo nakikita ang yelo, magtuon ng atensyon kapag nagmamaneho sa mga temperaturang malapit o mas mababa sa freezing point. Maraming driver ang nababangga kapag nawawalan sila ng kontrol sa kanilang mga sasakyan sa black ice.

PAG-SKID

Ang mga skid ay nangyayari kapag hindi na makakapit sa kalsada ang mga gulong. Ang mas mabibilis na takbo at madudulas na kalsada ay nagpapataas sa posibilidad ng pagkadulas kung biglaan kang liliko o hihinto. Dahil hindi mo makokontrol ang isang sasakyan kapag dumudulas ito, pinakamainam na iwasan ang pag-skid sa simula pa lang.

Kung nag-iiskid ka, gawin ang mga sumusunod:

1. **Alisin ang iyong paa sa silinyador.**
2. **Tapakan o i-pump ang iyong mga preno.** Makakatulong ang mga antilock brake na makontrol ang pag-ikot ng mga gulong upang mas mabilis ang pagbagal ng takbo. Mabibigyang-daan ka rin ng mga ito na patuloy na paikutin ang manibela ng sasakyan. Kung wala kang antilock brake, mas madudulas ka kapag mabilis na tinapakan ang brake pedal.



3. **Paikutin ang manibela sa parehong direksyon kung saan umaandar ang iyong sasakyan.**
4. **Patuloy na iwasto ang pag-ikot ng manibela mo.** I-adjust ang gulong hanggang sa mabawi ng iyong mga gulong ang kapit at mapunta ang mga ito sa direksyon kung saan mo iniikot ang manibela.
5. **Suriin ang sitwasyon.** Pagkatapos magkaroon ng kontrol, isaalang-alang ang mga kundisyon ng kalsada at i-adjust ang iyong gawi sa pagmamaneho kung kinakailangan.

HYDROPLANING

Nangyayari ang hydroplaning kapag naipon ang tubig sa pagitan ng iyong mga gulong at surface ng gulong. Dahil dito, nawawalan ng kapit at dumudulas ang mga gulong. Parang nakalutang o dumudulas ang sasakyan, at nagiging mahirap para sa iyo ang manatiling may kontrol. Ang pinakamainam na paraan upang mapigilan ang hydroplaning ay ang bagalan ang takbo kapag basa ang kalsada.

Kapag gagawin mo ang hydroplaning, mahalagang gawin ang mga sumusunod:

1. **Alisin ang iyong paa sa silinyador.**
2. **Dahan-dahang tapakan ang mga preno.** Makakatulong ang mga antilock brake na maibalik ang kontrol ng sasakyan sa kalsada. Kung wala kang antilock brake, mas mangyayari ang hydroplaning sa iyo kapag sapilitang tinapakan ang brake pedal.
3. **Panatilihing naka-steady ang manibela.** Iwasan ang labis na pagwawasto o paggalaw sa manibela.
4. **Tumingin kung saan mo gustong pumunta.** Panatilihin ang iyong pagtuon sa kalsada habang kalmado kang naghihintay na mabawi ang kapit ng iyong mga gulong.
5. **Suriin ang sitwasyon.** Pagkatapos magkaroon ng kontrol, isaalang-alang ang mga kundisyon ng kalsada at i-adjust ang iyong gawi sa pagmamaneho kung kinakailangan.

5.7 | MGA PAGPALYA NG SASAKYAN

Kung magkakaroon ng mga problema ang iyong sasakyan sa kalsada, tandaan ang mga tip na ito:

- Alisin ang iyong sasakyan sa kalsada at papalayo sa trapiko, kung maaari.
- Huminto kung saan malinaw na makikita ng iba pang driver ang iyong sasakyan, lalo na kung hindi mo maalis ang iyong sasakyan sa kalsada. Iwasan ang paghinto sa paahon na lugar o malapit sa kurbada.
- I-on ang iyong mga pang-emergency na flasher at headlight.
- Balaan ang iba pang gumagamit ng kalsada sa pamamagitan ng paglalagay ng mga pang-emergency na flare 200 hanggang 300 talampakan sa likod ng sasakyan.
- Tumayo sa isang ligtas na lugar, at kumaway sa mga sasakyan sa paligid ng iyong sasakyan kung wala kang mga pang-emergency na flare o ibang warning device.
- Buksan ang hood o magtali ng puting tela sa antenna, side mirror, o handle ng pinto upang mag-signal ng emergency.

MGA GULONG

Kung pumutok o biglang ma-flat ang isang gulong:

- Kumapit nang mahigpit sa manibela at panatilihing diretso ang takbo ng sasakyan.
- Dahan-dahang bagalan ang takbo. Alisin ang iyong paa sa silinyador.
- Huwag magpreno. Hayaang bumagal nang mag-isa ang sasakyan, o dahan-dahang magpreno kung kinakailangan.
- Huminto sa ligtas na lugar sa gilid ng kalsada, kung maaari, at i-on ang mga pang-emergency na flasher. Kung hindi ka makakarating sa ligtas na lugar upang mapalitan ang iyong gulong, i-on ang iyong mga hazard warning light, manatili sa loob ng iyong sasakyan, at humingi ng tulong.
- Ipakumpuni o papalitan ang gulong.

POWER

Kung mamamatay ang makina habang nagmamaneho ka:

- Higpitan lang ang kapit sa manibela. Tandaang maaaring mahirap paikutin ang manibela, ngunit mapapaikot mo ito.
- Maghanap ng daan para sa paglabas. Huwag magpreno nang madiin. Sa halip, magpreno nang naka-steady ang diin ng pagtapak sa pedal, bagalan ang takbo, at pagkatapos ay huminto sa gilid ng kalsada.
- Huminto at subukang i-restart ang makina. Kung hindi matagumpay, buksan ang hood at i-on ang iyong mga hazard warning light. Humingi ng tulong.

HEADLIGHT

Kung biglang mawala ang iyong mga headlight:

- I-on ang iyong mga hazard warning light, turn signal, o fog light, kung mayroon kang ganito.
- Huminto sa gilid ng kalsada sa lalong madaling panahon.

SILINYADOR

Kung pabilis nang pabilis pa rin ang sasakyan:

- Panatiliing nakatutok sa kalsada ang mga mata.
- Mabilis na lumipat sa neutral.
- Huminto sa gilid ng kalsada kapag ligtas na itong magagawa.
- I-off ang makina.

5.8 | PAGSASABI NG MGA PANGANIB

May panganib kahit saan: sa mga komunidad sa lungsod at lalawigan, sa mga highway, sa mga likod na daan, sa mga paradahan, at sa mga driveway. Manatiling may alam sa lahat ng kasalukuyan at posibleng panganib. Maaaring may mga pagkakataon kung kailan kakailanganin mong ipaalam sa ibang tao na may umiiral na panganib. Ang maingat na paggamit ng iyong mga ilaw, busina, at signal gamit ang kamay ay maaaring mag-iba depende sa sitwasyon — ngunit maaaring maging epektibong paraan ang mga ito upang makipag-ugnayan sa iba pang gumagamit ng kalsada.





5.9 | MGA BANGGAAN

Makakaranas ang lahat ng driver ng sitwasyong pang-emergency. Kahit gaano ka kaingat, may mga sitwasyong maaaring magdulot ng mga problema sa iyo. Responsibilidad ng lahat ng driver ang pag-iwas sa mga banggaan. Kung minsan, kakailanganin nitong gumamit ka ng mga pang-iwas na pagmaniobra, ngunit ang pangunahing pag-unawa sa laws of physics ay makakatulong sa iyo na maiwasan ang banggaan. Kahit gaano ka kagaling magmaneho, maaari ka pa ring masangkot sa banggaan.

Ang mga banggaan ay karaniwang may tatlong sanhi:

1. Sobra ang bilis
2. Kulang sa espasyo
3. Hindi sapat ang pagbatid ng sitwasyon.

PAGBANGGA NG SASAKYAN

- Huwag magmaneho nang palayo. Kung may sinumang nasugatan o namatay, tumawag sa 911. Dapat abisuhan ang tagapagpatupad ng batas.
- Ilipat ang sasakyan sa gilid ng kalsada, ngunit malapit sa lugar ng banggaan, sa lalong madaling panahon.
- Huwag tumayo o maglakad sa mga traffic lane. Maaari kang mabangga ng ibang sasakyan.



- Gumamit ng mga flare o iba pang warning device upang alertuhan ang iba pang driver tungkol sa banggaan.
- I-off ang mga nawasak na sasakyan.
- Huwag manigarilyo sa paligid ng mga nawasak na sasakyan. Maaaring natapon ang gasolina, at tunay na panganib ang sunog.
- Kung may sangkot na nakaparadang sasakyan sa banggaan, dapat mong hanapin ang may-ari. Kung hindi mo siya mahanap, mag-iwan ng mensahe sa isang lugar kung saan madali niya itong makikita. Isama ang petsa at oras ng banggaan at ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

PAG-UULAT NG BANGGAAN

Pagkatapos ng banggaan, kunin ang impormasyong makakatulong sa iyo na iulat ang insidente.

- Mangolekta ng impormasyon mula sa ibang taong sangkot. Dapat mo ring ibigay ang iyong impormasyon. Kakailanganin mong makipagpalitan ng:
 - Pangalan, impormasyon sa pakikipag-ugnayan, numero ng lisensya sa pagmamaneho
 - Kumpanya ng insurance at numero ng insurance policy
- Kumuha ng mga larawan at video ng anumang pinsala sa mga sasakyan.
- Magbigay ng impormasyon sa pulis o iba pang opisyal para sa emergency kung kinakailangan.
- Maghain ng form ng ulat sa banggaan, sa loob ng 4 na araw matapos ang banggaan, kung hindi ito gagawin ng opisyal na tagapagpatupad ng batas para sa iyo. Ang form na ito ay ipinag-aatas ng batas ng estado. Pumunta sa dol.wa.gov at hanapin ang **collision report form** (form ng ulat sa banggaan).

PAG-UULAT NG PINSALA

Ang mga pinsala ay maaaring makapagdagdag ng stress pagkatapos ng banggaan. Gawin ang makakaya mo upang manatiling kalmado, suriin ang iyong sarili, at pagkatapos ay tulungan ang ibang tao.

- Tumawag sa 911.
- Huwag galawin ang mga nasugatang tao maliban kung nasa loob sila ng nasusunog na sasakyan o nasa agarang panganib sila.

- Tulungan ang sinumang hindi na nakakapaglakad at nakakapagsalita. Tingnan ang paghinga, at pagkatapos ay tingnan kung may pagdurugo.
- Sundin ang mga hakbang na ito kung may makita kang pagdurugo:
 - Maglagay ng presyon gamit ang mga kamay.
 - Maglagay ng bandage/dressing.
 - Maglagay ng tourniquet.
- Huwag painumin ng kahit ano ang mga nasugatang tao — kahit na tubig.
- Takpan ang mga nasugatang tao ng kumot o coat upang panatilihin mainit ang katawan nila at upang makatulong na maiwasan ang pagkakaroon ng shock.

PAGTAWAG SA 911

Mahalagang tumawag sa 911 kung sakaling may banggaan ng sasakyan upang makahingi ng pang-emergency na tulong. Tandaang:

1. **Manatiling kalmado.** Subukang manatiling kalmado at mahinahon. Makakatulong ito sa iyo na magbigay ng malinaw at tamang impormasyon sa dispatcher.
2. **Suriin ang sitwasyon.** Mabilisang suriin kung gaano katindi ang banggaan at kung may anumang pinsala sa iyo o sa ibang tao.

Kapag kausap ang dispatcher ng 911, dapat mong:

1. **Ibigay ang lokasyon.** Sabihin mo nang malinaw sa dispatcher ang iyong lokasyon, kasama ang anumang malapit na landmark o mile marker. Kung hindi ka sigurado sa iyong lokasyon, subukang magbigay ng maraming detalye hangga't maaari upang matulungan ang mga tagatugon sa emergency na mahanap ka.
2. **Ilarawan ang sitwasyon.** Magbigay ng maikling paglalarawan sa banggaan, kasama ang bilang ng mga sangkot na sasakyan, danyos, at anumang pinsala.
3. **Sundin ang mga instruksyon ng dispatcher.** Ang dispatcher ay maaaring magtanong upang masuri ang sitwasyon at magbigay ng mga instruksyon.

4. **Magbigay ng mga detalye.** Maghandang magbigay ng higit pang detalye kung kinakailangan. Maaaring kasama sa mga detalyeng ito ang mga uri ng sasakyan, numero ng plaka, at anumang panganib.
5. **Manatiling nasa telepono.** Manatiling nasa telepono kasama ng dispatcher hanggang sa dumating ang tulong.

KAPAG MAY MGA KABLE NG KURYENTE

Kung tumama ang isang linya ng kuryente sa iyong sasakyan, huwag lalabas ng sasakyan.

Kung may mga sangkot na linya ng kuryente sa banggaan, may mga espesyal na pag-iingat na kailangan mong gawin. I-off ang iyong makina, tumawag sa 911, at manatili sa loob ng iyong sasakyan hanggang sa dumating ang mga tagatugon sa emergency. Hindi mo alam kung paano, kailan, o kung may karga ang isang linya ng kuryente, ngunit ipagpalagay na may karga ang mga ito.

Kung aksidente kang bumangga sa isang linya ng kuryente, huminto kaagad. Kapag umabante o umatras ka, malalagay ka sa panganib na makuryente. Tumawag sa 911 at manatili sa loob ng iyong sasakyan hanggang sa sabihin sa iyo na ligtas nang lumabas.

Kung matumba ang mga linya ng kuryente sa iyong sasakyan, o kung bumangga ka sa isang transformer box, manatili sa iyong sasakyan at tumawag sa 911. Maaari ring may karga ang lupa sa paligid ng iyong sasakyan. Kung maaari, hikayatin ang mga tao na manatiling malayo nang 35 talampakan.

Kung tumama ang iyong sasakyan sa mga linya ng kuryente at magsimula ang sunog, kailangan mong umalis sa sasakyan. Napakahalagang tumalon ka papalayo sa sasakyan. Buksan ang iyong pinto, at umupo sa gilid ng pinto. Tumalon papalayo sa iyong sasakyan, nang nakapirmi sa mga gilid mo ang iyong mga braso. Mag-ingat na huwag mahawakan ang sasakyan. Siguraduhing magkasabay na babagsak ang mga paa. Upang maiwasan ang electric shock, mag-shuffle nang 35 talampakan papunta sa ligtas na lugar. Huwag balikan sa loob ng sasakyan ang anumang pag-aari hanggang sa maabisuhan kang ligtas na itong magagawa.



KAPAG MAY NASAKSIHANG BANGGAAN

- Huwag harangan ang mga tagatugon sa emergency.
- Sundin ang mga instruksyon na ibinigay ng mga pulis, bumbero, at iba pang taong pinapahintulutang mangasiwa ng trapiko sa aksidente.
- Panatiliing ligtas ang mga tagatugon sa emergency at taong sangkot sa lugar ng banggaan sa pamamagitan ng pagtuon sa iyong pagmamaneho habang dumaraan ka. Ang pagtakbo nang mabagal upang tingnan ang aksidente ay gumagawa ng mabigat na daloy ng trapiko.

EMERGENCY KIT

Magandang ideya ang pagkakaroon ng emergency kit sa iyong sasakyan. Narito ang ilang item na maaaring gusto mong dalhin sa isang emergency:

- ☐ **First aid kit**
- ☐ **Flashlight**
- ☐ **Kumot**
- ☐ **Tubig**
- ☐ **Mga jumper cable**
- ☐ **Tool kit o multipurpose utility tool**
- ☐ **Backup na charger ng telepono o power source**
- ☐ **Spare na gulong, wrench ng gulong, jack**
- ☐ **Mga reflective triangle o flare**

Magandang ideya ang pagtatabi ng papel na kopya ng mahahalagang numero (mga miyembro ng pamilya, provider ng insurance). Makakatulong ang papel na kopya kung maubos ang baterya ng iyong telepono at kailangan mong tumawag mula sa ibang telepono.

5.10 | TAGAPAGPATUPAD NG BATAS

Ang mga kalsada sa Washington ay pinapamahalaan ng mga pulis at ahensya ng estado. Sa buong pagbiyahe mo, maaaring makatagpo ka ng tagapagpatupad ng batas sa estado, county, o lokal, pati na rin mga tagatugon sa emergency.



PAGPAPAHINTO NG PULIS

Gagawin ito ng mga sasakyan ng pulis na nagtatangkang pahintuin ang mga driver sa pamamagitan ng pag-on sa mga nagpa-flash na ilaw at/o sirena. Kung pahintuin ka ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas, tandaang:



1. Gamitin ang iyong turn signal at huminto sa gilid ng kalsada kapag ligtas na.
2. I-off ang makina at anumang audio device, tulad ng mga radyo.
3. Manatili sa loob ng iyong sasakyan maliban kung utusan ka ng opisyal na lumabas.





4. I-on ang iyong mga interior light kung pinahinto ka nang gabi. Maaaring gumamit ang mga opisyal ng spotlight para sa karagdagang visibility.



5. Panatilihin ang iyong mga kamay sa manibela.



6. Sundin ang lahat ng instruksyon na ibibigay ng opisyal sa iyo o iyong mga pasahero.

Maaaring lumapit ang opisyal sa magkabilang gilid ng sasakyan.

Kapag papalapit ang opisyal sa sasakyan, tandaang:

1. Ibaba ang kaukulang bintana upang makapag-usap kayo ng opisyal.
2. Ipaalam kaagad sa opisyal kung may armas ka sa loob ng sasakyan.
3. Hintayin ang mga instruksyon ng opisyal bago abutin ang iyong lisensya sa pagmamaneho o mga dokumento ng sasakyan.

Kung pinahinto ka, ang opisyal ay karaniwang:

- Magpapaliwanag kung bakit ka pinahinto.
- Hihingi ng iyong:
 - Lisensya sa pagmamaneho (Driver license)
 - Katibayan ng insurance (Proof of insurance)
 - Rehistro ng sasakyan (Vehicle registration)

Sabihin sa opisyal kung saan matatagpuan ang mga dokumentong ito bago mo abutin ang mga ito.

- Ipaliwanag kung anong aksyon ang gagawin nila (pagbibigay ng babala o ticket, o pag-aresto). Kung hindi ipapaliwanag ng opisyal ang aksyong gagawin niya, maaari mo itong hilingin sa kanya.

Maaari kang magalang na magtanong sa opisyal. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pagpapasya o pagkilos ng opisyal, huwag patagalin ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pakikipagtalo sa opisyal. Maaari mong hilingin na iapela ang pagpapasya sa hukuman.

Kung naniniwala kang hindi tama ang ginawa ng opisyal o may mga tanong ka tungkol sa kanyang asal, maaari kang tumawag o makipag-ugnayan sa ahensya ng opisyal at humiling ng supervisor. Pinakamainam itong gawin sa lalong madaling panahon kapag pinahinto ka.

PAGTANGGAP NG TICKET

Kung makakatanggap ka ng ticket, kailangan mo itong lagdaan. Ang iyong pagtanggap at lagda ay hindi pag-amin ng kasalanan. Gayunpaman, ang pagtanggap na lagdaan ang ticket sa trapiko ay maaaring humantong sa pag-aresto sa iyo.

Kailangan mong sundin ang mga instruksyon sa likod ng ticket sa loob ng 15 araw upang maiwasan ang pagsususpende ng iyong mga pribilehiyo sa pagmamaneho. Ang pagmamaneho nang may nasuspindeng lisensya ay maaaring humantong na mawala ang iyong sasakyan at/o pag-aresto sa iyo.

KONKLUSYON

Ang mga kalsada sa Washington ang nag-uugnay sa bawat komunidad sa buong estado natin. Ginagamit natin ang mga ito upang mag-commute papunta sa trabaho, maghatid ng mga produkto, at tuklasin ang kagandahan ng Pacific Northwest.

Tandaan na ang mga matalinong gawi sa pagmamaneho ay ang pundasyon ng ligtas at kawili-wiling karanasan sa pagmamaneho.

Ang magagaling na driver ay:

- **Alerto.** Palaging alerto sa kanilang mga kapaligiran at posibleng panganib.
- **Naka-seat belt.** Maayos na naka-seat belt para sa bawat biyahe.
- **Kalmado.** Umiiwas sa agresibong pag-uugali at kinokontrol ang mga emosyon habang nagmamaneho.
- **Nakatuon.** Inaalis ang mga abala at nakatuon sa pagmamaneho.
- **Hindi lasing.** Hindi kailanman nagmamaneho nang nakakonsumo ng alak o ipinagbabawal na gamot.

Ang karanasan ay bubuo ng kumpiyansa; gayunpaman, mag-ingat upang maiwasan ang pagiging kampante. Ang pagmamaneho ay nangangailangan ng pagkatuto at pag-angkop, dahil nagbabago ang mga batas, sasakyan, at kundisyon sa pagmamaneho.

Welcome sa komunidad ng magkakasamang pagmamaneho sa Washington. Sama-sama tayong magsikap na panatilihin ang mga kalsada para sa lahat.



GLOSSARY

ABS (Antilock Brake System, Anti-lock na System sa Pagpreno):

Pangkaligtasang feature ng sasakyan na tumutulong sa iyong magpanatili ng kontrol at huminto nang ligtas.

ADAS (Advanced Driver Assistance System, Mga Advanced na System ng Tulong sa Driver): Pangkaligtasang teknolohiya ng sasakyan na nag-i-intervene, nagbibigay-babala, o tumutulong sa mga driver.

Agresibong pagmamaneho: Ugali sa pagmamaneho na galit, mapanganib, o walang pasensya, gaya ng mabilis na pagmamaneho o tailgating.

Agricultural permit: Pahintulot para sa taong wala pang edad 18 para magmaneho ng traktora at iba pang sasakyang ginagamit sa pagsasaka.

Backing: Pagmamaneho ng sasakyan nang patalikod.

Balanseng bigat: Pantay na distribusyon ng bigat sa loob ng sasakyan para mapanatili ang stability.

Banggaang: Kapag dalawa o mahigit pang sasakyan o bagay ang nagbanggaan.

Batas sa ipinabatid na pahintulot (Implied consent law): Mga batas na nag-aatas sa mga driver na sumailalim sa ilang partikular test, tulad ng mga breathalyzer test, kung pinaghihinalaang nagmamaneho nang nasa impluwensya ng alak o droga.

Bigat ng trapiko: Ang bigat ng trapiko sa daan.

Bisita: Taong nasa isang lugar sa loob ng maikli o limitadong dami ng oras.

Blind area, spot, o zone: Mga lugar sa paligid ng sasakyan kung saan nahaharangan ang nakikita ng driver, at hindi niya nakikita ang iba pang sasakyan.

Booster seat: Espesyal na upuang idinisenyo para sa mga batang nakalakihan na ang kanilang mga upuan sa kotse pero napakaliit pa rin para magkasya ang regular na seatbelt.

Carpool: Kapag 2 o mahigit pang tao ang nasa loob ng sasakyan habang umaandar ito.

Cruise o kontrol sa bilis: System sa kotse na nagpapanatili ng nakatakdaang bilis nang hindi kinakailangan ng driver na tapakan ang pedal ng gas.

Daloy ng trapiko: Kung paano gumagalaw ang mga sasakyan sa daan.

Department of Licensing (DOL): Ahensya ng estado na nagbibigay ng mga lisensya sa pagmamaneho, ID card, plaka, at pagpaparehistro ng sasakyan at bangka.

Distansya ng paghinto: Ang distansya sa pagitan ng sandaling magpreno ang driver hanggang huminto ang sasakyan.

Donor ng organ: Taong sumang-ayong mag-donate ng kanilang organ pagkatapos nilang mamatay para iligtas ang buhay ng ibang nangangailangan ng transplant.

DUI (Driving Under the Influence, Pagmamaneho nang nasa impluwensya): Pagmamaneho ng sasakyan habang nasa impluwensya ng alak o droga.

Hand-to-hand steering: Paraan ng paggalaw ng mga kamay sa manibela nang hindi nagsasagian.

Hazard perception: Ang kakayahang kumilala at tumugon sa mga posibleng panganib habang nagmamaneho.

Hindi kontroladong intersection: Intersection na walang signal o karatula sa trapiko.

Hindi na gumagana ang preno: Kapag hindi na gumagana nang maayos ang mga preno ng sasakyan.

Hindi residente: Taong hindi permanenteng nakatira sa partikular na lugar, gaya ng lungsod o estado.

HOV (High Occupancy Vehicle, Sasakyang maraming sakay): Lane na nakareserba para sa mga carpool na sasakyan na may 2 o mahigit pang tao sa loob.

Hydroplaning: Kapag nawalan ng kapit ang gulong ng sasakyan sa basa at madudulas na daan.

Identification (ID): Dokumentong may kasamang personal na impormasyon gaya ng iyong pangalan, petsa ng kapanganakan, o litrato.

Insurance ng sasakyan: Coverage na tumutulong na mabayaran ang pinsala o mga injury mula sa banggaan.

Interchange: Lugar kung saan nagkokonekta ang 2 o mahigit pang daan.

Kabataan: Taong hindi pa itinuturing na nasa hustong gulang ng batas, na karaniwang wala pang edad 18.



Karatula ng paghinto: Karatulang nagsasabing dapat huminto nang tuluyan ang mga driver.

Kasali sa banggaan: Pagiging bahagi ng banggaan.

Katunayan ng pagmamay-ari (Certificate of ownership):

Dokumentong nagpapakita kung sino ang may-ari ng sasakyan o bangka.

Kawalan ng traction ng gulong: Nabawasang pagkapit ng gulong sa daan.

Ligtas na lugar para sa pedestrian: Lugar na hindi puwedeng puntahan ng mga driver para matiyak na may ligtas na lugar ang mga tao na malayo sa trapiko.

Magulang o tagapag-alaga: Legal na nasa hustong gulang na responsable para sa pangangalaga ng isang menor de edad.

May kasalanan sa banggaan: Kapag nagkaroon ng banggaan, at natukoy na ang isang driver ang pinakadahilan nito.

Mga batas-trapiko: Mga panuntunan na namamahala kung paano dapat mag-operate ang mga sasakyan sa daan.

Mga brake light: Ang mga pulang ilaw sa likod ng sasakyan na umiilaw kapag nagpreno ang driver na nagsasabi sa iba pang driver na bumabagal ang takbo o hihinto ang sasakyan.

Mga device sa pagkontrol sa trapiko: Mga karatula, signal, at markang ginagamit para kontrolin ang trapiko.

Mga hazard light: Mga indicator light sa harap at likod ng kotse na nagsasabi sa iba pang driver at pedestrian na mag-ingat kapag malapit sa sasakyan.

Mga Headlight: Ang mga ilaw sa harap ng sasakyan na naiilawan ang daan, nagbibigay-daan sa driver na makakita at makita sa madidilim na lugar o sa gabi.

Mga hugis ng karatula sa trapiko: Iba't ibang hugis ng mga karatula na may mga partikular na kahulugan.

Mga karaniwang kulay ng karatula: Mga kulay na ginagamit para sa mga karatula sa trapiko para sabihin ng mga partikular na kahulugan.

Mga kumplikadong intersection: Mga intersection na maraming lane o hindi pangkaraniwang pattern ng trapiko.



Mga lagay ng panahon: Kung ano ang lagay ng panahon.

Mga limitasyon sa bilis: Mga maximum na legal na bilis na pinapayagan sa daan.

Mga pagmaniobra ng sasakyan: Mga pagkilos habang nagmamaneho, gaya ng pagliko o paghinto.

Mga reference point: Mga linya sa daan o bagay na malapit sa iyong sasakyang nakakatulong sa iyong malaman ang iyong lokasyon sa daan.

Mga signal sa pagliko: Mga nagbi-blink na ilaw sa harap at likod ng sasakyang nagsasabi ng intensyon ng driver na kumaliwa o kumanan, o lumipat ng lane.

Mga Studded na Gulong: Mga gulong para sa winter na may mga metal, na tinatawag na mga stud, na puwedeng gamitin para sa pagmamaneho sa mga nagyeyelong lugar.

Mga system ng proteksyon sa nakasakay sa sasakyan: Pangkaligtasang feature sa loob ng sasakyan, gaya ng mga airbag at seat belt.

Nakaanggulong pagpaparada: Pagpaparada ng kotse nang pa-diagonal sa bangketa sa halip na parallel.

Nakapaharap na upuan: Uri ng upuan sa kotse na nakaposisyon para humarap sa harapan ng sasakyan, naaangkop para sa mga batang nakalakihan na ang mga nakapatalikod na upuan.

One-hand steering: Paggamit ng isang kamay para kontrolin ang manibela.

Open container law: Batas na pumipigil sa mga driver at pasahero na magdala ng mga open container ng mga inuming may alkohol sa loob ng sasakyan, para maiwasan ang pag-inom at pagmamaneho.

Opisina ng pagbibigay ng lisensya ng sasakyan (Vehicle licensing office): Kung saan ka pupunta para sa mga certificate ng sasakyan, tab, at tulong sa pagpaparehistro.

Opisina sa pagbibigay ng lisensya sa driver (Driver licensing office): Lokasyong nagbibigay ng mga serbisyo sa customer na nauugnay sa pagbibigay ng lisensya.

Pagdulas: Kawalan ng traction ng gulong na dahilan para hindi makontrol ang pagdulas ng sasakyan.



Paggamit ng polydrug: Paggamit ng mahigit 1 uri ng droga nang sabay.

Pagkakakilanlan: Kung sino ang isang tao, kasama ang kanyang pangalan, petsa ng kapanganakan, at iba pang personal na impormasyon.

Pagkapagod: Pakiramdam na masyadong pagod.

Paglabag habang umaandar: Ticket na ibinibigay kung lumabag sa batas habang umaandar ang sasakyan.

Pagliko: Paglipat ng direksyon habang nagmamaneho.

Paglipat ng lane: Paglipat ng lane patungo sa kabilang lane.

Pagmamaneho nang nasa impluwensya: Pagmamaneho ng sasakyan bahang nasa impluwensya ng alak, droga, o iba pang substance na nakakaapekto sa pagpapasya at koordinasyon.

Pagpapabilis ng Pagbibigay ng Lisensya: Online na serbisyo kung saan puwede mong i-renew ang iyong lisensya sa pagmamaneho, mga tab ng sasakyan, lisensya ng negosyo, o ulat kapag nagbenta ka ng sasakyan. Makikita mo ang Pagpapabilis ng Pagbibigay ng Lisensya dito sa secure.dol.wa.gov.

Pagpaparehistro ng botante (Voter registration): Dokumentong nagpapakita kapag nag-sign up ang residente para makaboto sa mga lokal at pambansang halalan.

Pagpaparehistro ng sasakyan: Opisyal na dokumentasyon na nagpapatunay sa pagmamay-ari ng sasakyan.

Pagpaparehistro para sa Selective Service (Selective Service registration): ang pag-sign up para dito ay ginagawang kwalipikado ang isang taong itinalagang lalaki sa kapanganakan sa pagitan ng edad na 18 at 25 na maisama sa militar kung sakaling magkaroon ng emergency sa bansa.

Pagpaplano ng biyahe o ruta: Pagpaplano ng ruta para sa paglalakbay.

Pagpasok sa trapiko: Pag-merge sa gumagalaw na trapiko.

Pag-roll ng sasakyan: Side-to-side na paggalaw ng sasakyan.

Pagsabog ng gulong: Biglaang pagkawala ng hangin sa gulong habang nagmamaneho.

Pag-signal: Paggamit ng mga turn signal para magsabi ng mga intensyon sa iba pang driver.



Pagsingit: Pagsingit sa ibang sasakyan.

Pagsusulit sa kaalaman: Pagtatasang sumusuri sa pag-unawa ng isang tao sa mga panuntunan sa pagmamaneho, karatula, at iba pang mahalagang impormasyong kailangan para makapagmaneho nang ligtas.

Pagsusuri sa mga kakayahan: Pag-assess na natutukoy ang kakayahan ng isang tao na magsagawa ng mga gawain sa praktikal na pagmamaneho, gaya ng pagpaparada at pagmaniobra.

Pagsusuri sa paningin: Pagsusuri para tingnan kung gaano kalinaw ang paningin mo at kung malusog ang mga mata mo.

Pag-unawa sa sitwasyon: Iyong kakayahang ganap na maunawaan ang iyong paligid habang nagmamaneho ka na nakakatulong sa iyong gumawa ng mga ligtas na pagpapasya sa pagmamaneho.

Pag-yaw: Ang side-to-side na paggalaw ng sasakyan.

Panganib: Posibilidad na may masamang mangyayari.

Pangkaligtasang upuan ng bata o child restraint: Espesyal na upuan para sa mga bata sa sasakyan para mapanatili silang ligtas kung sakaling mabangga.

Parallel na pagpaparada: Pagpaparada sa pagitan ng dalawang sasakyan sa bangketa.

Pedestrian: Taong naglalakad sa o malapit sa daan.

Peripheral vision: Mga nakikitang bagay sa gilid habang diretso ang tingin.

Perpendicular na pagpaparada: Pagpaparada nang pa-right angle sa bangketa.

Pinansyal na pananagutan: Responsable sa pagbabayad ng isang bagay kung nasira ito.

Pitch ng sasakyan: Ang anggulo ng harap o likod ng sasakyan.

Plaka: Metal o plastik na plakang may mga numero at letra, na nakakabit sa harap at likod ng sasakyan, na ginagamit para matukoy ng nagpapatupad ng batas at iba pa ang sasakyan.

Posisyon ng paghinto: Ang lugar kung saan hihinto ang sasakyan.

Proactive: Pagtugon sa sitwasyong inaasahan mo.

Reactive: Pagtugon sa sitwasyong nakikita mo.



Record sa pagmamaneho: Record ng history sa pagmamaneho ng isang tao, kasama ang anumang paglabag o pagbangga.

Registry para sa mga kambal (Twin registry): Listahan ng mga pangalan ng mga kambal at ilang impormasyon tungkol sa kanila na madalas na ginagamit para sa pananaliksik.

Right-of-way: Ang legal na karapatan para maunang magpatuloy sa trapiko; halimbawa, nasa unang sasakyang hihinto sa intersection ang right-of-way.

Roundabout: Paikot na harang na kumokontrol sa trapiko sa intersection, na kilala rin bilang traffic circle.

Signal sa trapiko: Ilaw na kumokontrol sa daloy ng trapiko sa mga intersection.

Tailgating: Pagsunod nang malapit sa sasakyan na nasa harap mo.

Tourniquet: Mahigpit na benda na tumutulong na kontrolin ang pagdurugo.

Traction: Ang pagkapit ng gulong sa daan.

Tradisyonal na intersection: Karaniwang intersection kung saan pa-right angle na nagsasalubong ang mga daan.

Trapiko: Mga sasakyang umaandar sa daan.

Understeer: Kapag hindi lumiko ang sasakyan gaya ng gusto ng driver.

Visibility: Kung gaano mo kalinaw na nakikita ang mga bagay sa paligid.

Visual na paghahanap: Paghahanap ng mga kasalukuyan o posibleng panganib nang mabuti.

VST (Vehicle Safety Technology, Pangkaligtasang Teknolohiya ng Sasakyan): Mga feature ng sasakyan na gumagamit ng mga sensor o camera para mag-intervene, magbigay-babala, o tulungan kang magmaneho nang ligtas.

Wala sa focus na pagmamaneho: Anumang bagay na nagpapawawala sa iyong focus sa pagmamaneho, gaya ng telepono mo o maraming ginagawa habang nagmamaneho.



ACCESSIBILITY AT MGA ACCOMMODATION

Magbibigay ang DOL ng mga makatuwirang accommodation kapag hiniling sa mga customer na kailangan ng mga iyon para ma-access ang aming mga pasilidad at serbisyo.

- Kung kakailanganin mo ng accomodation para i-access ang aming mga programa, pasilidad, o serbisyo, tumawag sa 360-902-3900 o kawani sa aming mga opisina sa pagbibigay ng lisensya sa komunidad na makakatulong sa iyo. Kung hindi ka makakuha ng accomodation o mayroon kang reklamo sa ADA, makipag-ugnayan sa aming Tagapamahala ng Reklamo ng ADA (ADA Compliance Manager) sa ada@dol.wa.gov.
- Kung kailangan mo ng tulong sa isang wika bukod sa Ingles, makipag-ugnayan sa aming team ng Access sa Wika (Language Access) sa languageaccess@dol.wa.gov.
- Kung naniniwala kang nadiskrimina ka sa pagtanggap ng mga serbisyo mula sa DOL, base sa iyong protektadong grupo gaya ng nakasaad sa Titulo VI ng Batas sa Karapatang Sibil ng 1964, mangyaring makipag-ugnayan sa aming Tagapangasiwa ng Reklamo sa Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Compliance Coordinator) sa CivilRtsCoord@dol.wa.gov.

DISCLAIMER

Ang Gabay sa Driver ng Estado ng Washington ay hindi legal na awtoridad at hindi nilalayong gamitin sa korte. Hindi puwedeng gamitin ang gabay bilang batayan sa mga legal na claim o pagkilos. Ang mga regulasyon sa trapiko sa mga lungsod, bayan, at bansa ay posibleng mas mahigpit sa mga batas ng estado, pero hindi dapat sumalungat ang mga ito. Kung interesado ka sa mga partikular na batas na nauugnay sa pagmomotorsiklo at pagbibigay ng lisensya sa driver, sumangguni sa Titulo 46 RCW (Revised Code of Washington, Binagong Kodigo ng Washington), Mga Sasakyan (Motor Vehicles).

Ginawa ang materyal sa gabay na ito para sa mga layunin sa edukasyon o pananaliksik. Maliban kung tutukuyin, naka-copyright na pag-aari ng Department of Licensing (DOL) ng Estado ng Washington ang lahat ng content. Ipinagbabawal nang walang nakasulat na pahintulot mula sa DOL ang komersyal o pampulitika na paggamit ng materyal na ito. Kung mayroon kang mungkahi o tanong ka tungkol sa impormasyon na ibinigay sa gabay na ito, o sitwasyong hindi nasakop, mangyaring mag-email sa tse@dol.wa.gov.

Pinoprotektahan ng Batas sa Copyright ng U.S. (U.S. Copyright Law) ang gawaing ito. Pag-aari ng Department of Licensing (DOL) ng Estado ng Washington ang copyright ng gawaing ito.

© Copyright 2025, Department of Licensing ng Estado ng Washington
Nakalaan ang lahat ng karapatan.